Direktang Primaryang Halalan sa Buong Estado ng California Martes Hunyo 5, 2018

Bukas Ang Mga Lugar ng Botohan Mula
7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Sertipiko ng Pagiging Tama

Ako, si Alex Padilla, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang mga panukalang isasama rito ay ihaharap sa mga manghahalal ng Estado ng California sa Primaryang Halalan na gaganapin sa buong Estado sa Hunyo 5, 2018, at na ang patnubay na ito ay wastong inihanda alinsunod sa batas. Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-12 ng Marso, 2018.

Alex Padilla, Kalihim ng Estado

BATAS NG MGA KARAPATAN NG
BOTANTE

KARAPATAN NINYO ANG MGA SUMUSUNOD:

1. **Ang karapatang bumoto kung kayo ay rehistradong botante.** Kayo ay kuwalipikadong bumoto kung:
   - isa kayong mamamayan ng U.S. na nakatira sa California
   - 18 taong gulang na kayo o higit pa
   - kayo ay rehistrado sa kung saan kayo kasalukuyang nakatira
   - sa kasalukuyan, hindi kayo nakapiit sa isang pang-estado o pederal na bilangguan o malaya sa bisa ng parol para sa pagkakahatol sa isang mabigat na kasalanan
   - hindi natukoy ng hukuman bilang walang kakayahan ang pag-iisip para sa pagboto sa kasalukuyan

2. **Ang karapatang bumoto kung isa kayong rehistradong botante kahit na wala ang pangalan ninyo sa listahan.** Boboto kayo gamit ang isang pansamantalang balota. Bibilangin ang inyong boto kung natukoy ng mga opisyal ng mga halalan na kwalipikado kayong bumoto.

3. **Ang karapatang bumoto kahit na nasa pila pa lang kayo noong nagsara ang mga botohan.**

4. **Ang karapatang magpatala ng lihim na balota** nang walang bumabagabag sa inyo o nagsasabi sa inyo kung paano bumoto.

5. **Ang karapatang makakuha ng bagong balota kung nagkamali kayo,** kung hindi pa ninyo naipapatala ang inyong balota. Maaari ninyong gawin ang sumusunod:
   Humiling ng bagong balota **sa isang opisyal ng mga halalan sa isang lugar na botohan**
   Papalitan ng bago ang inyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang opisyal ng halalan o sa inyong lugar na botohan, o
   Bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota.

6. **Ang karapatang kumuha ng tulong sa pagpapatala ng inyong balota** mula sa sinumang taong gusto ninyo, maliban sa inyong employer o kinatawan ng unyon.

7. **Ang karapatang ihulog ang inyong nasagutang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa anumang lugar na botohan** sa California.

8. **Ang karapatang kumuha ng mga materyal ng halalan sa ibang wika maliban sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa inyong pagbobotohang presinto na gumagamit ng parehong wikang ginagamit ninyo.

9. **Ang karapatang magtanong sa mga opisyal ng mga halalan tungkol sa mga pamamaraan ng halalan** at panoorin ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong pinagtanungan ninyo ang inyong mga tanong, dapat niyang iharap sa inyo ang tamang taong makakasagot sa tanong ninyo. Kung kayo ay nakakaantala, maaari silang huminto sa pagsagot sa inyo.

10. **Ang karapatang mag-ulat ng anumang ilegal o mapanlinlang na aktibidad sa halalan** sa isang opisyal ng mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
    - Sa web sa **www.sos.ca.gov**
    - Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 339-2957**
    - Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

KUNG NANINIWALA KAYONG HINDI SA INYO IBINIGAY ANG MGA KARAPATAN NINYONG ITO, TUMAWAG SA KUMPIDENSYAL NA LIBRENG HOTLINE PARA SA BOTANTE NG KALIHIM NG ESTADO SA **(800) 339-2957.**

TALAAN NG NILALAMAN

PAHINA

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY 5

MGA PANGANGATWIRAN

68 Pahihintulutan ang Pagpopondo ng Mga Bono sa Mga Parke, Proteksyon sa Mga Likas na Yaman, Pag-ayon sa Klima, Kalidad at Supply ng Tubig, at Proteksyon sa Baha. **8**

69 Nag-aatas na Gamitin Ang Ilang Partikular na Bagong Kita sa Transportasyon para sa Mga Layuning Pantransportasyon. Lehislatibong Amyenda sa Saligang-batas. **14**

70 Kinakailangan ang Boto ng Mayorya ng Lehislatura na Nag-aapruba sa Paggamit ng Nakareserbang Pondo sa Cap-And-Trade. Lehislatibong Amyenda sa Saligang-batas. **18**

71 Nagtatakda sa Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa para sa Mga Panukala sa Balota. Lehislatibong Amyenda sa Saligang-batas. **22**

72 Pinapahintulutan ang Lehislatura na Ibukod ang Mga Bagong Tayong Sistemang Pansalo ng Ulan sa Kinakailangang Muling Pagtatasa ng Buwis ng Ari-arian. Lehislatibong Amyenda sa Saligang-batas. **26**

PANGKALAHATANG-TANAW NG UTANG SA BONO NG ESTADO 30

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO 37

MGA PAHAYAG NG PARTIDONG PAMPULITIKA 86

IMPORMASYON NG BOTANTE

Batas ng Mga Karapatan ng Botante 2
Mga Nangungunang Tagaambag sa Mga Pambuong-estadong Kandidato at Panukala sa Balota 7
Hanapin ang Inyong Lugar na Botohan o maghanap ng Sentro ng Pagboto 7
Mga Halalan sa California 32
Ang Batas sa Pagpili ng Botante 33
Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato 34
Mga Opisina ng Halalan sa County 84
Mahalagang Paunawa tungkol sa Teksto ng Mga Iminumungkahing Batas 85
Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan 88
Mga Tip para sa Mga Botanteng Miyembro ng Militar at Nasa Ibang Bansa 89
Maglingkod bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Halalan 90
Tingnan Online ang Inyong Katayuan Bilang Botante 91
Paunang magparehistro sa edad na labing-anim. Bumoto sa edad na labingwalo 91
Impormasyon Ukol sa Araw ng Halalan 92
May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante 92
Pagpaparehistro ng Botante 93
Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante 93
Pansamantalang Pagboto 94
Mga Petsang Dapat Tandaan 95

Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado upang:

- Magsaliksik kaugnay ng mga ambag sa kampanya at aktibidad ng paglolobi *cal-access.sos.ca.gov* O *powersearch.sos.ca.gov/*
- Tingnan ang patnubay para sa botanteng ito sa iba pang wika *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Suriin ang inyong katayuan sa pagpaparehistro at impormasyon ng pagpaparehistro *voterstatus.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar na botohan o maghanap ng sentro ng pagboto sa Araw ng Halalan *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* O *voterstatus.sos.ca.gov*
- Kumuha ng impormasyon ukol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail/*
- Magbasa ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mga bagong botante *www.sos.ca.gov/elections/voting-california*
- Panoorin ang mga aktwal na resulta ng halalan pagkatapos magsara ng mga botohan sa Araw ng Halalan *vote.sos.ca.gov*
- Matuto tungkol sa mga kapana-panabik na pagpapahusay na mangyayari sa mga halalan sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento *VotersChoice.sos.ca.gov*

Kalihim ng Estado

Minamahal na Kapwa Mamamayan ng California,

Wala nang hihigit pa sa karapatang bumoto. Makakamit ang demokrasiya ng America kapag makikilahok ang bawat kwalipikadong botante. Sa pamamagitan ng pagboto, mapipili mo ang iyong mga pinuno sa lokal, estado, at bansa, at matitiyak na maririnig ang inyong boses. Ang Direktang Pangunahing halalan ng Buong Estado ay gaganapin sa Martes, Hunyo 5. Nalalapit na ang halalan. Hinihikayat ko kayong lumahok sa inyong pinakamahalagang karapatan bilang mamamayan ng United States of America.

"LNakasaad dito ang lahat ng impormasyon bilang inyong sanggunian. Matutulungan kayo ng Gabay na ito para sa Botante na gumawa ng matatalinong desisyon. Kabilang dito ang hindi kumpletong pagsusuri, mga pangangatuwirang panig at laban sa maraming panukala sa balota, ang Batas ng mga Karapatan ng Botante, iba pang mahalagang impormasyon. Makikita rin ang gabay na ito online sa website ng Kalihim ng Estado ng California: *www.VoterGuide.sos.ca.gov.*

Matitingnan ninyo ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante anumang oras sa pamamagitan ng pagbisita sa *VoterStatus.sos.ca.gov.* Maaari ninyong i-download ang aming app na VOTE CALIFORNIA sa inyong smartphone o tablet at tingnan ang mahalagang impormasyon tungkol sa halalan at hanapin ang pinakamalapit na lokasyon ng pagboto sa inyo. At, maaari kayong bumisita sa *PowerSearch.sos.ca.gov* kung gusto ninyong matuto pa tungkol sa kung sino ang nagpopondo sa bawat isang kandidato o panukala sa balota.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa kung paano bumoto, o kung paano magparehistro ng boto, maaari mong tawagan ang tanggapan ng Kalihim ng Estado sa toll free (800) 339-2957. Upang makuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng inyong mga lokal na opisyal ng halalan ng county, bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa: *www.sos.ca.gov/county-elections-offices.*

Salamat sa inyong paninindigan para sa kinabukasan ng ating estado at bansa. Ang Direktang Pangunahing Halalan ng Buong Estado ay gaganapin sa Martes, Hunyo 5. Mahalaga ang inyong boto. Ang inyong boto ang inyong boses. Magsalita. BUMOTO!

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROP 68 PAHIHINTULUTAN ANG PAGPOPONDO NG MGA BONO SA MGA PARKE, PROTEKSYON SA MGA LIKAS NA YAMAN, PAG-AYON SA KLIMA, KALIDAD AT SUPPLY NG TUBIG, AT PROTEKSYON SA BAHA.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Pahihintulutan ang $4 na bilyon sa mga bono para sa pangkalahatang obligasyon para sa: mga parke, proteksyon sa mga likas na yaman, pag-ayon sa klima, kalidad at supply ng tubig, at proteksyon sa baha. Epekto sa Pananalapi: Tumaas na mga gastusin sa muling pagbabayad sa bono ng estado na may average na humigit-kumulang $200 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 40 taon. Mga ipon ng lokal na pamahalaan para sa mga proyektong nauugnay sa mga likas na yaman, na malamang na may average na milyun-milyong dolyar taun-taon sa loob ng susunod na ilang dekada.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO A ng botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Maaaring magbenta ang estado ng $4.1 bilyon sa mga pangkalahatang obligasyong bono upang pondohan ang iba't ibang programang nauugnay sa natural na mapagkukunan gaya ng para sa konserbasyon ng tirahan, mga parke, at mga proyektong nauugnay sa tubig.

HIN DI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi makakapagbenta ang estado ng $4.1 bilyon sa mga pangkalahatang obligasyong bono para sa mga programang nauugnay sa mga natural na mapagkukunan.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang California ay humaharap sa mga tagtuyot, malalaking sunog, mga baha, at iba pang pagsubok sa ating patubig at mga natural na mapagkukunan. OO SA 68: Namumuhunan sa mga natural na mapagkukunan at pag-iwas sa sakuna, nililinis ang nakontaminang inuming tubig, pinaparami ang mga lokal na panustos ng tubig, nagbibigay ng mga ligtas na parke para sa mga bata at henerasyon sa hinaharap. Tinitiyak ng mga taunang pagsusuri ang pananagutan. Ang Amerikanong Kapisanan ng California sa Baga, Kamara de Komersiyo ng California, Konserbansya ng Kalikasan, ay sumasang-ayon: *www.YES68CA.com*

CON Narito ako hindi upang sabihin sa inyo na mali ang pagtugon sa tagtuyot, patubig, mga parke, klima, pagprotekta sa baybay-dagat, at panlabas na daanan. Mali ang pag-utang sa mga ito. Sapat na ang utang ng California. Ito ang may pinakamalalang talaan ng balanse sa lahat ng 50 estado. Hindi kailangan ng Estado ng California ng karagdagang utang!

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Ann Newton
Mga Mamamayan ng California para sa Malinis na Tubig at Mga Ligtas na Parke
12711 Ventura Blvd., Suite 170
Los Angeles, CA 91604
(818) 760-2121
anewton@fionahuttonassoc.com
www.YES68CA.com

LABAN

Lance Christensen
Senador ng Estado ng California
John MW Moorlach
Capitol Room 2048
Sacramento, CA 95814
(916) 651-4037
lance.christensen@sen.ca.gov
moorlach.ca.gov

PROP 69 NAG-AATAS NA GAMITIN ANG ILANG PARTIKULAR NA BAGONG KITA SA TRANSPORTASYON PARA SA MGA LAYUNING PANTRANSPORTASYON. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nag-aatas na gamitin lang ang ilang partikular na kitang nalikom sa pamamagitan ng batas sa pagpopondo ng transportasyon sa taong 2017 para sa mga layuning pantransportasyon at pangkalahatang nagbabawal sa Lehislatura na ilipat ang mga pondo sa iba pang layunin. Epekto sa Pananalapi: Walang direktang epekto sa halaga ng mga kita o gastusin ng estado at lokal na pamahalaan ngunit maaaring makaapekto sa paggastos ng ilang pera.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO A ng botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Aatasan ang Lehislatura sa ilalim ng Saligang-batas ng Estado na gastusin ang mga kita mula sa mga kamakailang ipinatupad na buwis sa gasolina at bayarin sa sasakyan sa mga layuning pangtransportasyon (gaya ng mga pag-aayos ng kalye at pagpapahusay sa paghahatid).

HIN DI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi mababago ng Lehislatura sa hinaharap ang kasalukuyang batas, na nagbibigay-daan ditong gumastos ng bahagi ng mga kita mula sa mga kamakailang ipinatupad na buwis sa gasolina at bayarin sa sasakyan sa iba pang layunin maliban sa transportasyon.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ginagarantiya ng Prop. 69 na gagamitin ang mga buwis sa transportasyon para LANG sa mga proyekto sa pagpapahusay ng transportasyon. Pinipigilan nito ang lehislatura na ilaan ang mga pondong ito para sa mga layuning hindi para sa transportasyon. Pinoprotektahan ng Prop. 69 ang mga nagbabayad ng buwis. HINDI nito papataasin ang mga buwis. Sinusuportahan ng Liga ng mga Kababaihang Botante sa California, Kamara de Komersiyo ng California, California NAACP, Kongreso ng mga Nakatatanda ng California.

CON Ang mga napakong pangako ng Sacramento ay nagresulta sa isang luma, hindi napapanahon, at masikip na sistema ng transportasyon sa buong California. Pinoprotektahan ng Proposisyon 69 ang pera sa transportasyon na hindi gagamitin sa pagkukumpuni o paggawa ng anumang bagong kalsada. Bigo ang Proposisyon 69 na protektahan ang higit sa $1 Bilyon sa mga kita sa buwis sa gasolina. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 69.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Koalisyong Nagpoprotekta sa Mga Pagpapahusay sa Lokal na Transportasyon
(866) 285-9833
info@YesProp69.com
YesProp69.com

LABAN

Katie Masingale
Asembleya ng Estado ng California, Opisina ng Miyembro ng Asembleya
Frank Bigelow
California State Capitol, Suite 4158
Sacramento, CA 95814
(916) 319-2005
Katie.Masingale@asm.ca.gov
ASM.CA.GOV/Bigelow

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROP 70 — KINAKAILANGAN ANG BOTO NG MAYORYA NG LEHISLATURA NA NAG-AAPRUBA SA PAGGAMIT NG NAKARESERBANG PONDO SA CAP-AND-TRADE. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

BUOD — *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Simula 2024, aatasang pagsama-samahin ang mga kita sa cap-and-trade sa isang nakareserbang pondo hanggang pahintulutan ng Lehislatura, ayon sa dalawang-katlo ng kabuuan, ang paggamit sa mga kita. Epekto sa Pananalapi: Simula 2024, maaaring pansamantalang tumaas ang kita sa buwis sa mga pagbebenta ng estado, na mula sa wala ay magiging ilang daang milyong dolyar taun-taon, at posibleng magkaroon ng mga pagbabago sa paggasta ng paggastos sa kita mula sa pagbebenta ng mga permit sa greenhouse gas emission.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Simula sa Enero 1, 2024, ang kitang malilikom sa pagbebenta ng estado sa mga permiso sa emisyon ng greenhouse gas ay idedeposito sa isang bagong espesyal na pondo. Magpapatuloy ang mga pagdedepositong ito hanggang sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang batas na gagastos sa pera mula sa pondong iyon, na maipapasa sa pamamagitan ng dalawang-katlo ng boto ng bawat kapulungan ng Lehislatura. Ang kasalukuyang pagbubukod sa buwis sa mga pagbebenta ng estado para sa pagmamanupaktura at iba pang partikular na kagamitan ay sususpindehin sa loob ng parehong panahon kung kailan idineposito sa isang espesyal na pondo ang kita sa pagsubasta.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugan na: patuloy na maaawtorisahan ng Lehislatura ang paggastos sa kita ng estado na nalikom mula sa pagbebenta ng mga permiso sa emisyon ng greenhouse gas kapag may boto ng mayorya. Ang kasalukuyang pagbubukod sa buwis sa mga pagbebenta ng estado para sa pagmamanupaktura at iba pang partikular na kagamitan ay mananatili hanggang sa Hulyo 1, 2030.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Ang Proposisyon 70 ay SINUSUPORTAHAN NG MGA DEMOKRATIKO AT MGA REPUBLIKANO, MANGGAGAWA, NEGOSYO; AT MGA MAGSASAKA na gustong protektahan ang ating kalikasan at palaguin ang ating ekonomiya. Ang pagpupwersa ng dalawang-katlong boto ng lehislatibo ay nagtitiyak na GAGASTUSIN ANG PERA SA MATALINONG PARAAN PARA SA MGA PROGRAMANG MAY MATAAS NA PRIYORIDAD *NA MAPAPAKINABANGAN NG LAHAT NG MAMAMAYAN NG CALIFORNIA* AT NA *HINDI* ITO MAILALAAN PARA SA MGA PINAPABORANG PROYEKTO. *www.YesOnProposition70.com*

CON Nagmula ang Proposisyon 70 sa isang pagsisikap na sinusuportahan ng industriya ng langis upang mapigilan ang premyadong programa ng estado na sugpuin ang nakakasamang polusyon sa hangin at pagbabago ng klima. Ito ay lalong makakapagpabagal sa lehislatibong proseso, makakasama sa pampublikong kalusugan, at magbibigay-lakas sa mga espesyal na interes na laban sa kalikasan. Tinututulan ng 35 organisasyong pangkalikasan at ng Liga ng Mga Kababaihang Botante sa California ang Proposisyon 70.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
Oo sa Proposisyon 70
Info@YesonProposition70.com
www.YesOnProposition70.com

LABAN
info@stopprop70.org
www.stopprop70.org

PROP 71 — NAGTATAKDA SA PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA PARA SA MGA PANUKALA SA BALOTA. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

BUOD — *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Nagsasaad na ang panukala sa balotang inaprubahan ng mayorya ng mga botante ay magkakabisa limang araw pagkatapos patunayan ng Kalihim ng Estado ang mga resulta ng halalan. Epekto sa Pananalapi: Posibleng magkaroon ng maliit o walang epekto sa mga pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Karamihan sa mga panukala sa balota ng estado (na tinatawag ding mga proposisyon) ay magkakabisa pagkatapos mabilang at masertipikahan ang pambuong-estadong boto—humigit-kumulang anim na linggo pagkatapos ng Araw ng Halalan.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Karamihan sa mga panukala sa balota ng estado ay patuloy na magkakabisa hanggang sa Araw ng Halalan.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Pipigilan ng Proposisyon 71 ang pagkalito sa mga petsa ng pagpapatupad para sa mga panukala sa balota sa mga halalan sa hinaharap. Sa kasalukuyan, nagkakabisa ang mga panukala sa araw pagkatapos ng halalan, maliban na lang kung may ibang tinukoy. Ang Proposisyon 71 ay magbibigay ng malinaw na punto kaugnay ng kung saan magiging epektibo ang mga panukala, na mag-aalis sa pagkalito kapag hindi pa nasesertipikahan ang mga resulta ng halalan.

CON Bagama't tiyak na may mabuting layunin, hindi kinakailangan ang Proposisyon 71 at pipigilan nito ang mga panukala sa balota sa hinaharap na (retroaktibong) magkabisa *"sa araw pagkalipas ng halalan"* na kasalukuyang pinapahintulutan ng Saligang-batas ng California. Kung minsan, mahalagang ilapat sa lalong madaling panahon ang mga pagbabago sa batas na ginawa ng mga botante.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG
Kevin Mullin
Asembleya ng Estado ng CA
Pansamantalang Tagapagsalita
Rm. 3160 CA State Capitol
Sacramento, CA 95814
(916) 319-2022
Kevin.Mullin@asm.ca.gov

LABAN
Gary Wesley
gary.wesley@yahoo.com

MAIKLING SANGGUNIANG PATNUBAY

PROP 72 **PINAPAHINTULUTAN ANG LEHISLATURA NA IBUKOD ANG MGA BAGONG TAYONG SISTEMA NA PANSALO NG ULAN SA KINAKAILANGANG MULING PAGTATASA NG BUWIS NG ARI-ARIAN. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.**

BUOD *Inilagay sa Balota ng Lehislatura*

Pinapahintulutan ang Lehislatura na payagan ang konstruksiyon ng mga sistema na pansalo ng ulan, na makukumpleto sa o pagkalipas ng Enero 1, 2019, nang hindi kinakailangan ang muling pagtatasa ng buwis ng ari-arian. Epekto sa Pananalapi: Malamang ay maliit na bawas sa mga kita sa taunang pagbubuwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan.

ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

OO Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pagkakabit ng sistema para sa pagkolekta at pag-iipon ng tubig-ulan sa isang ari-arian ay *hindi* maaaring magresulta sa mas mataas na bayarin sa buwis sa ari-rian.

HINDI Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang pagkakabit ng sistema sa pagkolekta at pag-iipon ng tubig-ulan sa isang ari-arian ay maaaring magresulta sa mas mataas na bayarin sa buwis sa ari-arian.

MGA PANGANGATWIRAN

PRO Pipigilan ng proposisyon 72 ang pagtaas ng buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng tahanan na nagkakabit ng mga sistema sa pag-recycle ng tubig-ulan na napapakinabangan ng ating buong estado. Kapag inalis ang parusa sa buwis na ito, makakapagtipid tayo ng mahalagang inuming tubig; makakatulong sa isda at ligaw na buhay; mapapababa ang mga bayarin sa tubig. Hindi dapat magbayad ng parusa sa buwis ang mga tao para sa pagtitipid ng tubig. Oo sa Proposisyon 72.

CON Walang pangangatwirang isinumite laban sa Proposisyon 72.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

PANIG

Steven Glazer
Senado ng Estado ng California
21C Orinda Wy. #111
Orinda, CA 94563
Steven@SaveCaWater.org
SaveCaWater.org

LABAN

Walang ibinigay na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Mga Nangungunang Tagaambag sa Mga Pambuong-estadong Kandidato at Panukala sa Balota

Kapag sinuportahan o tinutulan ng isang komite (isang tao o grupo ng mga taong tumatanggap o gumagastos ng pera para sa layunin ng pag-impluwensiya sa mga botante na sumuporta o tumutol sa mga kandidato o mga panukala sa balota) ang isang panukala sa balota o kandidato at nakalikom ng hindi bababa sa $1 milyon, dapat iulat ng komite ang nangungunang 10 tagaambag nito sa Komisyon sa mga Makatarungan na Palakarang Pampulitika ng California (California Fair Political Practices Commission o FPPC). Dapat isapanahon ng komite ang listahan ng nangungunang 10 nito kapag may anumang pagbabago.

Makikita ang mga listahang ito sa website ng FPPC sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html*

Hanapin ang Inyong Lugar na Botohan o Maghanap ng Sentro ng Pagboto

Ang mga lugar na botohan at sentro ng pagboto ay itinatakda ng mga opisyal ng halalan ng county. Hanapin ang address ng inyong lugar na botohan o maghanap ng mga lokasyon ng sentro ng pagboto sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county na natanggap ninyo sa pamamagitan ng koreo ilang linggo bago ang Araw ng Halalan.

Maaari din ninyong bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado sa *voterstatus.sos.ca.gov* o *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* o tumawag sa libreng Hotline Para sa Botante sa (800) 339-2957.

Maaari din kayong mag-text ng *Vote* sa GOVOTE (468683) upang hanapin ang lokasyon ng inyong lugar na botohan. O maaari ninyong i-download ang mobile app na Vote California sa mga iOS o Android store.

Kung nakatira kayo sa mga county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, o Sacramento, maaari kayong bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Bisitahin ang *VotersChoice.sos.ca.gov* o tingnan ang pahina 33 ng patnubay na ito para sa higit pang impormasyon.

Batas ng Mga Karapatan ng Botante

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa pagboto, tingnan ang pahina 2 ng patnubay na ito.

PROPOSISYON

68 PAHIHINTULUTAN ANG PAGPOPONDO NG MGA BONO SA MGA PARKE, PROTEKSYON SA MGA LIKAS NA YAMAN, PAG-AYON SA KLIMA, KALIDAD AT SUPPLY NG TUBIG, AT PROTEKSYON SA BAHA.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov/.*

- Pahihintulutan ang $4 na bilyon sa mga bono para sa pangkalahatang obligasyong para sa: paggawa at rehabilitasyon ng mga parke ng estado lokal na parke, mga proyekto para sa proteksyon ng mga likas na yaman, mga proyekto para sa pag-ayon sa klima, mga proyekto para sa kalidad at supply ng tubig, at mga proyekto para sa proteksyon sa baha.
- Muling maglalaan ng $100 milyon ng awtoridad ng hindi nagamit na bono mula sa mga naunang batas sa bono para sa mga parehong layunin.
- Maglalaan ng mga pera mula sa Pangkalahatang Pondo upang mabayaran ang mga bono.
- Mag-aatas ng mga pondong hindi manggagaling sa estado para sa ilang partikular na proyekto at isasapriyoridad ang mahihirap na komunidad para sa ilang partikular na proyekto.
- Mag-aatas ng mga taunang pag-audit.

BUOD NG PAGTATANTIYA NG LEGISLATIVE ANALYST SA EPEKTO SA NETONG PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Tumaas na mga gastusin sa muling pagbabayad sa bono ng estado na may average na humigit-kumulang $200 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 40 taon.
- Mga ipon sa mga lokal na pamahalaan, na malamang na may average na milyun-milyong dolyar taun-taon sa loob ng susunod na ilang dekada.

Mga Tantiya ng Gastusin sa Bono ng Estado	
Pinahintulutang bagong paghiram	$4.0 bilyon
Average na taunang gastos upang mabayaran ang mga bono	$200 milyon
Tinatayang panahon ng muling pagbabayad	40 taon
Mapagkukunan ng pambayad	Mga pangkalahatang kita sa buwis

MGA PANGWAKAS NA BOTONG IBINIGAY NG LEHISLATURA SA SB 5 (PROPOSISYON 68)
(KABANATA 852, MGA BATAS NG 2017)

Senado:	Mga Oo 27	Mga Hindi 9
Asembleya:	Mga Oo 56	Mga Hindi 21

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Paggastos ng Estado sa Mga Programa sa Mga Natural na Mapagkukunan. Nagpapatakbo ang estado ng iba't ibang programa upang protektahan ang kapaligiran, konserbahin ang mga natural na mapagkukunan, magbigay ng proteksiyon sa baha, pahusayin ang kalidad ng tubig, at mag-alok ng mga pagkakataon sa paglilibang para sa publiko. Nagkakaloob din ang estado ng mga gawad at pautang sa mga lokal na pamahalaan, sa mga hindi pangkalakalang grupo, at iba pang organisasyon para sa mga parehong layunin. Sa mga nakaraang taon, gumastos ang estado ng humigit-kumulang $5 bilyon sa bawat taon upang suportahan ang mga ganitong uri ng mga programa. Pangunahing umaasa ang estado sa magkakasamang mga pangkalahatang obligasyong (GO) bono, kita mula sa bayarin, at sa Pangkalahatang Pondo ng estado upang suportahan ang mga programang ito. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing gumaganang account ng estado, na nagbabayad para sa edukasyon, mga kulungan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo.)

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

Sumusuporta sa iba't ibang layunin ang mga programa sa mga natural na mapagkukunan ng pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan, at kabilang dito ang:

- ***Konserbasyon ng Natural na Mapagkukunan.*** Nagkakaloob ang estado ng mga pondo upang bumili, magprotekta, at magpaunlad ng mga likas na lugar—kabilang ang mga ilang at kaparangan; kagubatan; tirahan ng maiilap na hayop-gubat; ilog, lawa, at batis; at mga tirahan sa baybayin. Ang mga programa ng konserbasyon ng estado ay kadalasang pinangangasiwaan ng mga konserbansya ng estado at iba pang kagawaran. Ang mga programang ito ay kadalasang nagkakaloob ng mga gawad sa lokal na pamahalaan o iba pang organisasyon na nagpapatupad ng mga proyekto.
- ***Mga Parke ng Estado at Lokal na Parke.*** Ang estado ang namamahala sa sistema ng parke ng estado, na mayroong 280 parke. Dagdag rito, nagkakaloob ang estado ng mga pondo sa mga lokal na pamahalaan upang bumili at mangalaga ng mga lokal at pangrehiyong parke, daanan, at iba pang lugar na panlibangan.
- ***Proteksiyon sa Baha.*** Pinopondohan ng estado ang paggawa at pag-aayos ng mga proyekto para sa proteksiyon sa baha bilang bahagi ng sistema sa pamamahala ng baha ng Central Valley ng estado. Kasama rito ang pag-aayos at pagpapatibay ng mga prinsa at proyektong idinisenyo upang ilihis ang tubig palayo sa matataong lugar kapag may malalakas na bagyo. Nagkakaloob din ang estado ng mga pondo sa mga lokal na pamahalaan upang tapusin ang mga katulad na uri ng mga proyekto sa buong estado.
- ***Ligtas na Inuming Tubig.*** Nagpapautang at naggagawad ang estado para sa mga lokal na proyektong idinisenyo upang pahusayin ang kakayahang makakuha ng malinis na inuming tubig. Kabilang dito ang mga proyekto upang maglagay ng kagamitan na nag-aalis ng mga nakakasama sa kalusugang kontaminante mula sa mga lokal na supply ng tubig.
- ***Iba Pang Proyektong Nauugnay sa Tubig.*** Nagkakaloob ang estado ng mga pondo para sa iba't iba pang proyekto sa buong estado na nagpapahusay sa kalidad ng tubig o sa pagkamaaasahan ng mga supply ng tubig. Halimbawa, nagpapautang at naggagawad ang estado sa mga lokal na ahensya upang gumawa ng proyekto sa pag-recycle at muling paggamit ng tubig, mag-imbak ng mas maraming tubig sa ilalim ng lupa (tinatawag na “pag-iipong muli ng tubig-bukal”), at maglinis ng mga nasalaulang tubig-bukal.

Nakaraang Pagpopondo ng Bono para sa Mga Programa sa Mga Natural na Mapagkukunan. Mula 2000, pinahintulutan ng mga botante ang humigit-kumulang $27 bilyon sa mga GO na bono sa mga halalan sa buong estado upang pondohan ang iba't ibang proyekto sa mga natural na mapagkukunan. Sa halagang ito, nasa humigit-kumulang $9 na bilyon ang natirang maaaring gamitin para sa mga bagong proyekto mula noong Hunyo 2017. (Karamihan sa mga pondo ng bono na natitira para magamit ay mga pondo para sa mga layuning nauugnay sa tubig na pinahintulutan ng Proposisyon 1, na inaprubahan noong 2014.) Binabayaran ng estado ang mga GO na bono sa paglipas ng panahon, nang may kasamang interes, gamit ang Pangkalahatang Pondo ng estado. (Para sa higit pang impormasyon kung paano ginagamit ang mga bono at kung paano makakaapekto ang iminumungkahing bonong ito sa badyet ng estado, tingnan ang “Pangkalahatang-tanaw ng Utang sa Bono ng Estado” sa patnubay na ito sa ibang pagkakataon.)

MUNGKAHI

$4.1 Bilyong GO na Bono para sa Mga Programa sa Mga Natural na Mapagkukunan. Pinapayagan ng proposisyong ito na magbenta ang estado ng kabuuang $4.1 bilyon sa mga GO na bono para sa iba't ibang programang nauugnay sa mga natural na mapagkukunan. Kabilang sa kabuuang ito ang $4 na bilyon sa mga bagong bono. Kasama rin dito ang muling pagtatalaga ng $100 milyon sa mga hindi naibentang bono na inaprubahan ng mga botante sa nakaraan para sa mga partikular na paggamit sa mga natural na mapagkukunan.

Mga Partikular na Layunin ng Mga Pondo ng Bono. Nagkakaloob ang proposisyong ito ng pagpopondo para sa iba't ibang kagarawan ng pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

Pigura 1

Mga Paggamit ng Mga Pondo ng Bono ng Proposisyon 68

(Sa Mga Milyon)

Konserbasyon at Pagkaresiliyente ng Likas na Yaman	**$1,547**
Mga konserbansya ng estado at konserbasyon ng maiilap na hayop-gubat	767
Pagiging handa sa klima at pagkaresiliyente ng tirahan	443
Pagproteksyon ng karagatan at baybayin	175
Mga pagpapaunlad ng ilog at daluyan ng tubig	162
Mga Parke at Libangan	**$1,283**
Mga parke sa mga kapitbahayan na may kaunting parke	725
Mga lokal at pangrehiyong parke	285
Pagpapaganda, pagpapanatili, at proteksiyon ng parke ng estado	218
Mga daanan, madamong daanan, at libangan sa probinsya	55
Tubig	**$1,270**
Proteksiyon sa baha	550
Muling pag-iipon at paglilinis ng tubig-bukal	370
Ligtas na inuming tubig	250
Pag-recycle ng tubig	100
Kabuuan	**$4,100**

upang gamitin para sa mga partikular na layuning nauugnay sa mga natural na mapagkukunan, na nakabuod sa Pigura 1. Kasama rito ang $1.5 bilyon para sa iba't ibang programa na pangkalahatang nilalayong makonserba ang mga natural na tirahan; paunlarin ang baybayin, ilog, at iba pang ekosistema; at dagdagan ang pagkaresiliyente ng kapaligiran upang magiging matatag sa mga epekto ng pagbabago ng klima (gaya ng pagtaas ng antas ng dagat at mas madalas na tagtuyot at mga pagkasunog ng gubat). Nagkakaloob din ang bono ng $1.3 bilyon para sa mga parke at proyektong panlibangan, karamihan sa mga ito ay gagamitin upang magpatayo o magpaganda ng mga lokal na parke. Panghuli, nagkakaloob ang bono ng $1.3 bilyon para sa iba't ibang proyektong nauugnay sa tubig, kabilang ang pagdaragdag ng proteksiyon sa baha, muling pag-iipon at paglilinis ng tubig-bukal, at paghahatid ng ligtas na inuming tubig.

Mga Probisyong Pampangasiwaan. Kasama sa proposisyong ito ang ilang proposisyong idinisenyo upang makontrol kung paano ginagamit at pinangangasiwaan ng mga ahensya ng estado ang mga pondo ng bono. Iniaatas ng proposisyon ang regular na pag-uulat sa publiko ng tungkol sa kung paano ginastos ang mga pondo ng bono, at pinahihintulutan din nito ang mga pagsusuri ng pananalapi ng mga ahensya sa pangangasiwa ng estado. Dagdag rito, para sa ilang programang pinondohan ng bonong ito, ang mga tumatanggap—karamihan ay mga lokal na pamahalaan—ay magiging kwalipikado lang na tumanggap ng pagpopondo kung magbibigay sila ng ilang pondo upang suportahan ang mga proyekto. Ang lokal na kinakailangang bahagi sa gastos na ito, kung saan ito naaangkop, ay hindi bababa sa 20 porsyento ng iginawad na pagpopondo ng bono. Bilang halimbawa, ang isang lungsod na tatanggap ng gawad na $100,000 upang magpagawa ng bagong daanan sa parke ay kakailanganing magbigay ng hindi bababa sa $20,000 para sa proyekto.

Kasama rin sa proposisyon ang ilang probisyong idinisenyo upang tulungan ang “mahihirap na komunidad” at mga napakahirap na komunidad (sa pangkalahatan ay mga komunidad na may mababababang average na kita). Halimbawa, ang lokal na kinakailangang bahagi sa gastos ay hindi ilalapat sa karamihan ng mga gawad na ipinagkaloob sa mga komunidad na ito. Dagdag dito, iniaatas ng proposisyon na sa bawat tinukoy na paggagamitan ng bono, dapat ay makinabang ang mga napakahirap na komunidad mula sa hindi bababang 15 porsyento ng mga pondo.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Gastos sa Bono ng Estado. Papahintulutan ng proposisyong ito ang estado na humiram ng $4 na bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga karagdagang GO na bono sa mga mamumuhunan, na ibabalik nang may interes gamit ang mga kita sa buwis ng Pangkalahatang Pondo ng estado. Ang gagastusin ng estado sa

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

pagbabalik ng bayad sa mga bagong bonong ito ay depende sa iba't ibang batayan—gaya ng mga antas ng interes na ipinatupad sa oras na ibinenta ang mga ito, ang oras ng mga pagbebenta ng bono, at ang tagal ng panahon kung kailan ibabalik ang bayad sa mga ito. Tinataya namin na ang magiging gastos ng mga nagbabayad ng buwis upang maibalik ang bayad sa bonong ito ay aabot sa kabuuang $7.8 bilyon para mabayaran ang parehong prinsipal ($4.0 na bilyon) at interes ($3.8 bilyon). Magreresulta ito sa mga average na gastos sa pagbabalik ng bayad na **humigit-kumulang $200 milyon taun-taon sa loob ng susunod na 40 taon**. Ang halagang ito ay humigit-kumulang isang ikalima ng porsyento ng kasalukuyang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

Mga Lokal na Gastos at Mga Ipon upang Matapos ang Mga Proyekto. Karamihan ng pagpopondo ng bono ay gagamitin para sa mga proyekto ng lokal na pamahalaan. Ang pagkakaloob ng mga pondo ng bono ng estado para sa mga lokal na proyekto ay makakaapekto sa kung magkano ang magagastos sa mga proyektong ito mula sa lokal na pagpopondo. Sa maraming sitwasyon, nababawasan ang lokal na paggastos dahil sa pagkakaroon ng mga magagamit na bono ng estado. Halimbawa, mangyayari ito sa mga sitwasyon kung saan nagiging pamalit ang mga pondo ng bono ng estado sa mga perang gagastusin dapat ng mga lokal na pamahalaan sa mga proyekto.

Gayunpaman, may ilang sitwasyon na napapataas ang kabuuang paggastos sa mga proyekto ng mga lokal na pamahalaan dahil sa mga pondo ng bono ng estado. Halimbawa, ang pagkakaroon ng mga magagamit na pondo ng bono ay maaaring maghikayat sa ilang lokal na pamahalaan na magpagawa ng mga karagdagan o higit na mas malalaking proyekto kaysa sa dapat na gagawin nila. Para sa ilan sa mga proyektong ito—gaya na lang kapag kinakailangan sa bono ang lokal na bahagi sa gastos—sasagutin ng mga lokal na pamahalaan ang ilan sa mga karagdagang gastos. Sa pangkalahatan, tinataya namin na magreresulta ang proposisyong ito sa pagkakaroon ng mga ipon ng lokal na pamahalaan upang matapos ang mga proyektong pinopondohan ng bonong ito. Ang mga ipong ito ay maaaring umabot sa average na milyun-milyong dolyar taun-taon sa susunod na ilang dekada. Ang eksaktong halaga ay mag-iiba batay sa mga partikular na proyektong ginawa ng mga lokal na pamahalaan, magkano ang lokal ng pagbabahagi ng gastos na iniaatas ng mga ahensya ng estado, at ang halaga ng mga karagdagang pagpopondo na ipagkakaloob ng mga lokal na pamahalaan upang suportahan ang mga proyekto.

Ibang Mga Epekto sa Pananalapi ng Estado at Lokal. Maaaring magkaroon ng iba pang epekto sa pananalapi ng estado at lokal sa ilalim ng bonong ito. Halimbawa, maaaring mapataas ang mga gastos upang mapatakbo at mamentena ang mga bagong gawang parke. Sa kabilang banda, may ilang proyekto na maaaring magbawas ng mga gastos sa hinaharap, gaya ng mga pag-aayos ng prinsa na nakakabawas sa pinsala ng pagbaha sa hinaharap. Hindi alam ang halaga ng mga posibleng epekto sa pananalaping ito ngunit maaaring maging malaking halaga ito.

Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/jun-18-primary.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto mo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kang mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at libreng magpapadala sa iyo ng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON
68
PAHIHINTULUTAN ANG PAGPOPONDO NG MGA BONO SA MGA PARKE, PROTEKSYON SA MGA LIKAS NA YAMAN, PAG-AYON SA KLIMA, KALIDAD AT SUPPLY NG TUBIG, AT PROTEKSYON SA BAHA.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 68 ★

OO sa 68—NAGTITIYAK SA LIGTAS NA INUMING TUBIG AT NAGPOPROTEKTA SAMGA LIKAS NA YAMAN NG CALIFORNIA SA ILANG PARTIKULAR NA PANAHON

Humaharap ang California sa mga mas madalas at mas matinding tagtuyot, sunog sa kagubatan, hindi ligtas na hangin, hindi matantyang panahon, at bumababang pederal na pondo at suporta para sa ating lupain, baybay-dagat, at tubig.

Ang OO sa 68 ay nagpoprotekta sa mga natatanging mapagkukunan ng California at tumutulong sa pagtiyak na ang lahat ng Californian ay makakagamit ng malinis at ligtas na tubig at mga parke.

NAGPOPROTEKTA SA KALIDAD NG INUMING TUBIG

Ang OO sa 68 ay nagpoprotekta at nagpapahusay sa kalidad ng tubig sa California sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkakaroon ng mga nakakalasong kemikal na nagdudulot ng polusyon sa ating mga pinagkukunan ng tubig at paglilinis ng mga kontaminadong tubig.

NAGTITIYAK SA KALINISAN AT KALIGTASAN NG MGA SUPPLY NG TUBIG. NAGHAHANDA PARA SA MGA TAGTUYOT

Matalino at mahusay na paraan ang Prop. 68 sa pagtiyak na ang mga supply ng tubig sa hinaharap ay: • Nagpapanumbalik ng mga supply ng tubig mula sa ilalim ng lupa, na lubos na natuyo noong huling tagtuyot • Nakakapag-recycle ng mas maraming lokal na tubig at nakakatulong sa mga magsasaka na magtipid ng tubig • Nag-iipon ng tubig mula sa tubig-ulan at nakakapigil sa pagbaha

“Ang OO sa 68 ay matalinong pamumuhunan sa hinaharap ng California sa pamamagitan ng pagprotekta sa mga supply ng ating tubig mula sa polusyon at pagtulong sa mga lokal na komunidad na makaangkop sa mga alanganing panahon. Mahalaga ang mga pamumuhunan na ito sa mga residente ngayon at henerasyon sa hinaharap,” *Tim Quinn, Kapisanan ng mga Ahensiya sa Tubig ng California.*

NAGHAHATID NG MALINIS AT LIGTAS NG INUMING TUBIG AT MGA PARKE SA MGA NANGANGAILANGANG KOMUNIDAD

May ilang komunidad sa California na sobrang kontaminado ang tubig, na hindi magawa ng mga residenteng uminom mula sa gripo sa mga sarili nilang bahay. Sa maraming lugar, maraming pamilya ang hindi nakakapunta sa mga ligtas na lokal na parke.

Ang OO sa 68 ay maglilinis sa mga supply ng tubig na matindi ang pagkakontamina at magpapatuloy sa matagal nang nakabinbing pamumuhunan sa mga lokal na parke kung saan pinakakailangan ang mga ito.

“Ang lahat ng bata ay dapat magkaroon ng mga ligtas na lugar upang makapaglaro at magkaroon ng malinis na hangin at tubig. OO sa 68.” *Dr. Richard Jackson, M.D., Propesor Emeritus, Paaralang Fielding ng Pampublikong Kalusugan ng UCLA.*

NAGLILIGTAS SA ATING MGA ILOG, LAWA, AT BATIS

Ang OO sa 68 ay nagpoprotekta sa mga ilog, lawa, batis, at likas na lugar na mahalagang pinagkukunan ng ating malilinis na inuming tubig at magagandang lugar kung san namumundok, nagka-camp, nakakapaglangoy, at naglalaro ang mga pamilya.

NAGPOPROTEKTA SA ATING BAYBAY-DAGAT, MGA LIKAS NA YAMAN AT MGA PARKE

Ang OO sa 68 ay tumutulong sa pagprotekta ng kalidad ng hangin at pagpreserba sa pinakainiingatang mapagkukunan ng California para sa mga henerasyon sa hinaharap: • Nagpapanumbalik sa mga likas na lugar; nagpapatupad ng mahahalagang hakbang sa pagpigil sa sunog sa kagubatan • Nagpipigil sa pagkakaroon ng polusyon sa hangin na dulot ng nakakalasong kemikal • Nagpapahusay sa paggamit ng ating mga baybay-dagat; nagpoprotekta sa baybayin, bay at mga baybay-dagat mula sa polusyon • Nagpapanumbalik sa mga tirahan ng mga isda at ligaw na buhay sa California • Nagbibigay sa mga parke ng kapitbahayan, lalo sa ang mga komunidad kung saan walang ganito ang mga bata sa kasalukuyan

MAHIGPIT NA PANANAGUTAN AT PAGBABANTAY

Ang OO sa 68 ay nagtitiyak na mahusay na magagamit ang mga pondo para sa mga layunin dito sa pamamagitan ng pag-aatas ng taunang independiyenteng pagsusuri at pagbuo ng komite ng mamamayang nagpapayo upang suriin ang mga paggasta.

MALAWAK AT BIPARTISAN NA SUPORTA

Nailagay ang Prop. 68 sa balota sa pamamagitan ng bipartisan na suporta, at ineendorso ito ng mga pangkat na nakakaunawa sa kahalagahan ng botong OO upang mapahusay ang pampublikong kaligtasan at maprotektahan ang malinis na tubig ng California para sa ating kalusugan, ekonomiya, mga kabataan at pamilya.

Kabila sa mga tagasuporta ang: • Kamara de Komersiyo ng California, ang pinakatanyag na pangkat sa pagnenegosyo sa California • Kapisanan ng mga Ahensiya sa Tubig ng California, kumakatawan sa mga lokal na ahensiya na nagbibigay ng inuming tubig ng California • Liga ng Mga Lunsod ng California, kumakatawan sa mga lokal na pamahalaan • Ang Konserbansiya ng Kalikasan, Ang Katiwala para sa Pampublikong Lupain, Pundasyon ng Mga Parke ng Estado ng California, at ilang pangkat sa konserbansiya

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 68

Matuto pa sa *www.yes68ca.com*

SENATOR KEVIN DE LEÓN

Pansamantalang Presidente ng Senado ng Estado ng California

DR. MICHAEL ONG, M.D.

Amerikanong Kapisanan ng California sa Baga

DAN HOWELLS-SCHAFROTH, Direktor ng Pagkilos para sa Malinis na Tubig ng Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 68 ★

Maaari ba kaming magbahagi sa inyo ng nakakalungkot na impormasyon? Sa lahat ng 50 estado sa bansa, California ang may pinakamalaking neto ng kakulangan na hindi pinaghihigpitan!

Narito ang mga ranggo ng labin-isang estado na hindi pinakanapamamahalaan nang maayos at ang neto ng kakulangan na hindi pinaghihigpitan ng mga ito para sa pagtatapos ng taong 2016 (Hindi natapos ang Hunyo 30, 2017 na nasuring pahayag sa pananalapi ng California bago ang paghahanda ng ulat na ito sa kalagitnaan ng Pebrero):

1.	California	$169 bilyon
2.	Illinois	150 bilyon
3.	New Jersey	137 bilyon
4.	Massachusetts	59 bilyon
5.	Connecticut	51 bilyon
6.	New York	41 bilyon
7.	Kentucky	38 bilyon
8.	Maryland	26 bilyon
9.	Texas	20 bilyon
10.	Pennsylvania	19 bilyon
11.	Louisiana	12 bilyon

Gusto ba talaga ninyong madagdagan ang pasakit sa utang ng estadong ito? Alam ba ba ninyong ang taunang pagbabayad para sa prinsipal at interes sa bonong ito ay magsasagad sa iba pang serbisyo na ibinibigay dapat ng Sacramento? Tulad ng pagtulong sa mga walang tirahan at may kapansanan sa pag-iisip?

Kailang mauunaan ng lehislatura ng Sacramento na hindi maganda ang ating imprastraktura dahil hindi ito naging mabuting tagagamit ng mga mapagkukunan sa pananalapi nito. Ang utang ay indikasyon ng hindi wastong gawi sa paggastos at hindi naaangkop na pagpapasya sa pananalapi.

Ihinto ang kahibangang ito at bumoto ng “HINDI” sa Proposisyon 68.

JOHN M.W. MOORLACH, Senador ng Estado

Ika-37 Distrito

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRAN LABAN SA PROPOSISYON 68 ★

Huwag magpaloko sa Proposisyon 68. Ipinapangako ng proposisyon na protektahan at pahusayin ang mga parke ng California. Hindi ito ang katotohanan.

Una, sa $4 bilyong dolyar na bono, $1.3 bilyon lang ang aktwal na nakalaan para sa pagpapahusay ng mga parke. Karamihan sa natitirang pera ay ibinibigay sa mga politiko na gagamitin naman ang mga ito sa sarili nilang mga proyekto.

Pangalawa, ang pera ay hindi patas at pantay na naipapamahagi sa buong estado. Marami sa ating mga residente sa loob at rural na lugar ng California ang hindi makakatamasa sa anumang bonong pera para sa parke ng Prop. 68 na gagastusin sa pagsasaayos at pagpapahusay ng kanilang mga lokal na pang-estadong parke. Mali ito.

Dapat makita ng bawat Californian ang pagpapahusay ng kanilang lokal na parke, at hindi lang ng ilang nakatira malipat sa mga parke ng mga makapangyarihang politiko.

Pangatlo, ayon sa mga pagtatantiya, nangangailangan ang mga parke ng estado ng $1.2 bilyong dolyar dahil sa naantalang pagmementina. Gayunpaman, naglalaan lang ang Prop. 68 ng maliit na halaga ng pera para sa mahalagang gawaing ito.

Panghuli, hindi maipagkakatiwala sa Kagawaran ng Mga Parke at Libangan ang pera. Noong 2012, nagbanta ang kagawaran na ipapasara ang 70 parke, sinasabi nito na wala itong pera upang panatilihing bukas ang mga ito. Wala itong katotohanan. Natuklasan sa isang pagsusuri na *mayroong* pera ang kagawaran, ngunit itinatago nila ito sa publiko. Hangga't hindi narereporma ang kagawaran, hindi natin ito mapagkakatiwalaan na gumasta ng pera sa wasto at patas na paraan.

Kailangan nating protektahan at pahusayin ang mga parke ng ating estado, ngunit ang Prop. 68 ay maling paraan upang gawin ito. Bumoto ng Hindi at hayaan ang Lehislatura ng Estado na tunay na ayusin ang mga parke para sa lahat ng Californian.

ANDREA SEASTRAND, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Central Coast

JON COUPAL, Presidente
Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis

Hindi ba't magandang isipin na maraming mahusay na proyektong maipapatupad ang California? Narito ako hindi upang sabihin sa inyo na mali ang pagtugon sa tagtuyot, patubig, mga parke, klima, pagprotekta ng baybay-dagat, at panlabas na access.

Ang gusto kong sabihin sa inyo ay mali ang pag-utang para sa kanila.

Sapat na ang utang ng California. Sa katunayan, ito ang may pinakamalubhang talaan ng balanse sa lahat ng 50 estado. Ang neto ng kakulangan nito na hindi pinaghihigpitan ay isang kapat ng isang trilyong dolyar! Hindi kailangan ng Estado ng California na karagdagang utang!

Nakakapanlinlang ang mga panukalang bono. Ang akala mo, isang magandang bagay ang pinagbobotohan ninyo. Ngunit, mangangailangan ito nang humigit-kumulang $8 bilyon upang mabayaran ang $4 bilyon ng mga nahiram na pondo. Ang ibig sabihin nito, dapat ninyong asahan ang pagtaas ng buwis. At dapat asahan ng mga anak ninyo ang pagtaas ng buwis. At dapat asahan ng mga apo ninyo ang pagtaas ng buwis. Bakit? Dapat mabayaran ang $225 milyon kada taon. Sa mahigpit na taunang badyet, saan pa maaaring manggaling ang perang ito?

Tumataas ang mga kontribusyon sa plano sa pensiyon ng estado. Tumaas na sa $15 bilyon hanggang $91.5 bilyon ang pananagutan sa hindi napopondohang pangangailangang medikal ng mga retirado. Ang hiniram na utang ng estado para sa mga paaralaan ($500 milyon kada taon) at, posibleng pati ang sa mga beterano ($225 milyon) at ang abot-kayang pabahay ($169 milyon) ay gumagamit na rin ng badyet mula sa ibang programa. Ang pinakamababang pasahod pa lang ay magdaragdag ng $4 bilyon kada taon sa badyet ng estado.

Kakailanganin itong bayaran. At hihilingin sa inyong dagdagan ang inyong buwis. Hindi mababawasan ng California ang utang nito. Huwag nang maging bahagi ng problemang ito. Bumoto ng "Hindi" sa Proposisyon 68.

Taos-puso,

SENADOR JOHN M.W. MOORLACH
Ika-37 Distrito ng Senado

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 68 ★

Ang OO sa 68 ay gagawa ng mahahalagang pamumuhunan sa mga likas na yaman, tubig at ekonomiya ng California sa pamamagitan ng pagtugon sa pinag-uugatan ng mga problema bago pa mas maging magastos ang pagtugon sa mga ito:

• *Paghahanda sa tagtuyot*—sa pamamagitan ng pagpaparami ng mga lokal na supply ng tubig.

• *Pagbuo ng malusog na hinaharap para sa ating mga anak at apo*—sa pamamagitan ng paglalagay ng mga parke kung saan kailangan ng mga bata ng mga ligtas na lugar upang makapaglaro at paglilinis ng mga kontaminadong lokal na supply ng tubig.

• *Pagtiyak sa kalinisan ng ating tubig at baybay-dagat*—sa pamamagitan ng protekta ng pinagkukunan ng tubig, pagpapanumbalik ng tubig mula sa ilalim ng lupa, at pagpigil sa pagkalat ng nakakalasong kemikal.

• *Pag-iwas sa mga natural na sakuna*—sa pamamagitan ng pamumuhunan at pagpapanumbalik ng mga kagubatang madalas pagsimulan ng sunog sa gubat.

• *Pagpapatatag ng ating ekonomiya*—na nakasalalay sa malinis at mapagkakatiwalaang supply ng tubig, mga ligtas na likas na yaman, at masiglang turismo at libangan.

Mukhang hindi binasa nang husto ng mga kalaban ang panukala. Partikular na popondohan ng Prop. 68 ang mga parke sa bawat lunsod at county ng California. At kailangan ng 68 ng komprehensibong pamamaraan sa mga likas na yaman ng California—pagprotekta sa mga supply ng tubig, kagubatan, at sakahan.

Nangangailangan ang Proposisyon 68 ng taunang pagsusuri upang matiyak na mahusay na nagagastos ang mga pondo para sa mga layunin nito, at HINDI nito papataasin ang mga ibinabayad na buwis.

Sang-ayon ang mga lider sa negosyo, pangkat sa konserbasiyon, eksperto sa pampublikong kalusugan, at lokal na lider—matalino, matipid, at may pananagutan ang Oo sa 68.

"Ang Oo sa 68 ay nangangahulugan ng mas ligtas na inuming tubig para sa mga pamilya sa California," Wade Crowfoot, Punong Opisyal na Tagapagpaganap, Pundasyon sa Tubig

"Makakatulong ang Oo sa 68 sa bawat rehiyon ng California sa pamamagitan ng pagtulong sa mga lokal na komunidad na mapahusay ang kanilang mga parke," Carolyn Coleman, Direktor na Tagapagpaganap, Liga ng Mga Lunsod ng California

"Ang Oo sa 68 ay mahalaga sa kalusugan ng ating supply ng pagkain, lupain at tubig," Craig McNamara, Dating Presidente, Lupon sa Pagkain at Agrikultura ng California

Yes68ca.com

HELEN HUTCHISON, Presidente
Liga ng mga Kababaihang Botante ng California

MIKE SWEENEY, Direktor na Tagapagpaganap ng California Ang Konserbansiya ng Kalikasan

ANDREA TUTTLE, Direktor (Retirado)
Kagawaran ng Paggugubat at Proteksiyon sa Sunog ng California

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

PROPOSISYON

69

NAG-AATAS NA GAMITIN ANG ILANG PARTIKULAR NA BAGONG KITA SA TRANSPORTASYON PARA SA MGA LAYUNING PANTRANSPORTASYON. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov/.*

- Nag-aatas na gamitin lang ang mga kitang nalikom sa pamamagitan ng batas sa pagpopondo ng transportasyon sa taong 2017, sa pamamagitan ng ilang partikular na bayarin sa lisensya ng sasakyan at buwis sa mga pagbebenta ng diesel, para sa mga layuning pantransportasyon, kabilang ang pampublikong transportasyon. Pangkalahatang nagbabawal sa Lehislatura na ilipat ang mga pondong iyon sa iba pang layunin.
- Nagbabawal na gamitin ang kita mula sa mga bayarin sa lisensya ng bagong sasakyan upang muling bayaran ang utang sa bono para sa pangkalahatang obligasyong.
- Ibinubukod ang mga bagong kita sa mga limitasyon sa paggastos ng estado at lokal na pamahalaan.

BUOD NG PAGTATANTIYA NG LEGISLATIVE ANALYST SA EPEKTO SA NETONG PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Walang direktang epekto sa halaga ng mga kita o gastusin ng estado o lokal na pamahalaan, dahil hindi binabago ng panukala ang kasalukuyang ng buwis at bayarin.
- Maaaring maapektuhan ng panukala ang paggastos sa ilang pera sa pamamagitan ng pagtiyak na patuloy na ginagastos sa mga layuning pantransportasyon ang mga kita mula sa mga kamakailang ipinatupad na buwis at bayarin.
- Babawasan nang kaunti ng panukala ang limitasyon sa paggastos ng estado na naaayon sa-batas.

MGA PANGWAKAS NA BOTONG ITINALA NG LEHISLATURA SA ACA 5 (PROPOSISYON 69)
(KABANATA 30 NG RESOLUSYON, MGA PAGBABATAS NG 2017)

Senado:	Mga Oo 28	Mga Hindi 10
Asembleya:	Mga Oo 56	Mga Hindi 24

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

KAMAKAILANG BATAS SA PAGPOPONDO NG TRANSPORTASYON

Noong Abril 2017, nagpatupad ng batas ang estado, ang Panukalang-batas ng Senado 1 (SB 1), upang pataasin ang taunang pagpopondo para sa transportasyon ng estado sa California. Ang Panukalang-batas ng Senado 1 ay (1) nagpapataas sa mga kita mula sa iba't ibang buwis at bayarin, at (2) inilalaan nito ang mga kita sa mga layuning pangtransportasyon, kasama ang pagkukumpuni ng mga haywey at lokal na kalye ng estado, at pagpapahusay sa sistema ng paghahatid sa masa.

Mga Buwis at Bayarin. Tinaasan ng Panukalang-batas ng Senado 1 ang mga ipinapataw na buwis sa gasolina at diesel, na itinatakda sa batayang kada galon. Tinaasan din nito ang mga buwis sa mga pagbebenta ng diesel, na itinatakda batay sa presyo. Para sa mga sasakyang walang emisyon (gaya ng mga de-kuryenteng kotse) na may modelong taong 2020 at mas bago, tinaasan nito ang mga bayarin sa pagpaparehistro sa isang hindi nababagong dolyar na halaga. Bukod dito, gumawa ang SB 1 ng bagong bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon, na babayaran ng mga may-ari ng sasakyan batay sa halaga ng kanilang sasakyan. Ipinapatupad na ang karamihan sa mga buwis at bayarin, at magkakabisa ang lahat ng ito sa 2020.

Mga Paghihigpit sa Mga Kita. Makakalikom ang Panukalang-batas ng Senado 1 ng $5 bilyon kada taon kapag ipinapatupad na ang lahat ng buwis at bayarin nito. Ipinapakita sa Larawan 1 ang mga taunang kitang nalikom mula sa bawat buwis ay bayarin, gayundin ang taunang kita kung pinaghihigpitan ng mga kasalukuyang probisyon ng Saligang-Batas ng Estado ang mga ito para sa mga layuning pangtransportasyon. Bagama't pinili ng Lehislatura na ilaan ang lahat ng kita ng SB 1 sa transportasyon, hindi ito inaatas ng Saligang-Batas ng Estado para sa mga kita mula sa mga bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon at buwis sa mga pagbebenta ng diesel. Dahil doon, maaaring piliin ng Lehislatura sa hinaharap na gamitin ang dalawang mapagkukunan ng kitang ito para sa iba pang layunin maliban sa transportasyon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

IPINAGPATULOY

MGA LIMITASYON SA PAGGASTOS

Inaatasan ng Saligang-Batas ng Estado ang estado at mga lokal na pamahalaan na panatilihin ang kanilang taunang paggastos nang katumbas ng o mas mababa sa isang partikular na antas, batay sa isang formula na ipinagtibay ng isang proposisyon ng botante na ipinasa noong 1979. Ang Saligang-Batas ng Estado ay may ilang paggastos na ibinubukod sa kalkulasyon sa pag-abot sa mga limitasyong ito, kasama ang paggastos mula sa karamihan sa mga kita sa ipinapataw na buwis sa gasolina at diesel at paggastos sa mga pangunahing proyekto. Dahil sa mga pagbubukod na ito, isang maliit na bahagi (wala pang isang-ikasampu) ng paggastos mula sa mga kita sa bagong SB 1 pagkalkula hanggang sa limitasyon ng estado. Kasalukuyang tinatantya na mas mababa nang ilang bilyong dolyar ang estado sa limitasyon nito.

Pigura 1

Umiiral na Paghihigpit Ayon sa Saligang-Batas ng Estado sa Kamakailang Naisabatas na Panukalang-Batas ng Senado 1 na Mga Kita

(Sa Mga Bilyon)

Buwis/Bayarin	Mga Kita[a]	Pinaghihigpitan para sa Transportasyon?
Ipinataw na Buwis sa Gasolina	$2.4	Oo
Bayarin sa Pagpapahusay ng Transportasyon	1.6	Hindi
Ipinataw na Buwis sa Diesel	0.7	Oo
Buwis sa Pagbebenta ng Diesel	0.3	Hindi
Bayarin sa Sasakyang Zero ang Emisyon	—[b]	Oo
Kabuuan	**$5.0**	

[a] Sa 2020-21, kapag nagkabisa ang lahat ng buwis at bayarin. Hindi isinasama ang mga kita mula sa mga buwis sa panggatong na ginagamit sa mga sasakyang hindi panglansangang-bayan (may kabuuang $0.1 bilyon). Parehong pinapayagan ng umiiral na Saligang-Batas ng Estado at Panukalang-Batas ng Senado 1 na gastusin ang mga kitang ito sa mga layuning bukod sa transportasyon.

[b] Humigit-kumulang $18 milyon sa isang taon.

MUNGKAHI

Pinaghihigpitan ang Mga Kita para sa Transportasyon. Inaamyenda ng Proposisyon 69 ang Saligang-Batas ng estado upang iatas na gastusin ng Lehislatura sa mga layuning pangtransportasyon ang mga kita mula sa mga bagong buwis sa pagbebenta ng diesel at bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon. (Nalalapat din ang kinakailangang ito sa mga kasalukuyang kita sa buwis sa mga pagbebenta ng diesel—hindi lang sa iniatas ng SB 1.) Pinagbabawalan din ng Proposisyon 69 ang estado na (1) ipautang ang mga kitang ito (maliban kung para sa mga layunin ng pagpapaikot ng pera), at (2) gamitin ang mga kita sa bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon sa pagbabayad sa mga bono sa transportasyon ng estado nang hindi inaaprubahan ng mga botante. Ang tanging paraan upang baguhin ang mga kinakailangang ito ay ang pag-apruba ng mga botante sa isa pang pag-amyenda sa saligang-batas sa hinaharap.

Mga Pagbubukod sa Mga Kita Mula sa Mga Limitasyon sa Paggastos. Ibinubukod ng Proposisyon 69 ang paggastos sa lahat ng kitang nalikom ng SB 1 sa pagkalkula ng paggastos hanggang sa maabot ang mga limitasyon sa paggastos ng estado at lokal na pamahalaan.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Walang Direktang Epekto sa Pananalapi ngunit Maaaring Makaapekto sa Kung Paano Gagastusin ang Ilang Pera. Hindi direktang makakaapekto ang Proposisyno 69 sa halaga ng mga kita o gastos ng estado at lokal na pamahalaan. (Ito ay dahil sa hindi nito binabago ang mga halaga ng buwis at bayaring ipinagtibay ng SB 1.) Maaaring makaapekto ang proposisyon sa kung paano gagastusin ang ilang pera sa hinaharap sa pamamagitan ng pag-aatas sa Lehislatura na patuloy na gastusin ang mga kita mula sa mga buwis sa mga pagbebenta ng diesel at bayarin sa pagpapahusay ng transportasyon sa mga layuning pangtransportasyon, sa halip na sa ibang mga layunin. Bukod dito, bahagyang ibababa ng panukala ang katayuan ng paggastos ng estado mula sa limitasyon nito sa paggastos na naaayon sa saligang-batas.

Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa isang listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/jun-18-primary.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng buong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at padadalhan kayo ng libreng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON
69
NAG-AATAS NA GAMITIN ANG ILANG PARTIKULAR NA BAGONG KITA SA TRANSPORTASYON PARA SA MGA LAYUNIN PANTRANSPORTASYON. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 69 ★

OO SA 69: PIGILAN ANG LEHISLATURA SA PAGGAMIT NG MGA KITA SA TRANSPORTASYON SA IBANG BAGAY AT TIYAKING GAGAMITIN LANG ITO SA PAGPONDO NG MGA PAGPAPAHUSAY SA TRANSPORTASYON.

Ang OO sa 69 ay nagtitiyak na ang mga kasalukuyang kita sa transportasyon na ibinabayad natin sa pump at ibinabayad kapag nagpaparehistro tayo ng sasakyan ay gagamitin LANG para sa mga proyekto sa pagpapahusay ng kalsada at transportasyon. Poprotektahan ng Proposisyon 69 nang naaayon sa saligang-batas ang mga pondong ito sa pamamagitan ng pagbabawal sa lehislatura na gamitin ang mga kitang ito para sa mga layunin na hindi para sa transportasyon.

Ang OO sa 69 ay hindi magtataaas ng mga buwis, kahit nang isang sentimo lang.

ANG OO SA 69 AY MAG-AATAS SA PAGGASTA NG MGA PONDO SA TRANSPORTASYON SA MGA PRIYORIDAD TULAD NG PAGKUKUMPUNI NG MGA LOKAL NA KALSADA, HIGHWAY, TULAY, AT IBA PANG PROYEKTO PARA SA TRANSPORTASYON.

Nakadepende ang mga Californian sa ligtas at maaasahang network ng transportasyon sa pagsuporta sa kalidad ng ating buhay at malakas na ekonomiya. Ang OO sa 69 ay nagpoprotekta sa mga buwis at bayarin sa transportasyon na binayaran na natin: • MGA PAGPAPAHUSAY PARA SA KALIGTASAN upang makumpuni ang mga matagal at luma nang tulay, tunnel at overpass, pati na rin ang mga highway, freeway at lokal na kalye at kalsada. • PAGBUBUHOS SA MGA LUBAK at PAGPAPATAG NG MGA BAKU-BAKO AT BITAK-BITAK NA KALSADA. • PAGPAPALUWAG NG BIGAT NG TRAPIKO sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong hanay ng kalsada at pagpapakumpuni upang mawala ang mga bahagi ng kalsada na madalas pagsimulan ng pagbigat ng trapiko. • PAGPAPAHUSAY NG LIGHT-RAIL AT COMMUTER RAIL, mga bus at iba pang serbisyo sa pampublikong transportasyon upang maiwasan ang pagbigat ng trapiko at mapahusay ang kalidad ng hangin. • PAGPAPAHUSAY NG KALIGTASAN NG MGA NAGLALAKAD sa pamamagitan ng paggawa at pagpapahusay ng mga tawiran at bangketa.

ANG OO SA 69 AY MAGPOPROTEKTA SA MGA PONDO SA TRANSPORTASYON AT MAKAKATULONG SA BAWAT KOMUNIDAD SA CALIFORNIA.

Kapag pumasa ang Proposisyon 69, mapoprotektahan ang mga kitang nakalaan sa bawat lungsod, county at ahensya ng transportasyon sa estado para sa pagkukumpuni at pagpapahusay ng pampublikong transportasyon.

ANG OO SA 69 AY MAGPOPROTEKTA SA MGA KASALUKUYANG KITA AT HINDI ITO MAGTATAAS NG MGA BUWIS.

Pinoprotektahan ng Proposisyon 69 ang mga kasalukuyang buwis at bayarin na binabayaran na natin. Hindi nito papataasin ang mga buwis.

ANG OO SA 69 AY MAGTATAGUYOD SA MGA TRABAHO AT SA MAS MATATAG NA EKONOMIYA.

Kapag natiyak na ang mga kita sa transportasyon ay nakalaan sa mga proyekto sa transportasyon, masusuportahan ang daan-libong trabaho sa maayos na pasweldo at mapapasigla ang ating ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapahusay ng network ng transportasyon na naghahatid sa mga empleyado sa kanilang trabaho at nagdadala ng mga produkto at serbisyo sa merkado.

ANG OO SA 69 AY NANGANGAHULUGAN NG MATINDING PANANAGUTAN SA PAGPROTEKTA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Tinitiyak ng Proposisyon 69 na ang ating dolyar na buwis sa transportasyon ay gagamitin lang sa mga pagpapahusay ng kaligtasan sa kalsada, pagbubuhos sa mga lubak, pagkukumpuni ng mga lokal na kalsada, freeway at tulay, at pamumuhunan sa sasakyang pampubliko.

"Malaking banta sa kaligtasan ng mga tsuper sa California ang mga bitak-bitak at lubak-lubak na kalsadang hindi maayos ang kundisyon," ayon kay Warren Stanley, komisyonado, HIGHWAY PATROL NG CALIFORNIA. *"Kailangan natin ang Prop. 69 upang maprotektahan ang mga kita at maayos ang hindi mabuting kundisyon ng ating mga kalsada, nang sa gayon ay maprotektahan ang pampublikong kaligtasan at mabigyan ang mga tsuper ng mga mas pantay at mas hindi masikip na kalsada at highway."*

ANG OO SA 69 AY SINUSUPORTAHAN NG ISANG MALAWAK NA KOALISYON.

Ang OO sa 69 ay sinusuportahan ng isang malawak na koalisyon na kumakatawan sa mga tagapagtaguyod sa negosyo, paggawa, lokal na pamahalaan, transportasyon at mga nagbabayad ng buwis, kabilang ang: • Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California • Kamara de Komersyo ng California • Komperensya ng Estado ng California, NAACP • Alyansa para sa Mga Trabaho ng California • Rountable sa Negosyo ng California • Asosasyon ng Mga County ng Estado ng California • Liga ng Mga Lungsod ng California • Pagkakasosyo para sa Mga Trabaho sa Southern California • Transportasyon sa California • Asosasyon ng Sasakyang Pampubliko ng California

BUMOTO NG OO SA PROP. 69 UPANG MATIYAK NA ANG ATING MGA KITA SA TRANSPORTASYON AY GAGASTUSIN LANG SA MGA PROYEKTO SA PAGPAPAHUSAY SA TRANSPORTASYON.

www.YesProp69.com

WARREN STANLEY, Komisyonado
Highway Patrol ng California

HELEN HUTCHISON, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

ALLAN ZAREMBERG, Presidente
Kamara de Komersyo ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 69 ★

HINDI SA 69: ANG MGA NAPAPAKONG PANGAKO AY HUMAHANTONG SA LUMA, HINDI NAPAPANAHON, AT MASIKIP NA SISTEMA NG TRANSPORTASYON

Bago pa man ang kamakailang pagtaas ng buwis sa gasolina, maraming pera ang Sacramento mula sa mga bayarin at buwis na nauugnay sa transportasyon ang nakalaan sa pagkukumpuni ng ating mga nasisirang kalsada, pagpapahusay ng imprastraktura ng transportasyon, at pag-ayos ng mga lumang tulay. Gayunpaman, katulad ng palaging nangyayari, ginastos ng estado ang INYONG pera sa maraming bagay NGUNIT HINDI sa transportasyon. Ngayong ang mga kalsada natin ay sadyang nasisira na, ipinapangako nila na, gagastusin nila ito ayon sa itinakdang layunin nito. Bagama't kapuri-puri ang pagprotekta sa inyong pera, ang mga Californian ay nabubuwisan nang hindi makatarungan sa pump. Kung makatuwiran ang Sacramento sa pangangasiwa ng inyong pera, hindi dapat kinakaharap ng transportasyon ng California ang ganitong krisis.

PINOPROTEKTAHAN NG PROP. 69 ANG PERA SA TRANSPORTASYON NA HINDI GAGAMITIN SA PAGKUMPUNI NG ATING MGA KALSADA

Bagama't sinasabi ng mga tagapagtaguyod na ang pagprotekta sa mga dolyar na ito ay makakatiyak sa pagpapaluwag ng pagbigat ng trapiko, pagbubuhos sa mga lubak, at mga pagpapahusay para sa kaligtasan, hindi talaga ganito ang mangyayari. Bahagi ng perang pinoprotektahan ng Proposisyon 69 ay para sa pampublikong sasakyan, at HINDI sa pagkukumpuni ng ating mga kalsada; walang bagong imprastraktura, walang pagpapahusay sa mga nasisirang kalsada ng California, walang pagpapaluwag sa trapiko. Ang ibang dolyar ay maaaring mapunta sa mga proyekto tulad ng high speed rail, hanay ng kalsada para sa bisikleta, at pagprotekta ng tirahan.

BIGO ANG PROPOSISYON 69 SA PAGPROTEKTA SA MAHIGIT $1 BILYON

Bigo ang Proposisyon 69 sa pagprotekta ng LAHAT ng dolyar sa transportasyon. Kokolekta ang Sacramento ng $1 bilyon taun-taon sa mga bayarin ayon sa bigat ng sasakyan, na hindi mapoprotektahan at mapupunta sa Pangkalahatang Pondo ng Estado. Bigo ang Proposisyon sa ganap na pagprotekta sa mga buwis sa transportasyon mula sa pagpunta ng mga ito sa mga programang walang kinalaman sa pagkukumpuni ng ating mga kalsada at highway. BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 69.

MIYEMBRO NG ASEMBLEYA FRANK BIGELOW
Ika-5 Distrito ng Asembleya

SENADOR JOHN MOORLACH
Ika-37 Distrito ng Senado

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 69 ★

Hindi ba't nakakainsulto ang proposisyon sa balota na ito? Noong nakaraang taon, dalawang-katlo ng mayorya ng mga mambabatas ng estado ang bumoto para sa pagtaas ng buwis sa gasolina at bayarin sa sasakyan para sa mga pagpapahusay sa transportasyon. At ngayon, hinihiling nila sa inyo na sabihin sa kanila na gastusin lang ang pera sa mga nakatakdang layunin nito? Nakikita ba ninyo ang kahibangan sa kahilingang ito?

Mukha bang mapapabuti tayo sa panukalang ito? O isa ba itong pag-aakusa na hindi mahusay ang Sacramento pagdating sa paggasta ng inyong pera? Nagsasayang ito ng bilyon-bilyong dolyar para sa high speed rail, na pinagkakagastusan nang malaki. At akala ba nila, sa pamamagitan ng proposisyong ito, maiiwasan nila ang hindi wastong paggasta? O isa ba itong pag-amin na, tulad ng isang taong lulong sa alak, sinasabi ng Sacramento na hindi nito gagamitin ang ilan sa inyong buwis sa gasolina para sa ibang walang kwentang paggasta, sa pagkakataong ito? At, muli, seryoso sila rito. Hindi ba't sadyang nakakadismaya ang lehislatura ng California? Alam ba ninyong nagsasayang ang Caltrans ng humigit-kumulang $500 milyon kada taon? Dahil sobra ang tauhan nito nang halos 3,300 arkitekto at inhinyero at kumukuha pa ito ng karagdagan? At kumokontrata lang ito nang sampung porsyento ng gawaing pang inhinyeriya kumpara sa karamihan ng estado na kumokontrata nang kalahati? Kinunsulta ba ng Sacramento ang Caltrans bago itaas ang inyong mga buwis sa gasolina? Hindi!

Bilang isang konserbatibo sa pananalapi, nahihiya ako, na kailangan pa ninyong hilinging sabihin sa Sacramento na gastusin ang buwis sa gasolina sa mga pagkukumpuni ng highway. Ito ay hindi makatotohanan at napakamapanlinlang. Hanggang kailan bibigyang-daan ng mga botante ng estadong ito ang mga liberal sa walang humpay nilang sa paggasta, na sa huli naman ay hahantong sa paghihirap ng ating Estado? Kaya naman, bumoboto ako ng “Hindi” sa walang saysay na bagay na ito na tinatawag na Proposisyon 69. Dapat, kayo rin.

SENADOR JOHN M.W. MOORLACH
Ika-37 Distrito ng Senado

BIGO ANG PROPOSISYON 69 SA PAGPROTEKTA SA LAHAT NG KITA SA TRANSPORTASYON.

Dapat maprotektahan ang lahat ng kita na nauugnay sa transportasyon sa paggamit ng lehislatura sa mga programang hindi nagkukumpuni sa ating mga kalsada. Katotohanan: ang karamihan ng kita sa transportasyon, kabilang ang ipinapataw na buwis sa gasolina, diesel at bayarin sa pagpaparehistro ng sasakyan, ay pinoprotektahan ng saligang-batas mula sa paggamit sa mga layunin maliban sa transportasyon. Sa kasamaang palad, BIGO ANG PROPOSISYON 69 SA PAGPROTEKTA SA MAHIGIT $1 BILYON TAUN-TAON MULA SA MGA BAYARIN AYON SA BIGAT NG SASAKYAN NA NAPAGWAWALANG-BAHALA MULA PA NOONG 2011. Ang LAHAT ng buwis sa transportasyon ay dapat protektahan sa paggamit o maling paggamit ng mga politiko, kung ayaw nating magpatuloy ang mga larong ito.

NAGBIBIGAY-DAAN ANG PROPOSISYON 69 SA HINDI SINUSURING PAGGASTA.

Bukod pa sa Proposisyon 13 (1978)—ang makasaysayang inisyatiba ng California na naglimita sa buwis sa lokal na ari-arian—ipinasa ng mga botante ang Proposisyon 4 (1979), na naglimita sa paggasta ng mga pagpapatakbo ng pamahalaan. Hindi isinasaalang-alang ng Proposisyon 69 ang mga kamakailang ipinatupad na buwis at bayarin sa transportasyon sa limitasyon sa paggasta ng estado. Ito ay walang-dudang MAGTATAAS SA LIMITASYON SA PANGKALAHATANG PAGGASTA NG PONDO NANG HUMIGIT-KUMULANG $2 BILYON TAUN-TAON. Sa pamamagitan ng hindi pagsasama sa mga gastos na ito, mabibigyang-daan ang pagtaas ng paggasta ng estado sa mga antas na hindi natin makakayanan.

BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 69

Tutol ako sa mga bagong buwis sa gasolina at bayarin sa pagpaparehistro ng sasakyan. Hirap na hirap ang maraming Californian sa pagbabayad ng tirahan, pagkain at iba pang pangangailangan dito sa magastos na estadong ito. Hindi na kailangan ng mga Californian ng dagdag pang buwis. Hindi ko sinusuportahan ang Proposisyon 69 dahil patuloy na lalaki at hindi na natin makokontrol ang paggasta ng estado, at bigo ito sa ganap na pagprotekta sa mga buwis sa transportasyon mula sa pagpunta ng mga ito sa mga programang walang kinalaman sa pagkukumpuni ng ating mga kalsada at highway.

MIYEMBRO NG ASEMBLEYA FRANK BIGELOW
Ika-5 Distrito ng Asembleya

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 69 ★

Pinipigilan ng Proposisyon 69 ang lehislatura sa paggamit ng mga dolyar sa transportasyon pala sa mga layuning walang kinalaman sa transportasyon. Kaya hindi na nakapagtataka na ang mga pangangatwiran laban sa Prop. 69 ay nilagdaan ng mga mambabatas.

Ngunit hindi tumpak ang mga pangangatwiran nila.

Narito ang katotohanan.

KATOTOHANAN: Kapag inaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 69, mapoprotektahan ang mga kamakailang ipinatupad na kita sa transportasyon at iaatas ng saligang-batas ng ating estado na gamitin ito para sa mga proyekto sa transportasyon.

KATOTOHANAN: Hindi papataasin ng Prop. 69 ang mga buwis. Pinoprotektahan nito ang mga buwis at bayarin sa transportasyon na dati na nating binayaran.

KATOTOHANAN: Hindi papataasin ng Prop. 69 ang limitasyon sa paggasta ng estado. Titiyakin nitong ang mga kita sa transportasyon ay ganap na mailalaan sa mga pagpapahusay sa transportasyon at hindi mapupunta sa mga utang ng estado.

Kapag pumasa ang Prop. 69, matitiyak na ang ating mga dolyar sa transportasyon ay gagastusin sa mga proyekto sa pagpapahusay ng transportasyon, kabilang ang:

- PAG-AAYOS NG MGA LUBAK at pagpapatag sa mga bitak-bitak na kalsada.
- PAGGAWA NG MGA PAGPAPAHUSAY PARA SA KALIGTASAN ng mga tulay, overpass, kalye at highway.
- PAGPAPALUWAG SA BIGAT NG TRAPIKO sa pamamagitan ng pagpapakumpuni na makakatugon sa daloy ng trapiko.
- PAMUMUHUNAN SA PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON tulad ng mga bus at commuter rail upang makatulong sa pagpapaluwag ng trapiko at pagpapahusay ng kalidad ng hangin.

ANG OO SA 69 AY NANGANGAHULUGAN NG MATINDING PANANAGUTAN SA PAGPROTEKTA SA MGA NAGBABAYAD NG BUWIS.

Ang Proposisyon 69 ay sinusuportahan ng malawak na koalisyon ng mga opisyal sa pampublikong kaligtasan, negosyo, lokal na pamahalaan, paggawa, mga tagapagtaguyod ng kapaligiran, nakakatanda, nagbabayad ng buwis, Demokratiko, Republikano at independiyente.

Bumoto ng OO sa Prop. 69 upang mapigilan ang lehislatura sa paggamit ng ating mga dolyar sa transportasyon at magarantiya na ang pondo sa transportasyon ay nagagastos sa pagkumpuni ng ating mga kalsada.

www.YesProp69.com

GARY PASSMORE, Presidente
Kongreso ng Mga Nakatatanda ng California

ROBERT C. LAPSLEY, Presidente
Rountable sa Negosyo ng California

ALICE A. HUFFMAN, Presidente
Komperensya ng Estado ng California, NAACP

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

PROPOSISYON

70

KINAKAILANGAN ANG BOTO NGMAYORYA NG LEHISLATURA NA NAG-AAPRUBA SA PAGGAMIT NG NAKARESERBANG PONDO SA CAP-AND-TRADE. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado' sa *http://voterguide.sos.ca.gov/.*

- Simula 2024, pagsasama-samahin ang mga kita sa cap-and-trade sa isang nakareserbang pondo.
- Hindi magagamit ang mga kita sa cap-and-trade na ito maliban kung papahintulutan ng Lehislatura ang nasabing paggamit ayon sa dalawang-katlo ng kabuuan.
- Sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng anumang naturang awtorisasyon, matatapos ang pag-aatas na pagsama-samahin ang mga bagong kita sa nakareserbang pondo na ito.
- Sinususpinde ang ilang partikular na pagkalibre sa buwis, kabilang ang para sa kagamitang ginagamit sa pagmamanupaktura at pananaliksik at pagbuo, simula 2024, hanggang sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng anumang nasabing awtorisasyon.

BUOD NG PAGTATANTIYA NG LEGISLATIVE ANALYST SA EPEKTO SA NETONG PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng pansamantalang tumaas ang kita sa buwis sa mga pagbebenta ng estado mula sa pagbebenta ng pagmamanupaktura at iba pang partikular na kagamitan simula 2024. Maaaring magkahalaga nang mula sa walang pagtaas hanggang sa ilang daang milyong dolyar taun-taon.
- Posibleng magkaroon ng pagbabago sa pagsasama-sama ng pondo sa cap-and-trade na ibinibigay sa mga programa ng estado at lokal na pamahalaan.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 1 (PROPOSISYON 70)
(KABANATA 105 NG RESOLUSYON, MGA PAGBABATAS NG 2017)

Senado:	Mga Oo 27	Mga Hindi 13
Asembleya:	Mga Oo 59	Mga Hindi 11

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

PROGRAMANG CAP-AND-TRADE NG ESTADO

Nakatuon ang Programa sa Paglilimita ng Mga Greenhouse Gas. Maraming nabuong programa ang California upang bawasan ang dami ng mga greenhouse gas (mga GHG) na lumalabas. Ang mga GHG—gaya ng carbon dioxide—ay nagiging salik ng pagbabago ng klima at nagmumula sa iba't ibang pinagmumulan, kabilang ang mga de-gasolinang kotse at mga aktibidad sa industriya. Ang isang programa ng California upang bawasan ang mga GHG ay tinatawag na "cap-and-trade." Sa ilalim ng programang ito, na nagsimula noong 2012, nag-utos ang estado ng limitadong bilang ng mga pahintulot ng paglabas ng mga GHG. Ang ilang partikular na kumpanyang naglalabas ng partikular na dami ng GHG ay dapat makakuha ng pahintulot para sa bawat tonelada ng GHG na ilalabas nila. Ipinamimigay nang libre ng estado ang humigit-kumulang kalahati ng mga pahintulot sa ilang partikular na industriya at ibinibenta ang kalahati sa mga subasta. Pinapayagan ng kamakailang batas ng estado ang cap-and-trade na magpatakbo sa California hanggang 2030.

Ginagamit ang Nakukuhang Kita para sa Iba't Ibang Programa. Idinideposito ang nakukuhang kita mula sa mga subasta ng cap-and-trade sa pondo ng estado na tinatawag na Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas (Greenhouse Gas Reduction Fund, GGRF). Inaalam ang estado kung paano ginagasta ang pera sa GGRF, na karaniwang sa pamamagitan ng proseso ng taunang badyet. Pangkalahatang ginagamit ang pera sa pondo para sa mga programa ng estado at lokal upang mabawasan ang mga GHG. Gaya ng ipinapakita sa Pigura 1, tinataya naming gagasta ang estado nang humigit-kumulang $3 bilyon mula sa GGRF sa iba't ibang programa sa 2017–18. Magagasta ng estado ang pera mula sa GGRF sa naipasang batas gamit ang mga boto ng mayorya sa parehong batasan ng Lehislatura.

LIBRE ANG ILANG KAGAMITANG PANGNEGOSYO SA BUWIS SA MGA PAGBEBENTA NG ESTADO

Nagpapataw ang mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan ng California ng buwis sa mga pagbebenta sa mga tinging pagbebenta ng karamihang produkto. Napupunta ang kita mula sa bahagi ng buwis sa mga pagbebenta sa pangunahing account sa pagpapatakbo ng estado. Hindi ipinapataw ang bahaging ito ng buwis kapag binibili ng ilang negosyo ang isang partikular na kagamitang ginagamit para sa mga bagay gaya ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

manupaktura at pananaliksik at pagbuo. Tinatantiya naming ang "pagkalibre sa manupaktura" na ito ay kasalukuyang nagbabawas sa kita sa buwis sa mga pagbebenta ng estado nang humigit-kumulang $250 milyon taun-taon. Inaawtorisahan ng pagkalibre hanggang Hulyo 1, 2030.

Pigura 1

Tinatantiyang Paggastos[a] sa Cap-at-Trade para sa 2017-18
(Sa Mga Milyon)

Programa	Halaga
Mga insentibo para sa mga sasakyan at kagamitan na may mababang emisyon	$810
High-Speed Rail	730
Abot-kayang pabahay na malapit sa sakayan	584
Pampublikong sasakyan	438
Paggugubat at pagpigil ng sunog	325
Mga pagbabawas ng emisyon sa agrikultura	250
Iba pa	187
Kabuuan	**$3,324**

[a] Ipinagpapalagay ang $3 bilyon sa mga kita sa 2017-18. Maaaring mas tumaas o bumaba ang halaga depende sa mga aktwal na resulta ng subasta.

MUNGKAHI

Gumagawa ng Pansamantalang Pag-aatas ng Boto ng Nakatataas na Mambabatas para sa Paggasta ng Kita sa Cap-and-Trade. Iniaatas sa panukalang ito na simula Enero 1, 2024, idedeposito ang kita sa cap-and-trade sa bagong pondo ng estado na tiatawag na Nakareserbang Pondo para sa Pagbabawas ng Greenhouse Gas (Greenhouse Gas Reduction Reserve Fund, Reserve Fund), sa halip na sa GGRF. Magpapatuloy ang mga pagdedepositong ito hanggang sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang batas na: (1) gagastos sa pera mula sa Nakareserbang Pondo at (2)maipapasa ng bawat batasan ng Lehislatura na may *dalawang-katlo ng boto* (salungat sa boto ng mayorya na kasalukuyang iniaatas). Iniaatas din sa panukala na gagamitin ang pera sa Nakareserbang Pondo upang pondohan ang pare-parehong pangkalahatang uri ng mga programa na mapopondohan ng GGRF sa Enero 1, 2024. Pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng batas, idedepositong muli ang kita sa hinaharap sa GGRF at maaari itong gastahin ayon sa boto ng mayorya ng Lehislatura.

Sinususpinde ang Pagkalibre ng Manupaktura Hanggang Magasta ang Kita sa Cap-and-Trade. Sinususpinde ayon sa panukalang ito ang pagkalibre ng manupaktura simula Enero 1, 2024. Habang sinususpinde ang pagkalibre, ipinapataw ang kumpletong buwis sa mga pagbebenta kapag binibili ng mga negosyo ang isang partikular na kagamitan para sa mga bagay gaya ng manupaktura at pananaliksik at pagbuo. Magpapatuloy ang pagsususpinde hanggang sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng isang batas na: (1) gagastos sa pera mula sa Nakareserbang Pondo at (2) maipapasa gamit ang dalawang-katlo ng boto ng lehislatura.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Potensyal na Pansamantalang Pagtaas sa Kita ng Buwis sa Mga Pagbebenta Simula 2024. Maaaring suspindihin ng panukala ang pagkalibre ng manupaktura simula 2024. Makakalikom ang estado ng karagdagang kita ng buwis sa mga pagbebenta habang nakasuspinde ang pagkalibre sa manupaktura. Dedepende ang halaga ng karagdagang kita sa kung kailan aaprubahan ng Lehislatura ang paggasta ng pera mula sa Nakareserbang Pondo gamit ang dalawang-katlo ng boto. Kung aaprubahan ng Lehislatura ang paggasta ng pera sa simula ng 2024, magkakaroon ng maliit o walang magiging dagdag sa kita. Gayunpaman, kung hahaba ang pagkaantala, aabot ang karagdgang kita ng estado hanggang sa ilang daang milyong dolyar taun-taon.

Posibleng Pagbabago sa Pagsasama ng Mga Pinopondohang Programa. Simula 2024, mababago ng pag-aatas ng boto ng dalawang-katlo, kahit pansamantala lang, ang pagsasama ng mga programa ng estado at lokal na pinopondohan sa pamamagitan ng mga kita sa subasta kumpara sa isa pang maaaring mangyari. Ibabatay ang anumang pagbabago sa mga priyoridad sa pagbuo at paggasta sa hinaharap ng Lehislatura, na hindi pa alam sa ngayon. Bilang resulta, hindi malinaw kung aling mga programa ng estado o lokal ang maaaring makatanggap ng mas malaki o mas kaunting pera.

Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/jun-18-primary.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng kumpletong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at padadalhan kayo ng libreng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON
70
KINAKAILANGAN ANG BOTO NGMAYORYA NG LEHISLATURA NA NAG-AAPRUBA SA PAGGAMIT NG NAKARESERBANG PONDO SA CAP-AND-TRADE. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 70 ★

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 70 UPANG MAPROTEKTAHAN ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS AT ANG ATING EKONOMIYA AT MATIYAK NA IPAGPAPATULOY NG CALIFORNIA ANG PANGUNGUNA NITO LABAN SA PAGBABAGO NG KLIMA.

Ang mapangaraping plano ng California, upang mabawasan ang emisyon ng greenhouse gas sa buong estado ay *NAKAPASA SA PAMAMAGITAN NG SUPORTA NG MGA DEMOKRATIKO AT REPUBLIKANONG MAMBABATAS,* at mahigit sa 150 organisasyong kumakatawan sa agrikultura; kapaligiran; malinis na enerhiya at teknolohiya; negosyo; paggawa; mga bumbero; propesyonal sa pampublikong kalusugan; ekonomista; at editoryal na lupon ng pahayagan mula sa buong estado.

ANG PROPOSISYON 70 AY MAKAKATULONG SA PAGTIYAK NA ANG PERA PARA SA MGA PRIYORIDAD NA PROGRAMA AY HINDI MAPUPUNTA SA MGA PANSARILING PROYEKTO NG MGA POLITIKO.

Mahalagang patuloy na makabawas sa emisyon at makapagbigay ng mga benepisyo sa lahat ng Californian ang mga kita para sa paglaban sa pagbabago ng klima sa hinaharap. Nagbibigay ang Proposisyon 70 ng matatag na proteksyon laban sa anumag pagsisikap na pabagsakin ang layuning ito. Ipinasasakatuparan nito na magsama-sama sa 2024 ang dalawang-katlo ng lehislatura upang suriin kung ang pera ay nagasta nang maayos at naging makabuluhan para sa kabutihan ng lahat ng Californian.

PINOPROTEKTAHAN NG PROPOSISYON 70 ANG MAKASAYSAYANG PROGRAMA NG CALIFORNIA LABAN SA PAGBABAGO NG KLIMA NA NAGPOPROTEKTA SA KAPALIGIRAN, NAGPAPAHUSAY SA ATING EKONOMIYA, AT GUMAGAWA NG MGA TRABAHO.

Ang hinaharap ng programa laban sa pagbabago ng klima na itinataguyod ng California ay depende sa pagpapamalas na mapoprotektahan natin ang ating kapaligiran habang pinapaunlad natin ang ating ekonomiya. Upang maisakatuparan ang layuning ito makakatulong ang *Proposisyon 70 na matiyak na ang pera sa pagbabawas ng greenhouse gas ay ginagastos sa pinakamatalino at pinakasulit na paraan; na nagpoprotekta sa mga nagbabayad ng buwis at sa ating mga komunidad na pinakamatindi ang populasyon.*

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 70

Ang Proposisyon 70 ay bahagi ng makasaysayang dobleng-partidistang pagsisikap upang makamit ang ating mga layunin pagdating sa klima, mapanatili ang mga trabahong maayos ang pasweldo upang matugunan ang ating lumalagong ekonomiya, at maprotektahan ang kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan.

www.YesOnProposition70.com

EDMUND G. BROWN JR., Gobernador

ALLAN ZAREMBERG, Presidente

Kamara de Komersyo ng California

CHAD MAYES, Miyembro ng Asembleya ng Estado ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 70 ★

35 PANGUNAHING ORGANISASYON PARA SA KAPALIGIRAN NA TUMUTUTOL SA PROPOSISYON 70

Pagkakamali ang Proposisyon 70. Hindi ito mabuti para sa kapaligiran at hindi rin ito mabuti para sa kalusugan ng publiko. Kaya naman*35* iginagalang na organisasyon para sa kapaligiran tulad ng Konsehong Tagadepensa ng Mga Natural na Mapagkukunan, Liga ng Mga Botante para sa Konserbasyon ng California at Koalisyon para sa Malinis na Hangin ay bumoto ng HINDI sa Proposisyon 70!

PAGLALAGAY NG KAPANGYARIHAN SA KAMAY NG IILAN

Hindi demokratiko ang Proposisyon 70. Mabibigay-daan ito sa maliit na pangkat ng mga politiko na tumutol sa aming mga matagumpay na diskarte para sa malinis na hangin, na iantala ang progreso ng pagkontrol sa pagbabago ng klima at pagbawas ng polusyon. Hindi namin hahayaang mangyari ito. Masyadong malaki ang nakataya para sa ating kalusugan, ating planeta at para sa mga henerasyon sa hinaharap.

GUSTO NG MGA NAGDUDULOT NG POLUSYON ANG KAKAYAHAN NA DAANIN SA BETO ANG PROGRESO

Pabor sa Proposisyon 70 ang malalaking kumpanya ng langis at iba pang industriyang nagdudulot ng pinakamatinding polusyon, nang sa gayon ay maitabi nila ang mga programa sa pagbabawas ng polusyon habang patuloy na nilalason ang ating hangin at tubig. Ang mga pangkat na ito ng espesyal na interes ay tumutol sa mga panukalang tutugon sa polusyon sa hangin at pagbabago ng klima sa loob ng maraming taon.

DOBLE-PARTIDISTANG PAGTUTOL SA PROPOSISYON 70

Maraming Demokratiko at Republikano sa lehislatura ang tumutol sa paglalagay ng Proposisyon 70 sa balota dahil hindi ito maganda para sa California. Samahan ang NextGen California, Mga Doktor para sa Panlipunang Responsibilidad ng Los Angeles, Alyansa para sa Hustisya sa Kapaligiran ng California, Mga Kaibigan ng Mundo, Kampanya para sa Lakas ng Loob, Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California at maraming iba pang pangkat na lumalaban para sa interes ng publiko at malinis na hinaharap sa pamamagitan ng pagboto ng HINDI sa Proposisyon 70!

TOM STEYER, Presidente

NextGen California

REBECCA SALTZMAN, Pansamantalang Direktor na Tagapagpaganap

Liga ng Mga Botante para sa Konserbansya ng California

DR. JOSEPH K. LYOU, Presidente

Koalisyon para sa Malinis na Hangin

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 70 ★

HINDI SA PROPOSISYON 70

Nagmula ang Proposisyon 70 sa isang pagsisikap na sinusuportahan ng industriya ng langis upang mapigilan ang premyadong programa ng estado na mapigilan ang masamang polusyon sa hangin. Ayon sa *Los Angeles Times,* gumastos ang industriya ng milyon-milyong dolyar sa paglobi sa pagpapawalang-saysay ng dedikasyon ng California sa mga patakaran para sa malinis na hangin na nagbabawas sa ating pagdepende sa mga fossil fuel na nagdudulot ng matinding polusyon. Papatindihin ng Proposisyon 70 ang lehislatibong di-pagkakasundo, babalewalain ang ating progreso sa malinis na enerhiya, at mapapalakas ang mga espesyal na interes na wala sa lugar para sa karamihan ng mga Californian. Hindi ito karapat-dapat sa inyong suporta.

GUMAGANA ANG MGA PATAKARAN SA MALINIS NA HANGIN AT ENERHIYA

Isang mahalagang bahagi ng diskarte ng California para sa malinis na hangin ay ang programang tinatawag na Cap and Trade na nag-aatas sa mga nagdudulot ng polusyon na bawasan ang kanilang emisyon, kung hindi ay magbabayad sila para sa pondo nito. Ginagamit ang pondo upang mapataas ang pagtitipid ng enerhiya sa mga bahay, negosyo at paaralan, makapagbigay sa konsyumer ng mga rebate na nagbibigay-daan sa pagiging electric at hybrid ng mga sasakyan, mapahusay ang sasakyang pampubliko, mapalinis ang marurumi, at heavy-duty na trak na nagdudulot ng polusyon sa mga kapitbahayan, at iba pang matagumpay na programa laban sa polusyon.

ISANG SANGKAP PARA SA DI-PAGKAKASUNDO

Sa pamamagitan ng pag-aatas ng botong 2/3 na lampas sa kalahati ng mayorya ng lehislatura upang mailaan ang mga pondong binabayaran ng mga nagdudulot ng polusyon, babaguhin ng Proposisyon 70 ang epektibong sistema na ito at magbibigay ng kakayahan sa minorya ng mga politiko na gamitin ang mga pondo nang taliwas sa mga priyoridad para sa kapaligiran at pigilang magastos ang mga ito sa pagbawas ng polusyon at pagbibigay ng mga kinakailangang serbisyo sa transportasyon, pabahay, at enerhiya sa ating mga komunidad.

Matatandaan ng mga Californian ang masakit na pakikipagkasundo upang maipasa ang badyet ng estado kapag nangailangan din ito ng 2/3 boto. Maraming buwan ang lumipas nang walang badyet, kaya mas nagiging desperado ang mga kasunduan at mas nakokompromiso ang mga ito ng mga espesyal na interes, habang tumatagal. Inihinto na ng mga botante ang pagkakamaling ito noong 2010, kung kailan binago nila ang kailangang boto para sa badyet sa mayorya. Hindi na dapat tayo bumalik sa bulok na sistemang ito.

KAWALAN NG KATAPATAN

Ang Proposisyon 70 ay resulta ng kasunduang hindi dumaan sa tamang proseso. Karaniwan, tumatagal ng siyam na buwan upang makapasa sa lehislatura ang isang panukalang-batas. Karaniwang may ilang pagdinig para sa mga panukala, kung saan pag-aaralan at tatalakayin ang mga detalye nito. Sa kabaligtaran, naipasa ang Prop. 70 sa loob lang ng apat na araw, nang walang anumang pagdinig at walang anumang oportunidad na marinig ang komento ng publiko. Kung talagang mahusay na ideyang ito, bakit palihim itong minadali?

SINO ANG PAGKAKATIWALAAN NINYO?

Sinusuportahan ng mga kumpanya ng langis at maliliit na pangkat ng mga politiko ang pagsisikap tulad ng Proposisyon 70 na nagpapahina sa mga patakaran sa malinis na enerhiya ng ating estado. Tutol sa Proposisyon 70 ang mga pangkat sa mabuting pamamahala tulad ng Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California, at ang mga pinakaiginagalang na pangkapaligiran at panlipunang organisasyon sa hustisya ng estado kabilang ang Liga ng Mga Botante sa Konserbansya ng California, Konseho sa Pagdepensa sa Mga Likas na Mapagkukunan, Koalisyon para sa Malinis na Tubig at Alyansa sa Hustisya sa Kapaligiran ng California. Ayon sa Sierra Club ng California, ang batas sa likod ng panukalang-batas ukol sa balota na ito ay “mag-aantala sa mga agarang gastusin para sa klima, kalidad ng hangin, at iba pang tinukoy na pambuong estado at panlokal na priyoridad.” Hinihikayat namin kayo na bumoto ng Hindi sa Proposisyon 70 dahil makakasama ito sa kapaligiran, makakasama sa ating ekonomiya, makakasama para sa mabuting pamamahala, at magpapawalang-saysay sa progreso tungo sa mas malinis na hinaharap.

MATUTO PA

Matuto pa tungkol sa kung bakit makakasama ang Proposisyon 70 para sa California sa *www.stopprop70.org.*

SENADOR BEN ALLEN
Ika-26 na Distrito

MIYEMBRO NG ASEMBLEYA TODD GLORIA
Ika-78 Distrito

HELEN L. HUTCHISON, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 70 ★

Nililinlang kayo ng mga tagapagtaguyod ng Proposisyon 70. Sinusuportahan ito ng mga Demokratiko at Republikano dahil tumutulong ito na magarantiyang ang pera mula sa programa laban sa pagbabago ng klima na itinataguyod ng California ay gagamitin lang upang mabawasan ang polusyon, protektahan ang kapaligiran at pahusayin ang kakayahan natin na tumugon sa mga sunog sa kagubatan. KUNG HINDI MAPOPROTEKTAHAN, ANG MGA PERANG ITO AY MANGANGANIB SA IMPLUWENSYA NG ESPESYAL NA INTERES.

Ang Proposisyon 70 ay mahalagang bahagi ng isang MAKASAYSAYANG DOBLE-PARTIDISTANG KASUNDUAN upang makamit ang mga mapangaraping layunin pagdating sa klima, mapanatili ang mga trabahong maayos ang pasweldo na nagpapasigla sa ating ekonomiya, at matugunan ang mahahalagang isyu sa kalusugang pampubliko at kalidad ng hangin. Hindi ito isang sangkap para sa di-pagkakasundo at WALANG EPEKTO SA INIAATAS NA BADYET SA MAYORYANG BOTO NG ESTADO. Huwag magpalinlang sa mga nakakapanlokong mga pangangatwiran.

Ang proyektong pinopondohan ng ating programa laban sa pagbabago ng klima ay nagpapahusay sa ating kakayahan na pamahalaan ang mga nakakasirang sunog sa kagubatan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga makinang panlaban sa sunog para makaiwas dito at pagpapahusay ng kalagayan ng mga kagubatan ng California; pagtulong sa mga magsasaka sa paggawa ng mga pagbabagong kinakailangan upang mabawasan ang nakakapinsalang polusyon; pagtulong sa mga residente na gawing mas matipid sa kuryente ang kanilang mga tahanan; at pahusayin ang kalidad ng hangin para sa milyon-milyong Californian sa ating mga komunidad na pinakamatindi ang polusyon. LAYUNIN NG PROPOSISYON 70 NA TIYAKING MAGPAPATULOY SA PAGTANGGAP NG PONDO ANG MGA GANITONG PROGRAMA NA HINDI LANG MATAAS ANG KALIDAD, NGUNIT MATIPID PA. Ito rin ang dahilan kung bakit ang plano ay sinusuportahan ng mga organisasyong kumakatawan sa agrikultura; kapaligiran; negosyo; paggawa; bombero; at propesyonal sa kalusugan ng publiko.

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 70 UPANG MAIBIGAY ANG MGA PAGSUSURI AT PAGBALANSE NA KARAPAT-DAPAT MATANGGAP NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS AT MAPROTEKTAHAN ANG MAKASAYSAYANG PROGRAMA LABAN SA PAGBABAGO NG KLIMA NG CALIFORNIA habang tayo ay nagpoprotekta sa ating kapaligiran, nagpapasigla ng ating ekonomiya, at gumagawa ng mga trabaho.

www.YesOnProposition70.com

MICHAEL D. SHROUT, Presidente
Asosasyon ng Mga Bumbero ng Estado ng California

ANJA RAUDABAUGH, Punong Opisyal na Tagapagpaganap
Western United Dairymen

PROPOSISYON

71

NAGTATAKDA SA PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA PARA SA MGA PANUKALA SA BALOTA. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov/.*

- Nagsasaad na ang panukala sa balotang inaprubahan ng mayorya ng mga botante ay magkakabisa limang araw pagkatapos patunayan ng Kalihim ng Estado ang mga resulta ng halalan.
- Pinapayagang ipatupad ang isang panukala sa balota sa petsang mas matagal sa petsa ng pagkakaroon ng bisa nito.

BUOD NG PAGTATANTIYA NG LEGISLATIVE ANALYST SA EPEKTO SA NETONG PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Posibleng magkaroon ng maliit o walang epekto sa mga pamahalaan ng estado at lokal na pamahalaan.

MGA PANGWAKAS NA BOTO NG LEHISLATURA SA ACA 17 (PROPOSISYON 71)
(KABANATA 190 NG RESOLUSYON, MGA PAGBABATAS NG 2017)

Senado:	Mga Oo 40	Mga Hindi 0
Asembleya:	Mga Oo 78	Mga Hindi 0

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Mga Panukalang-Batas Ukol sa Balota ng Estado. Sa mga halalan sa buong estado, makakaboto ang mga botante ng California sa mga panukalang-batas ukol sa balota ng estado. Kasama sa mga panukalang ito (na tinatawag ding mga proposisyon) ang:

- ***Mga Inisyatiba at Reperendum ng Estado.*** Ito ay mga pagbabago sa Saligang-Batas ng Estado, mga pagbabago sa mga batas ng estado, at mga panukalang-batas ukol sa bono na iminungkahi ng mga mamamayan, na nangangalap ng mga lagda upang mailagay ang mga panukalang ito sa balota.
- ***Mga Pambatasang Panukalang-Batas Ukol sa Balota.*** Ito ay mga pagbabago sa Saligang-Batas ng Estado, mga pagbabago sa mga dating naaprubahang inisyatiba, at mga panukalang-batas ukol sa balota na inilagay sa balota ng Lehislatura ng California.

Mga Pagbabago sa Mga Halalan sa Paglipas ng Panahon. Ang mga pagbabago sa mga batas ng pamahalaan ng estado at pederal na pamahalaan at sa mga desisyon ng mga indibdiwal na botante ay nakaapekto sa mga kagawian sa pagboto sa mga nakaraang dekada. Sa California, marahil ang pinakamahalagang pagbabago ay ang lumalawak na paggamit ng mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Sa halalan noong Nobyembre 1970, humigit-kumulang 200,000 botante ng California (3 porsyento ng kabuuan) ang bumoto sa balota sa pamamagitan ng koreo. Sa kabaligtaran, noong Nobyembre 2016, mahigit 8 milyong botante (58 porsyento ng kabuuan) ang bumoto sa balota sa pamamagitan ng koreo. Pinapayagan din ng mga batas ng pamahalaan ng estado at pederal na pamahalaan ang mga “pansamantalang” balota—halimbawa, para sa mga taong naniniwala na nakarehistro sila kahit na wala ang kanilang pangalan sa listahan ng botante sa lugar ng botohan. Ang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at mga pansamantalang balota na natanggap sa mismong Araw ng Halalan ay kadalasang binibilang ilang araw o linggo pagkatapos ng halalan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI IPINAGPATULOY

Iskedyul para sa Pagbilang ng Mga Balota sa Halalan ng Estado. Kailangang bilangin ng mga opisyal ng halalan sa bawat county ang bawat balota na legal ang pagkakaboto, kabilang ang mga natanggap na balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos ng Araw ng Halalan. Ang kasalukuyang proseso ng pagbibilang ng boto ay tumatagal sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng Araw ng Halalan. Sa loob ng panahong iyon, binibilang ng mga opisyal ng county ang hanggang sa ilang milyong balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo at iba pang balotang hindi pa rin nabibilang sa pagtatapos ng Araw ng Halalan. Muli rin nilang sinusuri ang mga bilang ng boto sa presinto. Pagkatapos matanggap ang mga resulta mula sa bawat county, ang Kalihim ng Estado—na nangangasiwa sa mga halalan sa buong estado—ay nagpapatunay ng pormal na "pahayag ng boto" pagkatapos ang mahigit limang linggo (partikular na hindi lalampas sa 38 araw) mula sa Araw ng Halalan.

Petsa ng Pagkakabisa para sa Mga Panukalang-Batas Ukol sa Balota ng Estado. Nakasaad sa Saligang-Batas ng Estado na ang mga inisyatiba at reperendum ng estado, gayundin ang mga pambatasang panukalang-batas ukol sa balota na nagbabago sa Saligang-Batas ng Estado, ay magkakabisa sa araw pagkatapos ng halalan maliban kung nagtatakda ang panukalang-batas ukol sa balota ng mas matagal na petsa ng pagkabisa. Sa maraming sitwasyon, malinaw sa pagtatapos ng Araw ng Halalan kung naaprubahan ng mga botante ang panukalang-batas ukol sa balota. Gayunpaman may ilang sitwasyon kung saan hindi malinaw ang mga resulta, at milyun-milyong balota ang hindi nabibilang hanggang sa makalipas ang ilang araw o linggo.

MUNGKAHI

Mas Matagal na Petsa ng Pagkakabisa para sa Mga Panukalang-Batas Ukol sa Balota ng Estado. Tulad ng nakalarawan sa itaas, ginagawa ng Kalihim ng Estado ang pahayag ng boto nang hindi lalampas sa 38 araw makaraan ang Araw ng Halalan—pagkatapos na matanggap ang mga resulta ng boto mula sa bawat county. Inaamyendahan ng panukalang ito ang Saligang-Batas ng Estado upang ang mga inisyatiba at reperendum ng estado, gayundin ang mga pambatasang panukalang-batas ukol sa balota na nagbabago sa Saligang-Batas ng Estado, ay magkabisa sa panglimang araw matapos na gawin ng Kalihim ng Estado ang paghayag ng boto. Samakatuwid, kung maaprubahan ang panukalang ito, ang karamihan sa mga panukalang-batas ukol sa balota ng estado ay magkakabisa matapos ang humigit-kumulang anim na linggo (hindi lalampas sa 43 araw) mula sa Araw ng Halalan. Mabibigyang-daan nito ang mga county na matapos ang pagbibilang ng mga balota at ang Kalihim ng Estado na mapatunayan ang mga resulta bago ang pagkakaroon ng bisa ng mga panukalang-batas na ito ukol sa balota.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Posibleng Magkaroon ng Maliit na Epekto o Hindi Magkaroon ng Epekto sa Pananalapi. Sa kasalukuyan, ang mga panukalang-batas ukol sa balota ng estado ay pangkalahatang nagkakabisa sa araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Gayunpaman, bihira para sa mga panukala na mabago ang mga kita o panggastos nang malaki ng estado o lokal na pamahalaan nang mga linggo lang pagkatapos ng Araw ng Halalan. Dahil dito, ang pagpapaliban ng petsa ng pagkakabisa ng mga panukalang-batas ukol sa balota nang ilang linggo ay posibleng magkaroon ng maliit na epekto o hindi makaapekto sa mga pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan.

Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/jun-18-primary.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng kumpletong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at padadalhan kayo ng libreng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON
71
NAGTATAKDA SA PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA PARA SA MGA PANUKALA SA BALOTA.
LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 71 ★

Ang Proposisyon 71 ay isang simple at sentido kumon na pagpapahusay sa ating mga batas ukol sa halalan, na magtitiyak sa mga tumpak na resulta kasunod ng pag-apruba ng panukalang-batas ukol sa balota ng mga botante. Isa itong hindi kontrobersyal na pagsasaayos ng saligang-batas na may suportang doble-partidista.

Isinasakatuparan ng Proposisyon 71 na ang isang inisyatibang batas, reperendum, o pag-aamyenda ng saligang-batas, na inaprubahan ng mga botante, ay magkaroon ng bisa *pagkatapos* ganap at kumpletong mabilang ng Kalihim ng Estado ang lahat ng boto at makapaghain siya ng Pahayag sa Boto.

Sa ilalim ng umiiral na batas ang isang inisyatibang batas, reperendum, o pag-aamyenda ng saligang-batas, na inaprubahan ng mga botante, ay dapat magkaroon ng bisa sa araw pagkatapos ng halalan, maliban kung hindi tinukoy ng mismong panukala. Gayunpaman, ang umiiral na batas ay may ilang kawalan ng katiyakan para sa mga Californian na direktang naaapektuhan ng mga proposisyon. Halimbawa na rito ang Proposisyon 67 (2016), isang reperendum na nauugnay sa pagbabawal ng mga plastic bag na isang beses lang magagamit, na isinabatas ng Gobernador noong 2014. Bumoto ng pabor ang mga Californian sa Proposisyon 67 na nagpahintulot sa pagbabawal na ito, gayunpaman, sa itinalaga ng Lehislatura, nanatili pa rin ang katanungan kung kailan magkakaroon ng bisa ang aktwal na pagbabawal. Ang Proposisyon 71 ay magbibigay-linaw sa naturang pagkalito sa mga halalan sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapalit ng petsa ng pagpapatupad ng mga panukala pagkatapos masertipika ng Kalihim ng Estado ang mga resulta ng halalan, na magbibigay ng malinaw na petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa mga pambuong-estadong proposisyon.

Papahusayin ng Proposisyon 71 ang katumpakan ng mga resulta ng pambuong-estadong halalan. Noong 2016, 53% ng lahat ng botante (humigit-kumulang 9.2 milyong Californian) ang nagparehistro para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Dahil sa ginhawang dulot nito, posible itong isaalang-alang ng mas maraming botante, na magpapataas naman sa bilang ng mga pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang kalakarang ito, na bagama't naghihikayat sa pakikilahok ng botante, ay nagpatagal din sa panahon ng pagbilang ng mga balota. Dapat makumpirma ng mga opisyal ng halalan ang katayuan ng pagpaparehistro ng bawat botante at patunayan ang lagda ng bawat botante sa sobre para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Bukod pa rito, maaaring dumating ang mga ipinadalang balota sa pamamagitan ng koreo sa opisina ng halalan ng county sa, o nang hanggang tatlong araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Sa ilang sitwasyon, maaaring maging masyadong dikit ang mga resulta ng halalan.

Dati pa man, naranasan nang nagbabago ang mga resulta ng halalan pagkatapos ng bilangan ng boto sa Araw ng Halalan. Kapag inilipat ang pagpapatupad ng petsa ng mga inisyatiba, reperendum, o pag-aamyenda ng saligang-batas pagkatapos masertipika ng Kalihim ng Estado ang mga resulta ng halalan, matitiyak ang tama at wastong pagpapatupad ng mga panukalang-batas ukol sa balota. Mangyaring bumoto ng “OO”sa Proposisyon 71.

KEVIN MULLIN, Pansamantalang Tagapagsalita
Asembleya ng Estado ng California
RALPH E. SHAFFER, Propesor Emeritus
Cal Poly Pomona
HELEN HUTCHISON, Presidente
Liga ng Mga Kababaihang Botante ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 71 ★

Ayon sa kasalukuyang pahayag ng Saligang-batas ng Estado, ang isang panukalang-batas ukol sa balota na inaprubahan ng mga botante ay nagkakabisa (maliban kung iba ang nakatala sa panukala) *“sa araw pagkatapos ng halalan.”*

Dahil ang isang panukala ay hindi (ayon sa pagkakasunod-sunod) magkakabisa hanggang sa matukoy at masertipika ang resulta ng boto, nangangahulugan ang pariralang *“sa araw pagkatapos ng halalan”* na ang isang papasang panukala ay maaaring maging retroaktibo sa mas maagang petsang iyon.

Sa kasong binanggit ng mga tagapagtaguyod, ang desisyon ng mga botante noong 2016 sa reperendum na magpapatupad sa pagbabawal ng Lehislatura sa plastic bag na isang beses lang magagamit ay nagkaroon ng bisa noong nasertipika ang resulta ng halalan, at hindi na naging mahalaga ang mas maagang petsa. Ngunit kung minsan, maaaring maging mahalaga ang mas maaga (retroaktibo) na petsa.

Halimbawa, ipagpalagay nating mayroong inisyatiba sa Hunyo 5, 2018 na balota na nagpapanukalang ang mga taong paulit-ulit na nangmolestiya ng mga bata ay dapat masintensyahan ng mga hukom ng habambuhay na pagkakakulong nang walang posibilidad ng parol.

Kung papasa ang Proposisyon 71, ang bagong batas sa habambuhay na pagkakakulong (na nasa pagpapalagay sa itaas) ay hindi magkakaroon ng bisa hanggang sa pinal na sertipikasyon ng boto—na magbibigay din ng panahon (hanggang 38 araw sa kasalukuyan) sa mga nangmolestiya na mang-atake nang mas maraming biktima alinsunod sa batas sa pagpapataw ng sintensya na nakita ng mga botante na naaangkop sa pagbabago.

Mukhang ang Proposisyon 71 ay hindi kinakailangan at may mga disbentahe sa ilang sitwasyon.

GARY WESLEY

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 71 ★

Isa itong panukala ng Lehislatura ng Estado na amyendahan ang dalawang probisyon ng Saligang-batas ng California hinggil sa mga pinakapambuong-estado na panukalang-batas ukol sa estado.

Ang ilang panukalang-batas ukol sa balota (kabilang ang isang ito) ay ipinapanukala ng Lehislatura ng Estado; ang iba naman ay kwalipikado para sa balota sa pamamagitan ng proseso ng petisyon ng botante.

Anumang oras na ipanukala ng Lehislatura ng Estado na baguhin ang proseso, karapat-dapat lang na masuri nang mabuti ang panukala. Posibleng hindi pumabor ang karamihan ng mambabatas sa mga panukala na nagbibigay-daan sa kwalipikasyon ng balota sa pamamagitan ng proseso ng petisyon. Karaniwan, ginagamit ang proseso ng petisyon kapag ang Lehislatura ay hindi gagawa ng pagbabago sa sarili nito o nagpasa ito ng batas na gustong suspindihin o alisin ng mga botante sa pamamagitan ng “reperendum.”

May kaunting peligro sa panukalang ito, maaaring iantala ng Lehislatura ng Estado, sa hinaharap at sa pamamagitan ng sarili nitong pagpapatupad, ang tagal ng pagdedeklara ng Kalihim ng Estado ng kinalabasan ng halalan sa mga panukala (kasalukuyang 38 araw) at samakatuwid, hindi masusunod ang proseso.

Narito ang buod ng Lehislatura sa panukalang ito (sa tinatawag na Pag-aamyenda sa Saligang-Batas ng Asembleya—“ACA 17”) :

Isinasakatuparan ng Saligang-batas ng California na ang isang inisyatibang batas, reperendum, o pag-aamyenda o pagrebisa sa saligang-batas, na aaprubahan ng mayorya ng mga botante, ay magkakabisa pagkatapos ng araw ng halalan maliban kung iba ang nakatala sa panukala. Inaatasan ng umiiral na batas ang Kalihim ng Estado na ipunin ang mga resulta ng lahat ng pambuong-estadong panukala, at maghanda, magsertipika, at maghain ng pahayag ng boto mula sa mga naipong resulta nang hindi lalampas sa ika-38 araw pagkatapos ng halalan.

Sa halip, magbibigay ang panukalang ito ng inisyatibang batas, reperendum, o pag-aamyenda o pagrebisa ng saligang-batas na inaprubahan ng mayorya ng mga botante na magkakaroon ng bisa 5 araw pagkatapos maghain ng Kalihim ng Estado ng pahayag ng boto para sa halalan kung saan pagbobotohan ang panukala, at malilinaw ng panukala na ang isang inisyatibang batas, reperendum, o pag-aamyenda o pagrebisa ng saligang-batas ay maaaring ipatupad pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon nito ng bisa. Ang panukalang ito ay gagawa rin ng hindi malalaking pagbabago sa mga probisyong ito.

Bagama't wasto ang buod, maaaring may mga magtaka kung tinutugunan ng Lehislatura ang totoong problema sa umiiral na nilalaman ng Saligang-batas (ipinapatupad simula pa noong 1970). Walang batas na ipinatupad ng mga botante ang maaaring magkaroon ng bisa bago matukoy ang resulta ng boto. Gaya ng kasalukuyang nakasulat, ang nilalaman ay gagawa ng mga retroaktibong pagbabago sa araw pagkatapos ng isang halalan (maliban kung iba ang nakatala sa ipinapatupad na pagbabago). Ang mga susog na ipinapanukala ng panukalang ito ay mag-aalis sa nasabi (at retroaktibo) na petsa ng pagkakaroon ng bisa para sa isang batas na ipinatupad ng mga botante ng estado.

Marahil, mas maipapaliwanag ng mga tagapagtaguyod kung bakit kinakailangan ang panukalang ito.

GARY WESLEY

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 71 ★

Ang Pag-aamyenda ng Saligang-batas ng Asembleya 17, na inihaharap ngayon sa mga botante ng California bilang Proposisyon 71, ay nakapasa sa dalawang kapulungan ng Lehislatura nang may suporta mula sa mga Republikano at Demokratiko. Walang kahit isang nalagak na botong “HINDI”. Bakit? Dahil sa doble-partidistang paraan, sang-ayon ang mga mambabatas na ang Proposisyon 71 ay isang bahagya, at teknikal, ngunit kinakailangang pagsasaayos. Naglilinaw ang Proposisyon 71 ng isyu na maaaring lumitaw bilang resulta ng pagdami ng mga botante ng pumipiling bumoto sa pamamagitanng koreo.

Nag-aatas ang kasalukuyang batas na ang mga inisyatiba sa balota ay maipatupad pagkatapos ng araw ng halalan. Nililinaw lang ng Proposisyon 71 ang umiiral na batas na maging naaayon sa katotohanan na ang ilang resulta ng halalan ay maaaring hindi matukoy sa loob ng ilang araw pagkatapos ng halalan.

Nakatala sa pagsusuri ng Senado ng Estado ng California na: “Iaantala ng Proposisyon 71 ang pagpapatupad ng inisyatiba o reperenda hanggang sa loob ng limang araw pagkatapos ilabas ng Kalihim ng Estado ang Pahayag ng Boto. Sa pamamagitan ng pag-antala sa pagpapatupad hanggang sa masertipika ang batas, tinitiyak ng panukalang ito na magagawa ang tama at wastong pagpapatupad ng panukalang-batas ukol sa balota.”

Alinsunod sa batas ng California, ang lahat ng pagbabago sa Saligang-batas ay dapat aprubahan ng mga botante. Sa sarili nito, hindi magagawa ng Lehislatura na iantala ang pagpapatupad ng mga inisyatibang ipinatupad ng mga botante. Noong 1970, walang sinuman ang nag-akalang lalaki ang mga botong inilalagak sa pamamagitan ng koreo, gaya ng nararanasan natin sa ngayon. Ang Proposisyon 71 ay isang bahagya at simpleng pagsasaayos na naglalayong maglinaw ng umiiral na batas. Mangyaring bumoto ng OO sa Proposisyon 71.

KEVIN MULLIN, Pansamantalang Tagapagsalita
Asembleya ng Estado ng California, Distrito 22
MARC BERMAN, Tagapangulo, Komite ng Asembleya sa Mga Halalan at Muling Pagdidistrito
Asembleya ng Estado ng California, Distrito 24
HENRY STERN, Tagapangulo, Komite ng Senado sa Mga Halalan at Mga Pag-aamyenda sa Saligang-batas
Senado ng Estado ng California, Distrito 27

PROPOSISYON

72

PINAPAHINTULUTAN ANG LEHISLATURA NA IBUKOD ANG MGA BAGONG TAYONG SISTEMANG PANSALO NG ULAN SA KINAKAILANGANG MULING PAGTATASA NG BUWIS NG ARI-ARIAN. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

Makikita ang teksto ng panukalang ito sa website ng Kalihim ng Estado sa *http://voterguide.sos.ca.gov/.*

- Maliban sa ilang partikular na sitwasyon, sa ilalim ng Saligang-Batas ng California, ang konstruksiyon sa kasalukuyang ari-arian ay nangangailangan ng muling pagtatasa para sa mga layunin ng pagbubuwis.
- Pinapahintulutan ng Saligang-Batas ng California ang Lehislatura na ibukod ang ilang konstruksiyon sa kasalukuyang ari-arian mula sa mga kinakailangan sa muling pagtatasa sa buwis ng ari-arian.
- Inaamyendahan ang Saligang-Batas ng California upang pahintulutan ang Lehislatura na ibukod ang konstruksiyon o pagdaragdag ng mga sistemang pansalo ng ulan mula sa uri ng konstruksiyon na mangangailangan ng muling pagtatasa ng buwis ng ari-arian.
- Maaangkop sa konstruksiyon o pagdaragdag ng mga sistemang pansalo ng ulan na makukumpleto sa o pagkalipas ng Enero 1, 2019.

BUOD NG PAGTATANTIYA NG MANUNURI NG LEHISLATURA SA EPEKTO SA NETONG PANANALAPI NG PAMAHALAAN NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Malamang na maliit na bawas sa mga kita sa taunang pagbubuwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan.

MGA PINAL NA NAITALANG BOTO NG LEHISLATURA SA SCA 9 (PROPOSISYON 72)
(KABANATA 1 NG RESOLUSYON, MGA PAGBABATAS NG 2018)

Senado:	Mga Oo 39	Mga Hindi 0
Asembleya:	Mga Oo 76	Mga Hindi 0

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI

BATAYAN

Ang Mga Panustos na Tubig ng California ay Maaaring Maging Limitado sa Ilang Taon. Ang California ay may malawak na sistema ng tubig mula sa hilagang bahagi ng estado—kung saan pinakamarami ito—patungo sa mga bukirin at lungsod sa iba pang bahagi ng estado. Karaniwan ay inihahatid ang tubig sa mga bahay at iba pang gusali sa pamamagitan ng mga lokal na pampublikong sistema ng patubig. Ang dami ng tubig na magagamit sa pamamagitan ng mga sistema ng tubig na ito ay maaaring lubos na mag-iba-iba kada taon. Sa mga taong walang ulan at niyebe, maaaring maging mahirap magbigay ng sapat na tubig para sa lahat ng sakahan, residente, at negosyo ng estado. Bilang pagtugon, naghanap ng iba pang paraan ang estado at mga lokal na pamahalaan upang makapagbigay ng tubig sa mga taong gusto nito.

Ang Mga Sistema na Pansalo ng Tubig-ulan ay Nagkokolekta ng Tubig na Magagamit sa Lugar Kung Saan Ito Nakakabit. Ang mga sistema na pansalo ng tubig-ulan ay isang paraan sa pagdaragdag ng mga panustos ng tubig. Ang sistema na pansalo ng tubig-ulan ay nagkokolekta at nag-iipon ng tubig-ulan na tumutulo mula sa bubong ng isang gusali. Gumagamit ang sistema ng mga tubo upang idirekta ang tubig mula sa mga bubong at alulod patungo sa malalaking tangkeng imbakan. Magagamit ang mga nakaimbak na tubig para sa mga bagay gaya ng pagdidilig ng mga halaman o paglilinis ng mga palikuran. Bilang resulta, binabawasan ng mga sistemang ito kahit papaano ang pangangailangan sa tubig mula sa mga lokal na sistema ng patubig. Ang mga sistema na pansalo ng tubig-ulan na nakakabit sa mga tahanan ay karaniwang nagkakahalaga ng ilang daang dolyar hanggang sa ilang libong dolyar. Ang mga sistemang nakakabit sa ilang ari-ariang negosyo o paupahan ay karaniwang nagkakahalaga ng ilang libong dolyar hanggang sa ilang daang libong dolyar.

Ang Mga Lokal na Pamahalaan ay Nagpapataw ng Mga Buwis sa Mga May-ari ng Ari-arian. Ang mga lokal na pamahalaan ng California—mga lungsod, county, paaralan, at espesyal na distrito—ay nagpapataw ng mga buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng ari-arian batay sa halaga ng kanilang ari-arian. Kasama sa ari-arian ang lupa at anumang gusali o pagpapahusay sa lupa. Ang mga buwis sa ari-arian ay isang pangunahing mapagkukunan ng kita para sa mga lokal na pamahalaan, na nakakalikom ng higit sa $60 bilyon kada taon sa buong estado.

Pagkalkula sa Bayarin sa Buwis ng May-ari ng Ari-arian. Ang taunang bayarin sa buwis sa ari-arian ng bawat may-ari ng ari-arian ay katumbas ng

PAGSUSURI NG PAMBATASANG TAGASURI **IPINAGPATULOY**

nabubuwisang halaga ng kanilang ari-arian na imu-multiply sa halaga ng buwis sa kanilang ari-arian. Ang karaniwang halaga ng buwis sa ari-arian ng may-ari ng ari-arian ay 1.1 porsyento. Sa taon kung kailan binili ang isang ari-arian, ang nabubuwisang halaga nito ay ang presyo kung magkano ito ibinenta. Sa bawat taon pagkatapos noon, inaakma ang nabubuwisang halaga ng ari-arian para sa implasyon (hanggang 2 porsyento). Magpapatuloy ito hanggang sa muling ibenta ang ari-arian at buwisan sa halaga ng pagbebenta rito.

Ang Mga Pagpapahusay sa Ari-arian ay Nagdudulot ng Mas Mataas na Bayarin sa Buwis. Kapag gumawa ng pagpapahusay ang isang may-ari ng ari-arian sa kanyang ari-arian, karaniwang isinasapanahon ng tagatasa ng county ang nabubuwisang halaga ng ari-arian upang maisama ang pagpapahusay. Tutukuyin muna ng tagatasa ng county ang halaga ng pagpapahusay. Ang halaga ng pagpapahusay ay batay sa gastos ng paggawa sa pagpapahusay at kung gaano nito pinapataas ang halaga ng ari-arian kung ibebenta ito. Pagkatapos nito, idaragdag ng tagatasa ng county ang halaga ng pagpapahusay sa naunang nabubuwisang halaga ng ari-arian upang matukoy ang bagong nabubuwisang halaga ng ari-arian.

May Ilang Partikular na Pagpapahusay na Hindi Nakakapagpataas sa Mga Binabayarang Buwis. Inaatas sa mga naunang panukala na inaprubahan ng mga botante na huwag bilangin ng mga tagatasa ng county ang halaga ng ilang partikular na uri ng pagpapahusay sa ari-arian sa nabubuwisang halaga ng isang ari-arian. Ang mga naturang pagpapahusay ay kinabibilangan ng mga solar panel, fire sprinkler, at ilang partikular na pagpapahusay para sa kaligtasan sa lindol.

MUNGKAHI

Hindi Bibilangin ang Mga Sistema na Pansalo ng Tubig-ulan sa Nabubuwisang Halaga. Pinapayagan ng panukalang ito, na nag-aamyenda sa Saligang-batas ng Estado, ang Lehislatura na huwag ibukod ang halaga ng kagagawa pa lang na sistema na pansalo ng tubig-ulan sa nabubuwisang halaga ng isang ari-arian. Sa simula ng taong ito, nagpasa ng batas ang Lehislatura na ipatupad ang panukalang ito kung aaprubahan ito ng mga botante. Sa ilalim ng batas na ito, hindi tataas ang mga bayarin sa buwis sa ari-arian nang dahil sa anumang sistemang ikakabit sa pagitan ng Enero 1, 2019 at Disyembre 31, 2028. Ilalapat ang mga pagtitipid sa buwis sa ari-arian na ito hanggang sa maibenta ang ari-arian. Kung magkakabit ang isang tagapagpaunlad ng sistema sa isang bagong gusali, maaaring hilingin ng unang bibili na matamo ang mga pagtitipid sa buwis sa ari-arian para sa sistema.

Isang Halimbawa. Narito ang isang halimbawa ng mga pagtitipid sa buwis sa ari-arian na inihahatid ng panukalang ito. Ipagpalagay na ang isang tahanan ay may nabubuwisang halaga na $400,000 at ang taunang bayarin sa buwis ng may-ari ng tahanan ay $4,400 ($400,000 na na-multiply sa 1.1 porsyento). Nagbayad ng $5,000 ang may-ari ng tahanan upang magpakabit ng sistema na pansalo ng tubig-ulan. Kung wala ang panukalang ito, itataas ng tagatasa ng county ang nabubuwisang halaga ng tahanan sa $405,000. Tataas ang taunang bayarin sa buwis ng may-ari ng tahanan sa $4,455 ($405,000 na na-multiply sa 1.1 porsyento). Sa panukalang ito, hindi magbabago ang nabubuwisang halaga at bayarin sa buwis ng tahanan. Ang taunang bayarin sa buwis ng may-ari ng tahanan ay mananatiling $4,400, $55 na mas mababa kung walang ganitong panukala.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Malamang na May Kaunting Pagbaba sa Mga Kita sa Buwis sa Ari-arian. Ang panukalang ito ay magreresulta sa mas mababababang pagbabayad sa buwis para sa mga may-ari ng ari-arian na magkakabit ng mga sistema na pansalo ng tubig-ulan sa mga dati nang gusali o na bibili ng mga bagong gusali na may mga ganitong sistema. Ang mas mababang pagbabayad sa buwis sa ari-arian ay katumbas ng mas mababang kita para sa mga lokal na pamahalaan. Sa buong estado, maaaring mababa lang ang mga mangyayaring pagkawala ng kita sa buwis sa ari-arian na ito, hindi hihigit sa ilang milyong dolyar kada taon. Ito ay dahil sa ang mga ari-ariang may mga bagong sistema na pansalo ng tubig-ulan ay malamang na magbabayad ng napakaliit na bahagi ng lahat ng pagbabayad sa buwis sa ari-arian sa mga susunod na taon.

Bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2018-ballot-measure-contribution-totals/* para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo upang suportahan o tutulan ang panukalang ito. Bumisita sa *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/jun-18-primary.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Kung gusto ninyo ng kopya ng kumpletong teksto ng panukala ng estado, pakitawagan ang Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 o maaari kayong mag-email sa *vigfeedback@sos.ca.gov* at padadalhan kayo ng libreng kopya sa pamamagitan ng koreo.

PROPOSISYON **72** PINAPAHINTULUTAN ANG LEHISLATURA NA IBUKOD ANG MGA BAGONG TAYONG SISTEMANG PANSALO NG ULAN SA KINAKAILANGANG MULING PAGTATASA NG BUWIS NG ARI-ARIAN. LEHISLATIBONG AMYENDA SA SALIGANG-BATAS.

★ PANGANGATWIRANG PABOR SA PROPOSISYON 72 ★

Pipiligan ng botong oo sa Proposisyon 72 ang pagtaas ng buwis sa ari-arian sa mga may-ari ng tahanan na nagkakabit ng mga sistema para sa pag-recycle ng tubig-ulan na napapakinabangan ng ating buong estado.

Iyon ay agarang kinakailangan dahil nakaranas ang California ng mga panahon ng tagtuyot at malamang na haharap ito sa higit pang tuyong panahon sa hinaharap.

Mas Maraming Tubig, Mas Mababababang Buwis.

Kapag binawasan ang parusa sa buwis para sa mga mamamayan ng California na nagkakabit ng mga sistema para sa pag-iimbak at muling paggamit ng tubig mula sa ating mga bubong, makakapagtabi tayo ng higit na tubig para sa ating lahat at maaari nitong pababain ang mga singilin sa tubig para sa milyun-milyong mamamayan ng California. Nagtatabi ito ng mahalagang inuming tubig para sa mga residente ng California at binibigyang-daan tayo na mas kaunting tubig ang kunin mula sa ating mga lawa, ilog, at batis, na nakakatulong sa isda at ligaw na buhay na nakadepende sa sariwang tubig para sa kanilang tirahan at pagkain.

Sinusuportahan ng Mga Grupong Panlabas at Pangkalikasan.

Ang botong oo sa Proposisyon 72 ay sinusuportahan ng mga grupong pangkalikasan sa buong California, kasama ang Save The Bay, Liga ng Pagpaplano at Konserbasyon, at Trout Unlimited. Ang konserbasyon ng tubig at pag-iimbak ng tubig na nagsasaalang-alang sa kapakanan ng kalikasan ay mahahalagang elemento ng ating pagtugon laban sa tagtuyot.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas, tataas ang mga buwis kapag gumawa ng mga pagpapaganda sa tahanan ang mga may-ari ng ari-arian—kahit na may pambuong-estadong kapakinabangan sa mga naturang pagpapaganda. Papahintulutan ng Proposisyon 72 ang mga tao na magkabit ng mga sistema na pansalo sa tubig-ulan nang hindi pinapatawan ng mas matataas na buwis.

Ang Australia ay nakaranas ng matinding tagtuyot at ginamit nila ang mga sistema para sa pag-recycle ng tubig-ulan bilang bahagi ng kanilang solusyon. Sa kasalukuyan, isang-katlo ng mga tahanan sa Australia ang may pansalo ng tubig-ulan mula sa kanilang mga bubong.

Inaprubahan ng mga botante ng California ang isang katulad na reporma sa buwis para sa mga sistemang solar. Dahil hindi inaatasan ang mga may-ari ng tahanan na magbayad ng mas matataas na buwis kapag nagkabit sila ng solar sa bubungan, mas mababa ang mga halaga ng ating kuryente. Kapag bumoto ng Oo sa Proposisyon 72, bibigyang-daan tayo nitong magkaroon ng katulad na oportunidad.

Ihinto ang Hindi Patas na Buwis sa Konserbasyon ng Tubig!

Hindi patas at hindi tamang taasan ang mga buwis sa mga mamamayan ng California na nag-iipon ng tubig-ulan mula sa kanilang mga bubong upang makapagtipid ng ating inuming tubig. Ito ang dahilan kung bakit sumang-ayon ang Senado ng Estado at Asembleya ng Estado ng California, sa *nagkakaisang boto ng dalawang partido,* na ilagay ang panukalang ito sa balota.

Makikinabang tayong lahat sa pag-iimbak at muling paggamit ng tubig-ulan. Hindi dapat magbayad ng parusa sa buwis ang mga tao para sa pagtitipid ng tubig. Mangyaring bumoto ng Oo sa Proposisyon 72.

Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa *SaveCaWater.org*

STEVE GLAZER, Senador ng Estado ng California

DAVID LEWIS, Direktor na Tagapagpangap

Save The Bay

HOWARD PENN, Direktor na Tagapagpangap

Liga ng Pagpaplano at Konserbasyon

Ang mga nakalimbag na pangangatwiran sa pahinang ito ay opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng anumang opisyal na ahensiya.

WALANG ISINUMITENG PANGANGATWIRAN NA LABAN SA PROPOSISYON 72.

PANGKALAHATANG-TANAW NG UTANG SA BONO NG ESTADO

INIHANDA NG PAMBATASANG TAGASURI

Inilalarawan ng seksyong ito ang utang sa bono ng estado. Tinatalakay rin nito kung paano makakaapekto ang Proposisyon 68—ang $4.1 bilyong na mungkahi sa bono ng mga natural na mapagkukunan—sa mga gastusin sa bono ng estado.

Batayan

Ano ang Mga Bono? Ang mga bono ay isang paraan sa pag-utang ng pera ng mga pamahalaan at kumpanya. Ang pangunahing dahilan ng pamahalaan ng estado sa paggamit ng mga bono ay upang magbayad para sa pagpaplano, konstruksyon, at pagsasaayos ng mga proyekto ng imprastraktura gaya ng mga tulay, dam, bilangguan, parke, paaralan, at gusali ng opisina. Ang estado ay nagbebenta ng mga bono sa mga mamumuhunan upang makatanggap ng "maagang" pagpopondo para sa mga proyektong ito at pagkatapos ay babayaran nito ang mga mamumuhunan, nang may interes, sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon.

Bakit Ginagamit ang Mga Bono? Isang pangunahing dahilan para sa pagbibigay ng mga bono ang katotohanan na karaniwang naghahatid ng serbisyo ang mga imprastraktura sa loob ng maraming taon. Ibig sabihin, makatuwiran lang na tumulong ang mga tao, sa kasalukuyan at hinaharap, sa pagbabayad para sa mga proyekto. Bukod dito, maaaring maging mahirap bayaran nang buo ang malalaking gastusin para sa mga proyektong ito.

Ano ang Mga Pangunahing Uri ng Mga Bono? Ang dalawang pangunahing uri ng mga bono na ginagamit ng estado upang magpondo para sa imprastraktura ay ang mga pangkalahatang obligasyong bono (na dapat aprubahan ng mga botante) at ang mga bono ng kita sa pag-upa (na hindi kailangang aprubahan ng mga botante). Ang karamihan sa mga pangkalahatang obligasyong bono at bono ng kita sa pag-upa ng pamahalaan ay binabayaran mula sa Pangkalahatang Pondo. Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing gumaganang kuwenta ng estado, na ginagamit nito upang magbayad para sa edukasyon, mga bilangguan, pangangalagang pangkalusugan, at iba pang serbisyo. Ang Pangkalahatang Pondo ay pangunahing sinusuportahan ng kita at mga kita sa buwis sa pagbebenta.

Ano ang Mga Halaga ng Pagtustos sa Bono? Pagkatapos magbenta ng mga bono, magbibigay ng mga taunang pagbabayad ang estado sa loob ng ilang susunod na dekada hanggang sa mabayaran ang mga bono. (Malaki ang pagkakatulad nito sa paraan ng pagbabayad ng isang pamilya sa pautang sa bahay.) Ang taunang halaga ng pagbabayad sa bono ay pangunahing nakadepende sa halaga ng interes sa kabuuan ng panahong kailangang bayaran ang mga bono. Kung ipapagpalagay na may 5 porsyentong halaga ng interes, para sa bawat $1 na inutang, magbabayad ang estado ng halos $2 sa loob ng pangkaraniwang panahon ng pagbabayad. Sa halagang $2 na iyon, may mapupuntang $1 sa pagbabayad sa halagang inutang (ang principal) at halos $1 para sa interes. Malamang na magkaroon ng malaking implasyon sa kabuuang panahon kung kailan binabayaran ng estado ang mga bonong ito. Nangangahulugan ito na ang mga dolyar na ginagamit sa pagbabayad sa mga bonong ito sa hinaharap ay magkakaroon ng mas mababang halaga kumpara sa halaga ng mga ito ngayon. Alinsunod dito, pagkatapos magtuos para sa implasyon, ang halaga ng pagbabayad para sa mga bonong ito ay mas mababa—humigit-kumulang $1.50 para sa bawat $1 na inutang.

Mga Bono sa Imprastraktura at ang Badyet ng Estado

Halaga ng Utang sa Pangkalahatang Pondo. Ang estado ay may humigit-kumulang $83 bilyon ng mga bono sa imprastraktura na sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo kung saan nagbabayad ito ng principal at interes. Bukod dito, inaprubahan ng mga botante at Lehislatura ang humigit-kumulang $36 bilyon ng mga bonong sinusuportahan ng Pangkalahatang Pondo na hindi pa naibebenta. Ang karamihan sa mga bonong ito ay inaasahang mabebenta sa mga susunod na taon dahil kailangan ng mga karagdagang proyekto ng pagpopondo. Noong 2017–18, ang mga pagbabayad sa bono sa imprastraktura ng Pangkalahatang Pondo ay umabot sa halos $6 bilyon.

Ang Epekto ng Halalang ito sa Mga Pagbabayad sa Utang. Bibigyang-daan ng mungkahi sa bono sa mga natural na mapagkukunan sa balotang ito (Proposisyon 68) ang estado na umutang ng karagdagang $4 bilyon sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga pangkalahatang obligasyong bono sa mga mamumuhunan. Ang halagang kinakailangan sa pagbabayad sa principal at interes sa mga bonong ito, na tinatawag ding serbisyo sa utang, ay dedepende sa mga partikular na detalye ng mga pagbebenta ng bono. Ipinapagpalagay namin na may 5 porsyentong halaga ng interes at na ibibigay ang mga bono sa loob ng sampung taon. Ipinapagpalagay rin namin na ang mga huling bono

PANGKALAHATANG-TANAW NG UTANG SA BONO NG ESTADO

IPINAGPATULOY

ay babayaran 30 taon pagkatapos maibigay ang mga pinal na bono. Batay sa mga pagpapalagay na ito, ang tinatayang average na taunang gastos ng Pangkalahatang Pondo ay magiging humigit-kumulang $200 milyon sa susunod na 40 taon. Ito ay humigit-kumulang mas malaki ng 3 porsyento kumpra sa mga kasalukuyang paggastos ng estado mula sa Pangkalahatang Pondo para sa serbisyo sa utang. Tinataya namin na ang panukala ay mangangailangan ng kabuuang pagbabayad sa serbisyo sa utang na nagkakahalagang humigit-kumulang $7.8 bilyon sa loob ng 40 taon kung kailan babayaran ang mga bono.

Ang Epekto ng Halalang ito sa Gagamiting Bahagi ng Mga Kita ng Estado sa Pagbabayad sa Utang. Isang tagapagpahiwatig ng sitwasyon sa utang ng estado ang bahagi ng mga taunang kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado na dapat itabi para sa mga pagbabayad sa serbisyo sa utang sa mga bono sa imprastraktura. Kilala ito bilang ang ratio ng utang at serbisyo (debt service ratio o DSR) ng estado. Dahil dapat gamitin ang mga kitang ito sa pagbabayad ng utang, hindi magagamit ang mga ito sa paggastos sa iba pang programa ng estado, gaya ng pagpapatakbo ng mga kolehiyo o para sa pagbabayad ng pangangalagang pangkalusugan. Gaya ng ipinapakita sa larawan 1, medyo mas mababa na ngayon ang DSR sa 5 porsyento ng mga taunang kita sa Pangkalahatang Pondo. Kung hindi aaprubahan ng mga botante ang iminungkahing bono sa mga natural na mapagkukunan sa balotang ito, sa tantiya namin, malamang na mananatili ang DSR ng estado sa mga naawtorisahan nang bono sa medyo mas mababa sa 5 porsyento sa ilang susunod na taon at bababa pa pagkatapos nito. Kung inaprubahan ng mga botante ang iminungkahing bono sa mga natural na mapagkukunan sa balotang ito, sa tantiya namin, mapapataas nito ang DSR sa wala pang isang-ikalima ng isang punto ng porsyento kumpara sa kung ano ang dapat na magiging antas nito. Ang DSR ng estado sa hinaharap ay magiging mas mataas sa ipinapakita sa larawan kung mag-aapruba ang mga botante ng mga karagdagang bono sa hinaharap.

Pigura 1

Proporsiyon ng Serbisyo sa Utang ng Pangkalahatang Pondo

Porsiyento ng Mga Kita ng Pangkalahatang Pondo na Nagastos sa Serbisyo sa Utang



Mga Halalan sa California

Ang Nangungunang Dalawang Kandidato Inaatas ng Batas sa Bukas na Primarya na ilista ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa iisang balota. Dating tinatawag na mga partidistang katungkulan, ang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay mga pambatasang katungkulan sa estado, katungkulan sa kongreso ng U.S., at katungkulan sa estado na naaayon sa saligang-batas.

Sa parehong bukas na primarya at pangkalahatang halalan, maaari kayong bumoto para sa sinumang kandidato anuman ang kinakatigang partido na tinukoy ninyo sa inyong form ng pagpaparehistro ng botante. Sa primaryang halalan, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto—anuman ang kinakatigang partido—ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Kung matanggap ng isang kandidato ang mayorya ng boto (50 porsyento +1), dapat pa ring magsagawa ng pangkalahatang halalan.

Hindi nalalapat ang sistema ng bukas na primarya ng California sa mga kandidatong tumatakbo para sa pagiging Presidente ng U.S., sentral na komite ng county, o mga lokal na katungkulan.

Ang mga isinusulat lamang na kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay maaari pa ring tumakbo sa primaryang halalan. Gayunpaman, makakapagpatuloy lang sa pangkalahatang halalan ang isang isinusulat lamang na kandidato kung ang kandidato ay isa sa nangungunang dalawa na may pinakamaraming nakuhang boto sa primaryang halalan. Bukod dito, walang proseso ng independiyenteng nominasyon para sa isang pangkalahatang halalan.

Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay isang di-partidistang katungkulan. Kung ang isang kandidato para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay makakatanggap ng mayorya ng boto (hindi bababa sa 50 porsyento +1) sa primaryang halalan, mahahalal ang kandidatong iyon, at wala nang gaganaping pangkalahatang halalan. May karagdagang impormasyon tungkol sa mga di-partidistang katungkulan sa ibaba.

Inaatas ng batas ng California na ilathala ang sumusunod na impormasyon sa patnubay na ito.

Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang nominado ng mga tao at hindi ang opisyal na nominado ng anumang partido sa pangkalahatang halalan. Dapat ay ihayag ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ang kanyang kinakatigang kwalipikadong partido, o kung wala siyang kinakatigang kwalipikadong partido, sa balota, ngunit ang kandidato lang ang pipili sa itatalagang kinakatigang partido at ipapakita para lang magbigay ng impormasyon sa mga botante. Hindi ito nangangahulugan na ang kandidato ay iminumungkahi o inirerekomenda ng itinalagang partido, o na may ugnayan sa pagitan ng partido at kandidato, at hindi dapat ituring ang sinumang kandidatong iminungkahi ng mga botante bilang opisyal na iminungkahing kandidato ng anumang partidong pampulitika. Sa patnubay na impormasyon para sa botante ng county, maaaring maglista ang mga partido ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na nakatanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Ang sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, kung natutugunan ng mga ito ang iba pang kuwalipikasyong kinakailangan upang bumoto para sa katungkulang iyon. Ang nangungunang dalawa na nakatanggap ng pinakamaraming boto ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit na nagtukoy ng parehong itinalagang kinakatigang partido ang mga kandidato. Walang karapatan ang anumang partido na patuluyin sa pangkalahatang halalan ang isang kandidato na nagtalaga ng kanilang partido bilang kinakatigang partido nito, maliban na lang kung ang kandidato ay isa sa dalawa sa mga may pinakamaraming boto sa primaryang halalan.

Mga Di-partidistang Katungkulan

Walang karapatan ang mga partidong pampulitika na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi opisyal na nominado ng anumang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Hindi maaaring italaga ng isang kandidato para sa nominasyon sa isang di-partidistang katungkulan ang kanyang kinakatigang partido, o ang kawalan niya ng kinakatigang partido, sa balota. Ang nangungunang dalawang may pinakamaraming boto sa primaryang halalan ay magpapatuloy sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

Ang Batas sa Pagpili ng Botante Ang Hinaharap ng Pagboto sa California

Simula sa 2018, matatanggap ng lahat ng rehistradong botante sa mga county ng Sacramento, San Mateo, Madera, Nevada, at Napa ang kanilang balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Ang mga botante sa mga kalahok na county ay magkakaroon ng 3 opsyon sa paraan ng pagboto:

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: Maaari ninyong ipadala sa koreo ang inyong sinagutang balota sa sandaling matanggap ninyo ito.

Kahong Hulugan ng Balota: Maaari ninyong ihulog ang inyong sinagutang balota sa anumang kahong hulugan ng balota ng county sa sandaling matanggap ninyo ito. Hindi kailangan ng selyo sa mga kahong hulugan ng balota.

Sentro ng Pagboto: Papalitan ng Mga Sentro ng Pagboto ang mga lugar na botohan. Maaari kayong personal na bumoto sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county. Ang Mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas sa loob ng hindi bababa sa 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

Sa bawat Sentro ng Pagboto, magagawa ninyong:

- Personal na bumoto
- Magparehistro upang bumoto o isapanahon ang inyong pagpaparehistro
- Ihulog ang inyong nasagutang balota
- Kumuha ng pamalit na balota
- Bumoto gamit ang isang madaling magagamit na makina sa pagboto
- Kumuha ng tulong at mga materyal sa pagboto sa maraming wika

Bakit Nagkaroon ng Ganitong Pagbabago?

Ang Batas sa Pagpili ng Botante ng California ay naging batas noong 2016 upang gawing mas mabilis at madali ang pagboto. Mapipili ninyo kung paano, kailan, at saan kayo boboto.

Kailan ako boboto?

Matatanggap ninyo ang inyong balota sa koreo ilang linggo bago ang halalan. Pagkatapos sagutan ang inyong balota, maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o sa anumang kahong hulugan ng balota o sentro ng pagboto ng county. Magbubukas ang mga sentro ng pagboto para sa personal na pagboto sa loob ng 11 araw, hanggang sa at kasama ang Araw ng Halalan.

Saan ako makakahanap ng kahong hulugan ng balota o sentro ng pagboto?

VotersChoice.sos.ca.gov

Paano kung hindi ko natanggap ang aking balota?

Bumisita sa anumang sentro ng pagboto sa inyong county o tumawag sa tagapagrehistro ng inyong county upang humiling ng kapalit.

Paano kung wala ako sa Kalahok na County?
Kung kayo ay nakatira sa isang county na kasalukuyang hindi kalahok sa Batas sa Pagpili ng Botante, patuloy kayong boboto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar na botohan. Makipag-ugnayan sa libreng hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 para sa higit pang impormasyon.

Impormasyon Tungkol sa Mga Pahayag ng Kandidato

Sa Patnubay na Ito

Kasama sa patnubay para sa botanteng ito ang impormasyon tungkol sa mga kandidato sa Senado ng U.S. at pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas na magsisimula sa pahina 37 ng patnubay na ito.

Ang mga kandidato ng Senado ng Estados Unidos ay maaaring bumili ng espasyo para sa kanilang pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botanteng ito. Gayunpaman, may ilang kandidatong pinipiling huwag bumili ng espasyo para sa pahayag.

Senado ng U.S.

Mario Nabliba	Republikano	Douglas Howard Pierce	Demokratiko
Adrienne Nicole Edwards	Demokratiko	Tom Palzer	Republikano
Kevin De León	Demokratiko	John Thompson Parker	Kapayapaan at Kalayaan
Roque “Rocky” De La Fuente	Republikano	James P. Bradley	Republikano
Donnie O. Turner	Demokratiko	Arun K. Bhumitra	Republikano
Paul A. Taylor	Republikano	Derrick Michael Reid	Libertaryan
Patrick Little	Republikano	Ling Ling Shi	Walang Kinakatigang Partido
Jerry Joseph Laws	Republikano	David Hildebrand	Demokratiko
Tim Gildersleeve	Walang Kinakatigang Partido	Jason M. Hanania	Walang Kinakatigang Partido
Michael Fahmy Girgis	Walang Kinakatigang Partido	Alison Hartson	Demokratiko
Don J. Grundmann	Walang Kinakatigang Partido	Pat Harris	Demokratiko
Rash Bihari Ghosh	Walang Kinakatigang Partido	Dianne Feinstein	Demokratiko
John “Jack” Crew	Republikano	Colleen Shea Fernald	Walang Kinakatigang Partido
Erin Cruz	Republikano	Lee Olson	Walang Kinakatigang Partido
Herbert G. Peters	Demokratiko	Kevin Mottus	Republikano
Gerald Plummer	Demokratiko	David Moore	Walang Kinakatigang Partido

Kasama sa batas ng California ang mga limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga kandidatong tumatakbo para sa katungkulan sa estado (hindi para sa pederal na katungkulan). Ang mga kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas para sa pagiging Gobernador, Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Abugado Heneral, Komisyonado ng Seguro, Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo, at Lupon ng Pagpapantay na pipiliing panatilihin ang kanilang mga gastusin sa kampanya sa ilalim ng mga partikular na dolyar na halaga ay maaaring bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato (hanggang 250 salita) sa patnubay para sa botante na ito.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga kandidato para sa pagiging Gobernador sa Pambuong-estadong Direktang Primaryang Halalan sa Hunyo 5, 2018 ay $8,753,000.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga kandidato sa pagiging Tenyente Gobernador, Kalihim ng Estado, Kontroler, Ingat-Yaman, Abugado Heneral, Komisyonado ng Seguro, at Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo sa Pambuong-estadong Direktang Primaryang Halalan sa Hunyo 5, 2018 ay $5,835,000.

Ang limitasyon sa boluntaryong paggastos para sa mga kandidato sa pagiging miyembro ng Lupon ng Pagpapantay sa Pambuong-estadong Direktang Primaryang Halalan sa Hunyo 5, 2018 ay $1,459,000.

Sa mga listahan ng kandidato sa mga susunod na pahina, ang asterisk (*) ay tumutukoy sa isang kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas na tumanggap sa mga limitasyon sa boluntaryong paggastos sa kampanya ng California, at dahil doon, may opsyong bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato sa patnubay para sa botante na ito. (May ilang kwalipikadong kandidato na pinipiling huwag bumili ng espasyo para sa pahayag ng kandidato.)

Ang mga pahayag ng kandidato sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas ay nasa pahina 46–83 ng patnubay para sa botante na ito.

Ang sumusunod na listahan ng mga kandidato para sa pambuong-estadong katungkulan na naaayon sa saligang-batas ay ang pinakabago hanggang sa pagtatapos ng panahon ng pagpapakita sa publiko na kinakailangan para sa patnubay para sa botanteng ito. Para sa pinal na sertipikadong listahan ng mga kandidato, na dapat maisapinal pagkatapos ilathala ng patnubay na ito, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/candidate-statements*.

Gobernador

Gavin Newsom	Demokratiko	Josh Jones*	Luntian
Robert C. Newman, II*	Republikano	J. Bribiesca*	Demokratiko
Delaine Eastin*	Demokratiko	Zoltan Istvan*	Libertaryan
Klement Tinaj*	Demokratiko	Amanda Renteria*	Demokratiko
Jeffrey Edward Taylor*	Walang Kinakatigang Partido	Travis Allen*	Republikano
Peter Y. Liu*	Republikano	Akinyemi Agbede*	Demokratiko
Gloria Estela La Riva*	Kapayapaan at Kalayaan	Desmond Silveira*	Walang Kinakatigang Partido
Yvonne Girard*	Republikano	Michael Shellenberger*	Demokratiko
Robert Davidson Griffis*	Demokratiko	Nickolas Wildstar*	Libertaryan
Shubham Goel*	Walang Kinakatigang Partido	Johnny Wattenburg*	Walang Kinakatigang Partido
Thomas Jefferson Cares*	Demokratiko	Antonio Villaraigosa	Demokratiko
Christopher N. Carlson*	Luntian	Albert Caesar Mezetti*	Walang Kinakatigang Partido
John Chiang	Demokratiko	Hakan “Hawk” Mikado	Walang Kinakatigang Partido
John H. Cox*	Republikano		

Tenyente Gobernador

Danny Thomas	Walang Kinakatigang Partido	Cole Harris	Republikano
Eleni Kounalakis*	Demokratiko	David Fennell*	Republikano
Cameron Gharabiklou*	Demokratiko	Tim Ferreira*	Libertaryan
Jeff Bleich*	Demokratiko	Lydia Ortega*	Republikano
Ed Hernandez*	Demokratiko	Gayle McLaughlin*	Walang Kinakatigang Partido
David R. Hernandez*	Republikano		

Kalihim ng Estado

Gail K. Lightfoot*	Libertaryan	C.T. Weber*	Kapayapaan at Kalayaan
Alex Padilla*	Demokratiko	Michael Feinstein*	Luntian
Erik Rydberg*	Luntian	Mark P. Meuser*	Republikano
Raul Rodriguez Jr.*	Republikano	Ruben Major*	Demokratiko

Kontroler

Betty T. Yee*	Demokratiko	Mary Lou Finley*	Kapayapaan at Kalayaan
Konstantinos Roditis*	Republikano		

Ingat-Yaman ng Estado

Jack M. Guerrero*	Republikano	Vivek Viswanathan*	Demokratiko
Greg Conlon*	Republikano	Fiona Ma*	Demokratiko
Kevin Akin*	Kapayapaan at Kalayaan		

Abugado Heneral

Eric Early*	Republikano	Xavier Becerra*	Demokratiko
Dave Jones*	Demokratiko	Steven C. Bailey*	Republikano

Komisyonado ng Seguro

Ricardo Lara*	Demokratiko	Nathalie Hrizi*	Kapayapaan at Kalayaan
Steve Poizner*	Walang Kinakatigang Partido	Asif Mahmood*	Demokratiko

Lupon ng Pagpapantay Distrito 1

David Evans*	Republikano	Connie Conway*	Republikano
Ted Gaines*	Republikano	Tom Hallinan*	Demokratiko

Lupon ng Pagpapantay Distrito 2

Cathleen Galgiani*	Demokratiko	Malia Cohen*	Demokratiko
Barry Chang*	Demokratiko	Mark Burns*	Republikano

Lupon ng Pagpapantay Distrito 3

Cheryl C. Turner*	Demokratiko	Scott Svonkin*	Demokratiko
Doug Kriegel*	Demokratiko	Micheál “Me-Haul” O’Leary*	Walang Kinakatigang Partido
Nancy Pearlman*	Demokratiko	Tony Vazquez*	Demokratiko
Ben Pak*	Demokratiko	G. Rick Marshall*	Republikano

Lupon ng Pagpapantay Distrito 4

David Dodson*	Demokratiko	James Stieringer*	Republikano
John F. Kelly*	Republikano	Mike Schaefer*	Demokratiko
Ken Lopez-Maddox*	Demokratiko	Nader F. Shahatit*	Republikano
Joel Anderson*	Republikano		

Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo

Marshall Tuck*	Di-partidista	Lily (Espinoza) Ploski*	Di-partidista
Tony K. Thurmond*	Di-partidista	Steven Ireland*	Di-partidista

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

- Nanungungkulan bilang isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa mga pagkukumpirma ng pederal na hukom, Mahistrado ng Korte Suprema ng U.S., at maraming mataas na antas na presidensyal na pagtatalaga sa mga pangsibilyan at pangmilitar na katungkulan.

Kevin de León | DEMOKRATIKO



Determinado ang Presidente na hatiin ang ating mamamayan at hamakin ang mga paniniwala ng California. Ang kasalukuyang katayuan ng Washington ay hindi handa o walang kakayahang sumali at lumaban. Karapat-dapat lang na magkaroon ang mga mamamayan ng California ng isang Senador na walang pagod na makikipaglaban para sa kanilang mga hinaharap nang may determinasyon at sariling pagpapasya. Gaya ng marami sa atin na nagsisikap upang maabot ang pangarap sa Amerika, nauunawaan kong walang tulong na ibinibigay sa inyo. Sa Amerika lang may pagkakataon ang anak ng isang imigranteng tagapangalaga ng bahay, gaya ko, na lumaki at mamuno sa Estado ng California. Naranasan ko ang inyong mga karanasan sa buhay—hirap sa pagbabayad para sa pabahay, pag-aalala sa matrikula sa kolehiyo, at mga gastos para sa saklaw ng pangangalagang pangkalusugan. Isa itong pagsubok na iilang lider sa Washington DC lang ang nakakaunawa. Dahil sa mga milyunaryo ang dalawang katlo ng Senado, madaling maunawaan kung bakit hindi na nila naiintindihan ang mga ordinaryong Amerikano. Sa kabila ng kanilang retorika, napakabagal kumilos ng Mga Demokratiko ng DC pagdating sa pambansang pangangalagang pangkalusugan at pagbabago ng klima, dahil sa takot sa mga tagalobi ng kumpanya ng langis at gamot. Hindi na uubra ang panunulsol at pagpapaliban ng trabaho ng DC ngayon. Bilang inyong lider ng Senado, hinding hindi ako kailanman nakuntento sa mababaw na pag-iisip. Nanguna ako sa mga makasaysayang pagsisikap sa pag-aangat sa kalidad ng mga buhay ng mga ordinaryong mamamayan ng California sa pamamagitan ng pagkilos para sa pambansang pangangalagang pangkalusugan, katarungan sa sahod, mga karapatan ng imigrante at karapatang sibil, $15 na pinakamababang sweldo, mataas na edukasyong hindi nagdudulot ng pagkakautang, at pagkilos upang maging lider ang California sa buong mundo pagdating sa paglaban sa pagbabago ng klima. Kailangan natin ng bagong pamumuno sa Senado upang maisulong ang bansang ito sa tamang direksyon, na may ekonomiyang mainam para sa ating lahat, at hindi lang para sa pinakamayayaman. Dadalhin ko sa Senado ng U.S. ang napatunayan nang pamumuno sa California.

3605 Long Beach Blvd.,
Suite 426
Long Beach, CA 90807

Tel: (818) 850-6462
E-mail: kevin@kevindeleon.com
kevindeleon.com

Paul A. Taylor | REPUBLIKANO

Walang Isinumiteng Larawan

40 taon ng karanasan sa negosyo bilang isang negosyante, tagalikha ng mga trabaho, tagapagpaunlad ng maliliit na negosyo, at tagapagpakilala ng mga makabagong teknolohiya.

2 Civic Center Dr. # 4338
San Rafael, CA 94913-5703

Tel: (415) 250-4036
E-mail: taylor@politicalvisions.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Jerry Joseph Laws | REPUBLIKANO

Tagapagtaguyod ng Pangkonstitusyong Pamahalaan *www.lawsussenate2018.com*

14411 Northstar Ave.
Victorville, CA 92392

Tel: (760) 952-0294
E-mail: JerryJosephLAWS2016@aol.com
www.lawsussenate2018.com

Tim Gildersleeve | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Isa akong tagasunod ni Hesukristo. Narito ako para sa mahihirap, nakatatanda, at may kapansanan, mga isyung pangkalikasan, unyon, maliit na negosyo, at kinakatawan ko ang ordinaryong mamamayan. Ang aking website ay: *http://www.alternativevoiceforamerica.org*.

Tel: (408) 915-8713
E-mail: timg@alternativevoiceforamerica.org
www.alternativevoiceforamerica.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Don J. Grundmann | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Isang Kampanya para sa Kaliwanagan ng Isip. Walang “transgender” sa totoong buhay. Hindi ito totoo. Ang totoo ay may mga taong may problema sa isip na nagpapanggap bilang ang kasalungat na kasarian at pinipinsala pa nila ang kanilang mga sarili bilang pagtatangkang isakatuparan ito. Sa ating Republikang naaayon sa saligang-batas, malaya tayong magkaroon ng sira sa isip hangga't hindi natin nasasaktan ang ating mga sarili at ang iba, ngunit wala tayong karapatang magsinungaling sa mga kabataan at ituro sa kanila na ang sakit/karamdaman sa pag-iisip, emosyon, at ispirito na ito ay normal, natural, o mainam sa kalusugan sa kahit anong paraang posible. Isa itong nakaririmarim na pag-atake sa mga bata at isang anyo ng pangmomolestya sa bata. May malaking kampanya ng Pagbabago sa Lipunan upang gawing normal ang karamdaman ng kaluluwa at sakit ng lipunan na “pagiging transgender.” Ang mga tinatawag na “transgender” na bata ay ginagamit bilang mga armas sa pag-atake at pagsira sa mga normal/malulusog na bata. Layunin ng mga pag-atakeng ito na guluhin at pagkatapos ay sirain ang mga pundasyon ng moralidad ng dumaraming bata upang magkaroon ng sira sa pag-iisip at sirain ang mga bata sa kasalukuyan, at lalo na, sa mga henerasyon sa hinaharap. Dapat ihinto ang mga ito. Ang mga bata sa ating estado at bansa ay dapat protektahan laban sa kagimbal-gimbal na pag-atakeng ito. Sumali sa pagbuo ng pambansang kampanya upang iligtas ang mga bata laban sa kabaliwan ng pagiging transgender at i-ban ang transgender na pagpinsala sa mga katawan ng mga bata. Pumunta sa TheyAreAttackingTheChildren.org upang sumali sa laban sa pagligtas sa ating mga kabataan sa digmaan/jihad laban sa kanila. At mangyaring sumali sa Partido ng Saligang-batas—ang huli at tanging partido sa California na lalaban para sa ating mga anak at pamilya. Tagapangulo—Partido ng Saligang-batas YouTube—USA vs Sodom Inc.

59 Washington St. #152
Santa Clara, CA 95050

Tel: (510) 895-6789
E-mail: stoptheirs@hotmail.com
fight-the-power.org

John “Jack” Crew | REPUBLIKANO



Dapat magwakas ang kalapastanganan ng pagpapalaglag kapag gusto.

230 American Hill Rd.
Nevada City, CA 95959

Tel: (530) 272-5689
E-mail: johncrew@att.net
facebook.com/senate2018

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Erin Cruz | REPUBLIKANO

Mas Mababang Buwis, Mas Kaunting Pamamahala, Mas Maliit na Pamahalaan. Sama-sama nating gawing
Masagana Muli ang California.

8690 Aero Drive, Ste. 115304
San Diego, CA 92123

Tel: (800) 730-1822
E-mail: outreach@voteerincruz.com
www.voteerincruz.com

Herbert G. Peters | DEMOKRATIKO



Demokratiko. Kristiyano. Pabor sa Buhay. Wakasan ang Implasyon. Pangkonstitusyong Buwis. Ipanumbalik ang Kasaganahan: sa ating unang 100 taon, “tayo, ang mga tao” ang nanguna sa paghahatid ng kasaganahan sa mundo nang walang minimum na sweldo at halaga ng buwis na 3.1% pagkatapos ng Digmaang sibil, (mahigit 20% ngayon). Habang lumalaki ang pamahalaan: tumataas ang gastusin sa pamumuhay, tumataas ang gastusin sa pabahay, at lumalaganap ang kawalan ng tirahan. Bawasan ang pamahalaan: Isara ang lahat ng 800 base-militar sa ibang bansa na nagkakahalagang $156 na bilyon kada taon; wakasan ang hindi awtorisadong pagmamatyag; bawasan ang gastos sa pagpapanatili ng mga lihim at ipanumbalik ang pagsunod sa saligang-batas, at higit pa.

45056 Logue Ct.
Lancaster, CA

Tel: (310) 343-1244
E-mail: Herb@HerbPeters.com
www.revival-herbpeters.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Douglas Howard Pierce | DEMOKRATIKO

S6CA00790 *Kahusayan sa pagsisilbi sa ating bansa*, California Native, Los Angeles. Dalawangpung taon ng serbisyo sa aking bansa, at kontinente. Hinarap ko ang mga panganib ng paglutas sa mga kaso ng homicide sa buong bansa, kasama ang mga matitinding kaso—Pangunahin, Sekundarya, at mga serial killer. Karamihan ng mga kaso ay mga nawawalang bata, at mga batang estudyante ng kolehiyo. Ang ganitong uri ng pagkawasak ay kilala bilang pananakot sa sariling bayan, Mga Krimen Laban sa Sangkatauhan. Nakipagtulungan ako sa lahat ng antas ng mga ahensya ng tagapagpatupad ng batas sa ngalan ng hustisya, at nagbigay ng boses para sa mga biktimang hindi na muling makakapagsalita pa. Ang ilan sa mga kasong nalutas ay mga kaso ng mga taong higit sa tatlumpung taon nang nawawala sa kanilang mga pamilya. Makatuwiran kong pinaniniwalaan na mapipigilan ng bagong *sistema sa kriminal na hustisya* na iaakda at ipapatupad ko sa California ang ganitong uri ng pagkawasak. Ang California ay binubuo ng lahat ng Tribo ng Tao, lahat ay dumedepende sa isa't isa upang makapamuhay nang magkakasama. Isang kalakasan na hinding hindi magagapi, masisira, mapipigil, o matatanggalan ng tahanan. Itataguyod ko ang lahat ng karapatan ng lahat ng mamayan ng Dakilang California na nagsasalita ng: Mga Taal na Tribong Amerikano, Ingles, Spanish, Chinese, Hebrew, Vietnamese, Tagalog, Korean, Armenian, Persian, Russian, Japanese, Arabic, Punjabi, Mon-Khmer-Cambodian, Hmong, Hindi, Thai, at *ang boses ng mga nawawalang bata* at *nasa hustong gulang. Ang mga boses ng biktima* na hindi na makakapagsalita pang muli! Nangangako akong protektahan ang mahigit 40 Milyong Mamamayan ng California, Mga Karapatang Nasa Saligang-batas, Itaguyod ang Soberanya, at Nangangako ako ng Katapatan sa Estados Unidos. Douglas Howard Pierce S6CA00790 *www.PierceSenate.com* Twitter @PierceUSsenate Spanish *www.douglas.com.mx*

P.O. Box 17814
Beverly Hills, CA 90209

Tel: (310) 272-0884
E-mail: piercesenate@gmail.com
www.piercesenate.com

John Thompson Parker | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

“Wakasan ang kapitalismo—huwag itong bigyan ng lakas.” Ang mga deportasyong ginawa ni Trump, pananakot ng kapulisan, pagbibigay ng pabor sa mga korporasyon, paghahari ng mga puti, pagkapoot sa kababaihan, at kahirapan, ay bahagi ng kapitalismo, at binigyang-lakas ng kasaysayan ng mga deportasyon at digmaan ng mga nakalipas na administrasyon. Ang inyong boto para sa sosyalistang si Parker ay mahalaga—hindi ito tungkol sa pagsuporta sa mga nagbibigay-lakas sa kapitalismo, sa halip, tungkol ito sa pagbibigay ng inspirasyon sa isang pagkilos para sa rebolusyonaryong pagbabago.

4167 S. Harvard Blvd.
Los Angeles, CA 90062

Tel: (323) 899-2003
E-mail: johnthompsonparker@gmail.com
https://www.facebook.com/parkerforsenate/

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Derrick Michael Reid | LIBERTARYAN

Isa akong mamayan ng California para sa lahat ng mamamayan ng California, mahinahon at tagalutas ng problema, na naghahangad na pagkaisahin ang mga paksyon ng maraming partido para sa paglutas ng mga pangunahing problema, lalo na ang imigrasyon, pagkakabilanggo, at katiwalian. Ang mga sekundaryang uring tao ay naninirahan sa dilim. Sobra-sobra ang dami ng mga tao sa mga bilangguan. Ang katiwalian sa pulitika at pera ay laganap sa mga tungkulin ng pamahalaan. Sa 50 milyong nagugutom, 100 milyong walang trabaho, at 20 trilyong utang, binigo ng dalawang nangungunang makinang pampulitika ang bansa at itinuon nila ang kanilang pansin sa totalitaryong kapangyarihan sa DC. Bilang isang Inhinyero, Abugado at Militar, Tagasuri ng Merkado, at Geopolitical na tagasuri, ang pagsusuri sa sistema ay makakapagbigay ng komprehensibong solusyon sa maraming problemang kinakaharap ng California at ng bansa. Maraming problema ang nagmumula sa mga hindi sapat na pagkontrol sa negatibong komento. Hinahangad kong pagkaisahin sa isang kompromiso ang mga nagsasalungatang paksyon upang makahanap ng mga mapagkakasunduang solusyon at itaguyod ang domestikong kapayapaan. Kasama sa iba pang problemang partikular sa California ang pagkakautang, kahirapan, kawalan ng tirahan, pagbubuwis, imprastraktura, at polusyon na matutugunan sa pederal na konteksto para sa paglutas ng mga katulad na problema sa buong bansa. Ang mga problema ay mabibilang at ang galit ay hindi kapani-paniwala. Ang kawalan ng paggalaw sa ekonomiya ay tinitingnan ayon sa mga kita ng kumpanya at pakikilahok ng lakas-paggawa. Maaaring palobohin ng mga posibilidad ng mas matataas na halaga ng interes ang merkado ng bono, at kasama rito, ang mga merkado ng equity at ang ekonomiya. Handa ang mga sama-samang solusyon kapag nagkaroon ng pagguho. Dapat ay may kahit isang senador man lang sa kongreso na alam ang gagawin para makabawi nang mabilis, kung saan makakapagpahinga tayo sa utang, masisimulang muli ang pananalapi, at magkakaroon ng mga reporma sa pamahalaan upang makapagpanumbalik ng totoong pera, mga tapat na merkado, maipanumbalik ang Saligang-batas, at ang Republika para sa pangmatagalang kasaganahan nang may pinakamataas na antas ng kalayaan.

P.O. Box 746
Laguna Beach, CA 92652

E-mail: libereens@yahoo.com
www.derrickmreid.com

Ling Ling Shi | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Walang Isinumiteng Larawan

Tumatakbo para sa Puso ng Diyos at Kalayaan ng Amerika, Hinahamon ang mga resulta ng Presidensyal na Halalan sa U.S. noong 2016: dapat ipawalang bisa ng Korte Suprema ng U.S. ang Presidensyal na Halalan ng U.S. noong 2016 at dapat ay ulitin ng U.S. ang ika-45 Presidensyal na Halalan; Hinahamon ang 10 malalaking kaguluhan sa Ekonomiya at mga sektor na Nauugnay sa Ekonomiya ng U.S..

P.O. Box 55
Rancho Cucamonga, CA 91729

Tel: (909) 728-0578
E-mail: lingling_lilyofValley_shi@yahoo.com
www.wellsARK.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Jason M. Hanania | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Ang pangalan ko ay Jason Hanania. Isa akong abugado, inhinyero, dating empleyado ng pamahalaan ng U.S., at ang kauna-unahang teknodemokratikong kandidato. Wala akong partidong pampulitika, at hindi ako tumatanggap ng mga donasyon sa kampanya. Kung mahahalal, sumasang-ayon akong gumamit ng elektronikong serbisyo sa pagboto. Gamit ang mga mobile app, mapapagsilbihan ng Evoting na Serbisyo ang 100% ng mamamayan ng Amerika, anuman ang lahi, relihiyon, antas sa buhay, o kasarian. Kung ang karamihan ng mga mamamayan ng California ay nag-evote ng “hindi” sa anumang pinag-uusapang isyu, boboto ako ng “hindi” sa Senado. Kung ang karamihan ng mga mamamayan ng California ay nag-evote ng “oo,” boboto ako ng “oo” sa Senado. Ang Serbisyo ng Evoting ay magiging bahagi ng isang Platform ng Gumagamit na pagmamay-ari at kinokontrol ng mga mamamayan ng Amerika. Hindi magkakaroon ng kontrol ang mga korporasyon at ahensya ng pamahalaan sa Platform ng Gumagamit, at hindi rin sila magkakaroon ng mga account ng gumagamit. Ang mga gumagamit ay maaaring magmungkahi ng batas, mag-evote sa batas, mag-evote sa mga komersyal na produkto, magpatotoo ng mga evote, at magsuri sa lahat ng gumagamit sa aktwal na oras. Kung mahalal, dadalhin ko ang mga mungkahing may pinakamataas na ranggo sa Senado. Upang matiyak ang pananagutan, gagamit ang Platform ng Gumagamit ng seguridad ng blockchain. Sa pamamagitan ng seguridad ng blockchain, maipapadala ang mga evote sa bawat user sa halip na sa isang sentralisadong database. Pinipigilan ng desentralisasyon ang mga partidong pampulitika, korporasyon, tagong ahensya, dayuhang pamahalaan, at iba pang potensyal na hacker sa pagmamanipula ng mga halalan. Popondohan ng masa ang Platform ng Gumagamit at pagkataoos ay popondohan nito ang sarili nito sa pamamagitan ng mga analitika ng data. Sa pagtagal ng panahon, bibigyan nito ang bawat Amerikano ng mga libre, naka-encrypt, at desentralisadong kakayahan sa komunikasyon, kasama ang internet, email, social media, pamimili, pagbabangko, at iba pang walang ad na serbisyo sa data. Salamat sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon.

182 Howard St. #121
San Francisco, CA 94105

Tel: (415) 654-6291
E-mail: 2018@jasonhanania.com
www.jasonhanania.com

Alison Hartson | DEMOKRATIKO

Ang ating kasalukuyang establisyamento ay nakakadena sa adiksyon nila sa kapangyarihan. Pagkatapos ng ilang dekada ng pagsisilbi sa mga kumpanyang tagapagkaloob, mayroon na tayo ngayong pamahalaan na walang pulitikal na lakas upang ipasa kahit ang mga pinakakilalang patakaran. Pagod na tayong lahat sa pagmamakaawa sa mga pulitiko upang maging kinatawan natin. Hindi ba't parang ang ganda kung mayroon kayong Senador na tagos sa puso ang pagkaprogresibo at hindi na kailangan pang kumbinsihin? Bakit hindi tayo maghalal ng isang taong talagang naniniwala na sa Medicare para sa Lahat, $15 na pinakamababang sahod, at kolehiyong pinopondohan ng publiko? Inilaan ko ang aking buhay sa pakikipaglaban para sa ating mga uring manggagawang komunidad. Pagkatapos magturo sa pampublikong mataas na paaralan sa loob ng sampung taon, inilaan ko ang aking sarili sa pakikipaglaban para sa mas mahusay na pamahalaan. Nag-organisa ako ng libu-libong boluntaryo sa California at magkakasama naming isinulong ang pagpasa ng AJR-1 sa lehislatura ng estado upang labanan ang katiwalian sa pulitika. Nagpatuloy ako at nagsilbi bilang Pambansang Direktor ng isang di-nagtutubo, kung saan nakipagtulungan ako sa mga mambabatas at mamayan sa buong bansa upang magpasa ng mga panukala gaya na lang ng AJR-1. Nangangako akong ipapagpatuloy ko ang ating laban sa Kongreso. Nasa bansa natin ang lahat ng kailangan nito upang magkaroon ng masaganang hinaharap para sa lahat, ngunit kailangan nating pigilan ang mga uring bilyunaryo sa pagnanakaw sa ating kayamanan. Hindi gaya ng marami sa aking mga katunggali, hindi ako tumatanggap ng kahit barya mula sa pera ng mga kumpanya, at wala akong kaduda-dudang pera, kaya alam ninyo kung sino ang talagang kakatawanin ko kapag nakarating ako sa Washington D.C. Maaari kayong bumisita sa *alisonhartson.com* upang magbasa pa tungkol sa aking plataporma. Ipadala ninyo ako upang lumaban para sa inyo at sama-sama nating babawiin ang pamahalaan.

alisonhartson.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Dianne Feinstein | DEMOKRATIKO

Bilang isang Senador ng California, lubos akong nagsisikap araw-araw upang maging isang malakas at epektibong boses para sa mga progresibong pagpapahalaga ng ating estado. Ako ay isang matagal nang tagapagtaguyod ng pambansang pangangalagang pangkalusugan, mga karapatan ng kababaihan, mga karapatan ng LGBTQ, at mga karapatan ng mga imigrante, at ipinagmamalaki ko ito. Nakipaglaban ako sa NRA upang alisin ang mga pang-atakeng armas sa ating mga kalye, lumaban para sa patas na bayad sa kababaihan, nag-isponsor nng batas na poprotekta sa mga Nangangarap at iba pang imigrante, at nagsulong para sa ekonomikong oportunidad na nakakapagpaangat sa katayuan ng lahat ng mamamayan ng California, lalo na sa mga nagtatrabahong pamilya na naghihirap pa rin sa kasalukuyang ekonomiya. Lubos kong tinututulan si Donald Trump at ang kanyang adyenda. Hinahati ng mga pagkilos ni Trump ang ating bansa at pinapababa niya ang ating katayuan sa buong mundo. Nilabanan ko ang mga pagsisikap ni Trump at ng mga Republikano na ipawalang-bisa at isabotahe ang Batas sa Abot-kayang Pangangalaga. Bilang isang may ranggong Demokratiko sa Hudisyal na Komite ng Estado, buong lakas akong nagtrabaho upang pananagutin si Trump para sa kanyang pag-atake sa pamamayani ng batas. Lumalaban ako upang protektahan ang kababaihan sa lugar na pinagtatrabahuhan at ipinagmamalaki kong nakapagpasa ako ng batas ngayong taon na nagpoprotekta sa mga batang babaeng himnasta at iba pang hindi propesyonal na atleta laban sa mga sekswal na maninila. Patuloy kong lalabanan ang walang ingat na adyendang pangkalikasan ni Donald Trump. Ang pagtanggi niya sa agham ng pagbabago ng klima, mga pag-atake sa mga pinoprotektahang lupa ng California, at mga banta ng paggawad ng mga bagong permiso sa pagbubutas ng lupa para sa langis sa mga baybay-dagat ng California ay dapat tutulan, at lalabanan ko si Trump at ang kanyang administrasyon upang pigilan sila. Buong galang kong hinihingi ang inyong boto upang patuloy akong makatindig para sa California sa panahong ito ng paghihirap at hamon.

P.O. Box 1270
Los Angeles, CA 90078

Tel: (866) 747-2981
E-mail: contact@feinsteinforca.com
www.feinsteinforca.com

Lee Olson | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Walang Isinumiteng Larawan

Ang mga islogan ni Lee ay ang “Kumakatawan sa ating mga interes, hindi sa mga Espesyal na Interes,” “Pagpapaalis sa Pamahalaan sa ating mga Bulsa at Buhay,” at “Pagbibigay ng Pamumuno mula sa Modelo ng Kamatayan kung saan tayo naninirahan sa Ilalim ng “Pang-aalipin, Digmaan, at Kahirapan para sa lahat maliban sa Mga Espesyal na Interes” patungo sa Modelo ng Buhay na Naglalayong dalhin tayo sa “Kalayaan, Kapayapaan, at Kasaganahan para sa lahat.”” Ang Layunin ni Lee—“Protektahan tayo Laban sa Pamahalaan.” Kung isa kayong Dismayadong Independiyente, Natauhan nang Republikano, o Hindi na Nasisiyahang Demokratiko na matagal nang naghahangad ng Kalayaan, Kapayapaan, at Kasaganahan, si Lee ang para sa inyo. Magkaroon ng inspirasyon sa *www.LeeOlsonforSenate.com*.

16458 Bolsa Chica Street,
#165
Huntington Beach, CA 92649

Tel: (949) 705-4538
E-mail: lofsen2018@gmail.com
www.LeeOlsonForSenate.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Kevin Mottus | REPUBLIKANO

Ang FCC ay pwersahang naglunsad ng mga bagong 5G na wireless na teknolohiya at ang Internet of Things ay magpupwersa ng transmitter ng cell tower sa harap ng bawat 2–12 tahanan na naglalabas ng wireless na Radio Frequency na radyason ng microwave na may mataas na densidad at mataas na frequency (24Ghz–90Ghz). *Napatunayan nang nakakasama ang wireless na radyason at nakakapagpalala sa cancer, neurological na sakit, mga karamdaman sa immune system, at pinsala sa kakayahang magbuntis para sa mga taong malapit sa mga 5G na transmitter na ito* (google: 5G Scientist Appeal). Ilang dekada nang pinapatunayan ng mga pag-aaral na may subtermal na epekto sa biyolohiya ang RF na Radyasyon na mas mababa sa ating mga kasalukuyang panuntunan ng FCC (google: Naval Medical Research Institute 1972). Ginamit ang seksyon 704 ng Batas sa Telekomunikasyon noong 1996 para pagbawalan kayo at ang mga lokal na pamahalaan na kahit isaalang-alang lang ang inyong kalusugan at kaligtasan kapag nagtatayo ng anumang cell tower malapit sa *inyong* tahanan. Bakit nila ipagbabawal ang pagsaalang-alang sa mga epekto sa kalusugan kung wala namang epekto sa kalusugan? Binibigyang-daan natin ang industriyang kinokontrol ng FCC na *lasunin sa pamamagitan ng microwave* ang ating mga anak, kapamilya, tahanan at luigar na pinagtatrabahuhan (google: microwave sickness webster's). Dapat nating ihinto ang pagtatalaga ng mga nakamamatay na transmitter ng 5G na cell tower na ito malapit sa ating mga tahanan (google: press democrat Verizon antennas). Tama na! Ang mga wireless na kumpanya, ang grupo ng tagalobi ng CTIA, ang industriyang kinokontrol ng FCC, at si Senador Thune ay dapat papanagutin para sa paghihirap, sakit, at kamatayang idinulot ng pagkakalantad sa wireless na radyasyon (Google: FCC Captured Agency Harvard). May bagong sistema ng dalawang partido: Mga kinatawang kumakatawan sa mga interes ng kumpanya at mga kinatawang kumakatawan sa interes ng publiko. *Kinakatawan ko ang interes ng publiko* at nanunumpa akong protektahan ang kalusugan at kapakanan ng mga mamamayan ng California. *Iboto si Kevin Mottus para sa Senado*

E-mail: 5GisHarmful@gmail.com
www.KevinForSenate2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ay hindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaari pa ring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

- Bilang punong opisyal na tagapagpaganap ng estado, binabantayan ang mga kagawaran at ahensiya, at itinatalaga ang mga hukom.
- Nagpapanukala ng mga bagong batas, nag-aapruba o nagbebeto ng batas, at isinusumite ang taunang badyet ng estado sa Lehislatura.
- Nagsasagawa at nangangasiwa ng mga tagapagdulot ng estado sa mga oras ng emerhensiya.

Robert C. Newman, II | REPUBLIKANO

Walang Isinumiteng Larawan

Panig sa: Diyos, buhay, Saligang-batas ng U.S., Mga Karapatan ng Magulang, Mga Karapatan sa Ari-arian, Negosyo *Limitado sa:* Pamahalaan, Mga Buwis, Mga Regulasyon *Hindi Panig sa:* Geo-engineering, Con-Con

P.O. Box 8604
Redlands, CA 92375

E-mail: Newman4governor@aol.com
www.Newman4governor.com

Delaine Eastin | DEMOCRATIKO

Si Delaine Eastin ang tanging babaeng nahalal bilang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado, na nagbabantay sa mga paaralan ng California at nangangasiwa sa 40% ng badyet ng estado. Sa loob ng 8 na taon niyang panunungkulan, inangat ni Delaine ang paggastos ng California sa bawat mag-aaral mula ika-47 papunta sa ika-27 sa bansa pamamagitan ng pagsampa ng kaso sa gobernador para sa ilegal na pagkamkam ng mga pondo. Tumatakbo si Delaine bilang gobernador dahil nalilihis ng landas ang California. Napunta tayo sa ika-41 ranggo sa bansa sa paggastos bawat mag-aaral, ngunit nangunguna tayo sa badyet para sa bilanggo. Nahihirapan ang mamamayan ng California sa mga mahal na pangangalaga sa bata, pangangalagang pangkalusugan, pabahay, at kolehiyo. *Ang mga badyet ang nagdedeklara ng mga halaga. Upang mabuong muli ang ating demokrasiya, kailangan nating paglaanan ang edukasyon at magtatag ng ekonomiya para sa lahat.* Bilang Gobernador, magbibigay si Delaine ng mga panghaliling trabaho na makakapagtustos sa mga gastusin sa pamumuhay nang may patas na sweldo; magpapatayo ng abot-kayang pabahay; magbibigay ng pandaigdigang pangangalagang pangkalusugan; ipagtatanggol ang mga karapatan sa pagkakaanak; poprotektahan ang mga migrante; ipaglalaban ang krisis sa klima sa pamamagitan ng pagbabawal sa paghuhukay at paglipat sa malinis na enerhiya; mag-i-invest sa maliliit na negosyo, abot-kayang pangangalaga sa bata, pandaigdigang paunang paaralan, mahusay na pampublikong edukasyon, kolehiyong walang utang, pagsasanay sa larangan ng trabaho. Inirerekomenda si Delaine ng Pambansang Politikal na Kawkus ng Kababaihan, Mga Pangkalikasan/Progresibong Kawkus ng Kabataang Demokratiko, Mayorya ng Peminista, Mga Berniecrat ng SF, Mga Senador/Miyembro ng Asembleya na sina Dede Alpert, Joan Buchanan, Cecilia Aguiar-Curry, Loni Hancock, at Lori Saldana, mga superbisor ng county, mga alkalde, mga miyembro ng konseho ng lungsod, mga miymebro ng lupon ng paraalan, Mga Guro ng Taon, at libu-libong pangkaraniwang mamamayan ng California dahil si *Delaine ang may tapang, adhikain, at puso sa pamumuno ng ating estado.* Si Delaine ang tanging kandidatong nahalal sa tanggapan sa buong estado, sa Asembleya at Konseho ng Lungsod sa Union, kung saan may Paaralang Elementarya ni Delaine Eastin. Si Delaine ang magiging kauna-unahang babaeng gobernador ng California. *www.DelaineforGovernor.com*

E-mail: Delaine@Delaineforgovernor.com
www.Delaineforgovernor.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Peter Y. Liu | REPUBLIKANO

#cesp5

Tel: (510) 517-3423
E-mail: PeterYLiu@aim.com
https://localwiki.org/oakland/Peter_Y._Liu

Gloria Estela La Riva | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Sa mahabang panahon, ang mga korporasyon, mga bangko, at ang Pentagon ang naghahari sa lipunan. Ang resulta: Kalahati ng mamamayan ang namumuhay sa kahirapan o malapit nang maghirap. Mabilis ang pagtaas ng gastusin sa pabahay. Pinapalayas ang mga migrante. Lumalaki ang populasyon ng mga bilanggo at tumataas ang bilang ng panunupil ng pulisya. Nasisira ang kalikasan. Tama na! Iboto ang sosyalista! Makilahok!

2969 Mission St.
San Francisco, CA 94110

Tel: (415) 821-6171
E-mail: votelariva2018@votepsl.org
www.lariva2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Zoltan Istvan | LIBERTARYAN



Bilang isa sa mga nangungunang libertaryan na politiko sa America, kumakandidato ako para sa Pagkagobernador upang mapanatili ang pagkakapantay-pantay, pananagutan sa pananalapi, at pagkakaisa sa California. Isinilang ako sa Los Angeles, nagtapos ako bilang Ivy-league, dati akong mamamahayag sa National Geographic, matagumpay na negosyante sa Bay Area, at isa sa mga nangungunang tagagawa ng patakaran sa agham at teknolohiya sa buong mundo. Bilang naka-shortlist na potentsyal na kaalyado ng kandidato sa Pagkapangulong si Gobernador Gary Johnson, maarami na akong karanasan sa pagpapababa ng mga buwis, pagwawakas sa digmaan sa droga, pagtatanggol sa inyong mga kalayaan, at paggawa ng mga bagong trabaho. Panig ako sa pagpapasya, migrasyon, maliit na negosyo, at sekular. Bilang isang asawa, ama, at mamamayan, iisa tayo ng mithiin sa pag-aabang na mapanumbalik ang California nang may panibagong adhikain. Iboto si Zoltan!

35 Miller Ave., #102
Mill Valley, CA 94941

E-mail: info@zoltanistvan.com
www.zoltanistvan.com

Yvonne Girard | REPUBLIKANO

Bilang isang Beterano, at Gobernador, pagsisikapan kong isaayos ang California at bawasan ang mga buwis. Naniniwala akong *ang hustisya ay para sa lahat*; mula sa mga sanggol sa sinapupunan, mga pamilya ng namatay na Militar at Unang Tagaresponde, hanggang sa mga hindi pagkakasunduan sa kasaysayan hindi pa rin natutuldukan para sa Hapon, Jewish, Armenian, mga Katutubo, at mga African American. Walang bata ang dapat mabuhay sa gutom. Dapat isama ang lahat ng pagkain ng estudyante sa pampublikong K–12 sa gastusin upang mapag-aral ang bawat isang estudyante. Hinihingi ko, si Yvonne Girard, ang inyong boto.

P.O. Box 3602
Jurupa Valley, CA 92519

Tel: (951) 452-4499
E-mail: girardforgovernor@gmail.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Christopher N. Carlson | LUNTIAN

“Turuan ng calculus ang kabataan At panatilihing ligtas ang planeta O *walang makain* at *walang maiinom* Ang ating magiging kapalaran”

@guberthecandidate

John H. Cox | REPUBLIKANO



Sa loob ng ilang taon, ginagatasan ng mga politiko ng Sacramento ang mga nagbabayad ng buwis na kabilang sa panggitnang uri at may-ari ng maliliit na negosyo. Sa pamamagitan ng impluwensya sa katiwalian ng espesyal na interes sa pera, pinapapasan sa atin ng mga politiko ang pinakamatataas na buwis sa kita, buwis sa pagbebenta, at buwis sa gas sa bansa. Nagpatong sila ng napakararaming buwis, bayarin, at regulasyon, sa puntong hindi na nila magawang makapagpatayo ng abot-kayang pabahay, habang itinutulak ang libu-libong negosyo at trabahong may magandang pasweldo palabas ng estado. Isa akong konserbatibong maliit na nagosyante na kumakandidato bilang Gobernador upang bawasan ang dagsa ng mga pagtataas ng buwis at regulasyong nagpapakaunti sa mga trabaho na nagiging dahilan kung bakit mahal ang pagtira sa California. *Ako lang ang tanging konserbatibo sa halalang ito na sumusuporta sa ika-2 Pag-amyenda at inirerekomenda ng Konsehong Panig sa Pagpapasya ng California. Sa aking unang araw sa tanggapan, tutuldukan ko ang Batas sa Santuaryo ng Estado na pinamamahayan ng mga ilegal na kriminal, at naglalagay sa ating lahat at sa ating pamilya sa kapahamakan.* Noong hiniling sa akin ng Mga Republikano sa kongreso ng California na maglingkod bilang Tagapapangulo ng*tunay* na kampanya upang labanan ng buwis sa gas, malugod ko itong tinanggap—dahil oras na para manindigan at wakasan ang digmaan sa panggitnang uri. Palayain natin ang California mula sa impluwensya ng katiwalian ng espesyal na interes sa pera, at muling buhayin ang Pangarap ng California. Kung handa na kayong sumama sa aming pagkilos, i-text ang *reclaim* sa 99000, at subaybayan ako sa Facebook. Hindi ko ito magagawa nang mag-isa, ngunit kung sasamahan ninyo ako, maibabalik natin *ang katanyagan ng California.* Ako si John Cox, Republikano para sa Gobernador.

E-mail: info@JohnCoxforGovernor.com
JohnCoxforGovernor.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Josh Jones | LUNTIAN

Katiwalian. Kamahalan. Kaaksayahan. Naging pangkaraniwan na lang ito. Babaguhin ko ito. Nakikinig kami sa inyo, sa mga pulong sa lahat ng 58 bansa. Hindi tao ang katiwalian at hindi pera ang nakakapagsalita. Mga karapatan ng transgender: hindi karagdagang karapatan para sa mga korporasyon. Kailangan nating protektahan ang mga pensiyon, seguridad panlipunan, napapanatiling enerhiya, mga mapagkukunan ng tubig sa ilalim ng lupa, gain UBI, pabahay, mga royalty ng langis, makapagbigay ng libreng kolehiyo, ipagbawal ang pang-aalipin sa bilanggo, ayusin ang DACA, ipagbawal ang paghuhukay, at makamit ang Single Payer. Iboto si Josh Jones, ika-4 na henerasyon ng mamamayan ng California. Bumoto para sa mga karapatang pantao at matatag na pamumuno. *www.candidate-statements-cost-25-dollars-a-word.com*

P.O. Box 72603
Davis, CA 95617

Tel: (530) 322-5761
E-mail: info@josh4gov.org
www.josh4gov.org

J. Bribiesca | DEMOKRATIKO

Kumakandidato ako sa pagka gobernador upang pagandahin ang California. Panig ako sa mga beterano, walang tirahan (dati akong batang walang tirahan), mga nakatatanda, may kapansanan, at kabataan ng California. Kinakatawan ko ang mahihirap, panggitnang uri, at ang mga taong hindi napapakinggan. Ipinagmamalaki ko ang pagiging isang mamamayan ng America, retiradong medikal na doktor mula sa Mexico, at ang kauna-unahang migrante mula sa Mexico na tatakbo para sa Gobernador ng California. Hindi ako isang negosyanteng politiko. Gamit ang inyong boto, ipaglalaban ko ang mas magandang California sa paraang alam ko at isusulong ko ang ipinapatupad na pagpigil sa mga sanhi ng pag-iwas sa magagastos na kahihinatnan. Papanatilihin kong ligtas ang ating mga mamamayan, igigiit ang katapatan, hustisiya, at pananagutan, at igagalang ang mga karapatan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng etikal at kagalang-galang na pag-uugali mula sa lahat ng empleyado ng estado at patas na pagpapatupad sa batas sa lahat. Pipigilan ang mga nahalal na opisyal na gamitin ang kanilang tanggapan para sa personal na pakinabang at paggastos ng mga nagbabayad ng buwis. Babawasan ang mga regulasyon para sa pag-unlad ng ekonomiya at daragdagan ang trabaho. Isasaayos ang imprastraktura. Bababaan ang mga presyo sa gasolina at utilidad at hihikayatin ang paggamit ng hindi nauubos na enerhiya na poprotekta sa ating kapaligiran. Pagtitipid ng pananalapi. Magtataguyod ng mas maliit at epektibong pamahalaan sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga ahensiyang hindi gumaganap. Pagbibigay ng abot-kayang pangangalagang pangkalusugan nang mas mababa ang mga bayarin sa gamot at ospital. Maggigiit ng mas maganda at libreng edukasyon. Iginagalang ko ang mga karapatan ng kababaihan, mga pamilya, pagkakaiba-iba, at kalayaan. *www.juanbribiesca.com*

3298 Governor Dr. #22917
San Diego, CA 92192

E-mail: drbribiescaforgovernor@gmail.com
www.juanbribiesca.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Amanda Renteria | DEMOCRATIKO

Nagiging pinakaepektibo ang pamahalaan kapag hinihikayat nito ang mga naglilingkod sa publiko na magsilbi sa mga mamamayan nang may kababaang-loob, tuwa, at kakayahan. Mula sa Washington hanggang sa Sacramento, nagkakaproblema tayo kapag pinapayagan ang mga politiko na magbayad upang magkaroon sila ng posisyon sa tanggapan at gamitin ang kanilang kapangyarihan para sa personal na pakinabang. Upang kumandidato para sa tanggapan, kamakailan akong bumababa mula sa senior team sa Kagawaran ng Hustisya ng California. Bilang Pinuno ng Pangangasiwa ng DOJ, pinamunuan ko ang 1,000 masisipag na naglilingkod sa publiko at pinamahalaan ko ang $850 milyong badyet. Ikinulong ng DOJ ang mga nagbebenta ng tao, hinuli ang mga nagkakalat, pinrotektahan ang mga karapatan ng mga migrante, ipinaglaban ang pangangalagang pangkalusugan ng kababaihan, ipinagtanggol ang mga nakatatanda sa panloloko ng Medi-Cal, at inilaan ang milyun-milyon sa mga refund estudyante mula sa mga kumikitang kolehiyo. Bago pa man sa DOJ, isa akong guro ng matematika sa Central Valley, isang tagasuri ng badyet para sa Lungsod ng San Jose, tagapayo sa patakaran ng ekonomiya ni Senador Feinstein, at kauna-unahang Latina na Punong Kawani sa kasaysayan ng Senado ng US. Ito ang nagbigay sa akin ng malalim na karanasan sa patakaran sa halalang ito, ngunit higit sa lahat, ipinakita nitong inilaan ko na ang buong buhay ko sa paglilingkod sa publiko. Ipinagmamalaki ng mga mamamayan ng California ang pagpapasimuno ng pagbabago sa America. Kung kaya, hindi na tayo maaaring magpakampante. Kailangan natin ng mga bagong mukha at bagong ideya sa taong ito. Oras na para gumising. Matuto pa tungkol sa aming pagkilos sa *www.amandarenteria.com.*

Menlo Park, CA amandarenteria.com

Travis Allen | REPUBLIKANO

Isinilang at lumaki ako sa California, maraming ibinigay sa akin ang estadong ito. Pinapalaki namin ng aking asawa ang aming mga anak na babae rito. Naging pinansyal na tagapayo ako at sinimulan ko ang aking maliit na negosyo rito. Nahalal ako sa Asembleya ng California anim na taon na ang nakakalipas. Nagkaroon din ako ng pagkakataong palitan ang isang tala sa Pandaigdigang Talaan ng Guinness. Mahal ko ang California, at ipinagmamalaki kong tawagin itong tahanan; gusto kong makamulatan ng aking mga anak na babae ang California gaya ng kilakhan ko. Gayunpaman, nahaharap ang ating estado sa mga banta ng pagtaas ng buwis, pasaning regulasyon, walang pangil na patakaran, at mababang pamatayan ng edukasyon. Kailangan nating iahon muli ang California. Mayroon akong limang hakbang na plano para sa California: 1) *Bawasan ang mga buwis* para sa lahat ng mamamayan ng California; 2) *Magkaroon ng pangil sa krimen* upang maprotektahan ang mga pamilya ng mga mamamayan ng California, hindi ang mga kriminal; 3) *Ayusin ang mga kalsada at bawasan ang trapiko* sa pamamagitan ng paggastos ng kasalukuyan nating kita sa buwis para sa matataas na kalidad na kalsada, hindi mabibilis na riles; 4) *Muli, ibigay ang pinakamainam na edukasyon sa America* sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga ligtas na paaralan at charter na paaralan sa ating mga anak; at 5) *Tapusin ang Proyektong Patubig ng Estado* upang makapagbigay ng patubigang makakapagpanatili sa Delta at magkakapagbigay ng tubig sa mga bukid, suburb, at lungsod ng California. Mayroon akong napatunayang karanasan. Isinulat ko ang unang hakbang upang tuligsain ang napakataas na bagong buwis sa gas at buwis sa kotse ng California, at nakakuha ako ng mga gradong “A” mula sa Kapisanan ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng Howard Jarvis taun-taon mula nang maging bahagi ako ng Asembleya. Bilang Gobernador, babaguhin ko ang mga patakaran ng California sa mapapanganib na santuaryo ng estado. Ihaon nating muli ang California: Iboto si Travis Allen para Gobernador. *www.JoinTravisAllen.com*

E-mail: info@JoinTravisAllen.com
www.Facebook.com/JoinTravisAllen

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Akinyemi Agbede | DEMOKRATIKO

Pahayag ng Misyon—Matatag ang California!

6775 Santa Monica Blvd.
4-254
Los Angeles, CA 90038

Tel: (559) 230-7913
E-mail: yemibode@hotmail.com
www.thenextgovernorofcalifornia2018.com

Desmond Silveira | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Inirerekomenda ng Partido ng Nagkakaisang Mamamayan ng America, na naninindigan para sa pagiging sagrado at dignidad ng buhay ng tao, hustisyang panlipunan, pagkalinga sa kalikasan, at kapayapaan.
https://ca.solidarity-party.org/desmond-silveira-governor/ https://solidarity-party.org/

E-mail: desmondsbox-asp@yahoo.com
https://ca.solidarity-party.org/desmond-silveira-governor/

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Michael Shellenberger | DEMOKRATIKO

Minamahal na Kaibigan, isa akong progresibong Demokratiko buong buhay ko na lumaban para sa hustisyang panlipunan at para sa kapaligiran. Ginawaran ako ng “Bayani ng Kalikasan” ng *Time Magazine* para sa pagsasabi ng katotohanan tungkol sa pagbabago ng klima. Kumakandidato ako para sa gobernador upang magpatayo ng maraming pabahay, magbigay ng magagandang trabaho, at mga paaralang maipagmamalaki sa buong mundo. Ang mahal na pabahay ang nagpapabagsak sa Pangarap ng California. Tayo ang may pinakamataas na antas ng kahirapan at hindi pagkakapantay-pantay sa America. Mayroon akong matapang na bagong adhikain, “California para sa Lahat”: Wakasan ang makatiwaliang Komisyon ng Mga Pampublikong Utilitidad at linisin ang pakikipagkontrata sa pamahalaan. Tulungan ang mga komunidad sa buong estado na akuin ang pananagutan sa pagpapatayo ng mga bagong bahay. Bumuo ng maaayos na trabaho sa mataas na teknolohiya ng manupaktura. Iangkop ang edukasyon nang sa gayon ay makikinabang ang bawat bata sa isahang pagtuturo at digital na pagkakatuto. Magsimula ng mura, malinis na enerhiya, at elektronikong kotseng kusang umaandar upang maiwasan ang mga pagsikip ng trapiko at pagkamatay ng mahigit ng tatlong libong mamamayan ng California taun-taon. Salamat sa pagbibigay ng pagtataon sa aking pagkandidato. Michael

www.shellenberger.org

Nickolas Wildstar | LIBERTARYAN

Kumakandidato ako para sa Gobernador dahil hindi na kinakatawan ng mga politiko ang mamamayan ng estadong ito. Bilang isang 20 taong propesyunal na manggawang-uri, ipagtatanggol ko ang mga residente sa hindi kinakailangang pagbubuwis, burukrasya sa regulatoryo, at pagtaas ng mga gastusin sa pamumuhay. Bilang isang Libertaryan, hindi ko ikokompromiso ang inyong kalayaan para sa mga espesyal na ninanais ng mga pangkat sa interes at ipapatupad ko ang Saligang-batas ng Estados Unidos. Bilang isang Gobernador, buong puso akong maglilingkod para sa *lahat* ng mamamayan ng California. Hinihiling kong ipagkaloob ninyo sa akin ang karangalang ito sa pamamagitan ng pagpili kay Wildstar para sa Gobernador at *ibalik natin ang kalayaan!*

P.O. Box 313
Placentia, CA 92871

Tel: (818) 214-8616
E-mail: wildstar@wildstar2018.com
Wildstar2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

GOBERNADOR

Johnny Wattenburg | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Bakit hindi!

E-mail: wattenburg4gov@gmail.com
www.Facebook.com/wattenburg4governor

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

TENYENTE GOBERNADOR

- Sumasalo sa tanggapan at mga tungkulin ng Gobernador kung sakaling matanggal ito sa posisyon, bawian ng buhay, umalis sa serbisyo, matanggap sa tanggapan, o umalis sa estado.
- Nagsisilbing pangulo ng Senado ng Estado at may boto upang magdeklara ng panalo mula sa tabla.
- Tagapangulo sa Komisyon para sa Pag-unlad ng Ekonomiya; isang miyembro ng Komisyon ng Mga Lupain ng Estado at ng Konseho ng Proteksyon ng Karagatan; at kabilang sa mga lupon ng mga sistema ng unibersidad ng California.

Eleni Kounalakis | DEMOKRATIKO

Isa akong negosyante, ina ng dalawang teenager na lalaki, at dating Embahador ng U.S. sa ilalim ni *Pangulong Obama*. Batay sa aking karanasan, natutunan kong makinig, matuto, at mamuno. Kumakandidato ako para sa Tenyente Gobernador na maninindigan para sa mga pagpapahalaga ng California sa pagkakaiba-iba at pagkakataon—dahil sila ang bumubuhay sa ating ekonomiya. Pinamumunuan ng California ang bansa at dapat nitong panatilihin ang pag-asa. Ipinagmamalaki kong inirerekomenda ako ni *Senador Kamala Harris, ng Caucus ng Pambatasang Kababaihan ng California, Equality California, at Pederasyon ng Mga Guro ng California.* Ipaglalaban ko ang abot-kayang mas mataas na edukasyon sa pamamagitan ng *pagsalungat sa mga pagtaas ng matrikula sa ating mga UC, CSU, at kolehiyo ng komunidad*. Naniniwala ako sa *single-payer* at ipaglalaban ko ang pandaigdigang pangangalagang pangkalusugan. Magiging Tagapamahala ako ng Komisyon ng Mga Lupain ng Estado at lalabanan *ko ang sistema ni Donald Trump sa paghukay para sa mas maraming langis sa baybayin ng California*. Sasalungatin ko ang mga pagpapaupa ng aplaya sa Malalaking kumpanya ng Langis. Tapos. Tutulong akong baguhin ang kulturang politikal sa Sacramento upang *matigil ang sekswal na panliligalig* sa mga lugar ng trabaho saanman. Anak ko ng isang migrante at ako ang kauna-unahang nakapagtapos ng kolehiyo sa aming pamilya. Tinupad ko ang Pangarap ng America. Mag-isang pumunta ang aking ama sa California sa edad na 14 taon, nagtrabaho bilang manggagawang bukid, at magkasama kaming bumuo ng negosyo ng pamilya na paghahatid ng mga abot-kayang pabahay para sa mga manggagawang pamilya. Bilang negosyante, nauunawaan kong dapat kaming magtaguyod ng ekonomiyang mag-aangat sa lahat ng mamamayan ng California. Ipinagmamalaki kong nagsilbi ako bilang Embahador sa Hungary upang tumulong na isulong ang demokrasiya at labanan ang pagbabago ng klima. Naglakbay ako papunta sa *lahat* ng 58 bansa at narinig ko ang inyong mga personal na kwento. Nakikinig ako sa mga boses ng lahat ng mamamayan ng California sa lahat ng panahon. Salamat sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon.

916 Kearny St., #605
San Francisco, CA 94133

E-mail: info@eleniforca.com
www.EleniForCA.com

Cameron Gharabiklou | DEMOKRATIKO

Dahil kapag isusulat ang kasaysayan, isasaad nito na ang California *ay bumangon, umaklas,* at *pinamunuan* ang bansang ito pasulong. Tingnan kung paano sa *www.CameronForCalifornia.com*

E-mail: hello@cameronforcalifornia.com
www.CameronForCalifornia.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

TENYENTE GOBERNADOR

Jeff Bleich | DEMOKRATIKO

Nagsisilbing nakatataas na tagapayo kay Pangulong Obama at kanyang embahador sa Australia, nakita ko mismong nakadepende ang pag-unlad sa kusang-loob ng bawat isa na “magsikap at magpatuloy.” Kumakandidato ako para sa Tenyente Gobernador dahil malaki ang naging pagbabago sa ekonomiya ng California, ngunit hindi nagbabago ang ating politikal na debate sa loob ng 30 taon. Hindi nakakahabol ang mga sweldo sa mga tumataas na gastusin sa pabahay, pangangalagang pangkalusugan, at edukasyon. Milyun-milyong trabaho ang nawala dahil sa teknolohiya at milyun-milyon pa ang mawawala sa susunod na dekada. Kailangan ng California ng mga pinunong nakatuon sa pag-ayon ng bagong ekonomiyang ito para sa lahat. Nanilbihan ako bilang tagapayo kay Pangulong Obama, kanyang Embahador ng U.S., at pinuno ng Lupon ng Cal State University at Lupon ng Bar ng Estado. Sa kabuuan ng aking trabaho, ipinakita kong alam ko kung paano ipanalo ang matitinding laban. Bilang isang abugado, ipinaglaban at naipanalo ko ang mga komunidad ng ating migrante at dinepensahan ko ang Panukala 187 ni Pete Wilson. Lumaban ako upang tiyaking ang kababaihan at mamamayan may iba't ibang kulay ng balat ay makakapasok sa ating mga unibersidad sa kabila ng Panukala 209. Naipanalo ko ang mag kasong limitahan ang mga pagbebenta ng baril at protektahan ang mga nakaligtas sa karahasan sa loob ng tahanan at ipinaglaban ko ang mga karapatan ng LGBTQ ilang dekada pa bago nila makuha ang malawakang suporta. Handa akong humarap sa mga bagong hamon sa edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at teknolohiya na makakaapekto sa bawat isa. Inirekomenda ako ng mga miyembro ng Kongreso na sima Jackie Speier, Adam Schiff, at Ro Khanna, gayundin ng maraming Mabaabtas ng Estado ng California, Alkalde, Superbisor, at Miyembro ng Konseho. Kung nais ninyo ng adhikain at napatunayang karanasan para sa pag-unlad at pagbabago, ikalulugod kong matanggap ang inyong boto.

E-mail: info@jeffbleich.com
www.jeffbleich.com

Ed Hernandez | DEMOKRATIKO



Si Ed Hernandez, Senador ng Estado at maliit na negosyante, ay kumakandidato para sa Tenyente Gobernador upang mapalawak ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan, mapababa ang gastusin sa mga resetang gamot, maipaglaban ang mga manggagawang pamilya, protektahan ang kalikasan, at gawing mas posible at abot-kaya ang mas mataas na edukasyon. Bilang isang ama at lolo, inilaan ni Hernandez ang kanyang buhay sa pagsisilbi ng mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan ng kanyang komunidad sa pamamagitan ng paghahatod ng de-kalidad na pangangalaga sa mata sa mga manggagawang pamilya sa San Gabriel Valley. Si Hernandez ay apo ng mga migrante na lumaki sa komunidad ng uring-manggagawa ng County ng L.A., pinag-aral niya ang sarili sa kolehiyo, at nagtayo ng matagumpay na maliit na negosyo ng pamilya kasama ang kanyang asawa. Bilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, pinamunuan ni Senador Hernandez ang laban upang mas maging abot-kaya at posible ang pangangalagang pangkalusugan, nagpasa siya ng batas sa landmark na nagpabagsak sa malalaking korporasyon ng parmasyutiko para sa pagtataas ng mga halaga ng resetang gamot sa pamamagitan ng paggawa ng mga bago at mahigpit na panuntunan sa katapatan upang matulungang bumaba ang mga presyo ng gamot. Bilang pinuno ng Senado ng Estado, tumulong si Hernandez sa pagpapasa ng mga batas na poprotekta sa pagkakaroon ng malinis na hangin at tubig, magdaragdag sa pondo para sa mga paaralan at programa sa edukasyong pantrabaho, at magbibigay ng isang taong libreng kolehiyo sa komunidad. Inirerekomenda si Hernandez ng Mga Bumbero ng California, Kapisanan ng Mga Guro ng California, Kapisanan ng Mga Nars ng California, Kontroler ng Estado na si Betty Yee, at Pangkalahatang Abugado ng California na si Xavier Becerra dahil alam nilang maninindigan siya para sa mga pamilya laban sa mga espesyal na interes ng korporasyon. Tumutulong din ang Senador ng Estado na si Ed Hernandez na pangunahan ang hakbang upang wakasan ang kulturang pananahimik ng Sacramento upang maprotektahan ang mga mamamayan mula sa sekswal na panliligalig, panagutin ang mga nang-aabuso, at tanggalin ang akusado sa tanggapan. Iboto si Senador Ed Hernandez para sa Tenyete Gobernador ng California.

E-mail: info@edhernandez4ca.com
www.edhernandez4ca.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

TENYENTE GOBERNADOR

David Fennell | REPUBLIKANO

Alam ni David Fennell kung paano *ayusin ang Sacramento*! Kapag ihahalal ninyo ako bilang inyong Tenyente Gobernador, 3 bagay ang gagawin ko: *1)Lalabanan ko ang Panlilinlang sa Sacramento 2)Itigil ang pag-aaksaya ng pamahalaan 3)Isusulong ang Kalakalan at Pamumuhunan sa California.* Tinatawag ako ng aking mga kaibigan bilang “G. California” dahil ginugol ko ang mahigit 4 na dekada sa paglalakbay sa lahat ng 58 County ng California gayundin ang lahat ng 77 distrito at tanghalan ng county. Walang sulok ng ating malaking estado ang hindi ko napuntahan; walang komunidad ang hindi ko bibisitahin. Pumasok ako sa pampublikong mataas na paaralan sa komunidad ng pangingisda at pagsasaka ng Half Moon Bay. Ginawa ko ang aking proyekto ng Eagle Scout sa isang Parke ng Estado ng California. Pinalaki akong Katoliko, tinapos ko ang aking Bachelors at Masters sa Mga Heswitang Unibersidad ng California. *Mahal ko ang California at nasasaktan akong makita kung paano sinasayang ng mga politiko ang ating mga dolyar na buwis at inaaksaya ang mga mapagkukunan ng ating malaking estado.* Pumasok ako sa politika bilang negosyante pagkatapos kong isiwalat ang panloloko at iniulat ito sa mga awtoridad. Bagama't maraming tao ang nabilanggo, naitabi ng mga politiko at abugado ang pera. *California, mapipigilan natin ang panlilinlang! Mapipigilan natin ang pagsasayang ng pamahalaan!* Kaya nating muling isaayos ang mga kalsada at ang ating mga sistema ng patubig upang mapaghandaan ang mga darating na tagtuyot. Maisasaayos natin ang mga paaralan at makakapagpalago tayo ng negosyo. *Ngunit kailangan natin ng bagong pamumuno sa Sacramento!* Ito ang dahilan kung bakit ko hinihiling sa inyong iboto ako sa Sacramento upang maging Tenyente Gobernador ninyo! Nasasabik na akong makilala kayo! Pakianyayahan akong magsalita sa inyong komunidad! *Ayusin na natin ang California Ngayon!* Pakiboto si David Fennell para sa Tenyente Gobernador. Pagpalain ng Panginoon ang California!—Dave Fennell

500 Capitol Mall, Suite 2350
Sacramento, CA 95814

Tel: (916) 307-6918
E-mail: dave@fennellforcalifornia.com
FennellForCalifornia.com

Tim Ferreira | LIBERTARYAN

Paano makikinabang ang California sa inyong boto sa akin? *Ekonomiya:* Hindi na natin kayang gumastos pa ng walang kita. Hindi na natin kakayaning taasan pa ang mga buwis para makakuha ng kita. *Kalikasan:* Kailangan nating ipatupad ang mga kasalukuyang regulasyon: ituloy ang mga multa at parusa para sa mga lumalabag. *Edukasyon:* Kailangan natin ng mga mahuhusay na guro, na may makakatuwirang laki ng klase, at maraming suplay. *Ekonomiya, Kalikasan, at Edukasyon.* Ito ang mahahalagang pundasyon kung saan natin sisimulan ang pag-ahon sa California at ito ang tatlong aspetong pangangasiwaan ng Tenyente Gobernador. *Mga Prinsipyo:* Kumakandidato ako sa panig ng mga prinsipyo ng libertaryan. Nagpapasya ako batay sa magkakapareho nating prinsipyo. Ang bawat boto para sa akin (at iba pang kandidato ng Libertaryan) ay nagpapadala ng mandato sa lahat ng politiko. Isang may paninindigang mandatong hindi nila mababalewala.

P.O. Box 92973
Pasadena, CA 91109

tim2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

TENYENTE GOBERNADOR

Lydia Ortega | REPUBLIKANO

Ako si Lydia Ortega at kumakandidato ako bilang susunod ninyong Tenyente Gobernador. Maipapamalas ko ang hindi ninyo mahahanap sa *ibang* kandidato para sa Tenyente Gobernador—ang mga kakayahan at karanasang direktang nauugnay sa posisyon. *Hindi* ako pupuntang Sacramento para "maghintay na maging Gobernador," may tungkuling kailangang gampanan. Bilang Tenyente Gobernador, ako ang magiging boses ninyo sa Lupon ng Mga Rehente sa Unibersidad ng California, lupon ng Mga Katiwala sa Unibersidad ng Estado ng California, at Mga Komisyon para sa Pag-unlad ng Ekonomiya at para sa Paggamit ng Lupa ng Estado. Bilang isang Ph.D. sa ekonomiko, alam ko kung kailan sinusuportahan ang mga merkado gamit malilinaw na batas at walang anumang hindi kinakailangang regulasyon, pagkatapos ay magsisikap ang mga negosyo, malaki at maliit; lahat ay uunlad. Pagkatapos ng 30 taong pagiging Propesor sa Unibersidad, alam ko ang magiging epektibo at hindi sa mga kampus ng kolehiyo. Kailangan ng Mga Lupon ng UC at CSU ang panloob na kaalamang ito. Magagawang abot-kaya at produktibo ang kolehiyo. Hindi patuloy na makakayanan ng mga nagbabayad ng buwis ang pagtaas ng singilin para sa edukasyon na nagbabaon sa utang sa mga estudyante at hindi sila naihahanda para sa mga trabaho. Mailalarawan sa aking posisyon sa komite at pamumuno sa Unibersidad na nagtagumpay ako sa paghanap ng solusyon at alamin kung paano malulutas ang mga kumplikadong problema. Titiyakin kong matatandaan ng mga miyembro ng pampublikong burukrasya na kayo ang masusunod, at na may pananagutan ang ating pamahalaan sa inyo, ang botante at nagbabayad ng buwis. Ang pagtakbo bilang tagapaglingkod ng publiko ay isang makamamamayang tungkulin. Hatid ko ang integridad, lakas, mga kakayahan, at karanasang kinakailangan upang mapaglingkuran kayo bilang inyong Tenyente Gobernador. Upang matuto pa, pakibisita ang *LydiaOrtega.com*

E-mail: Lydia@LydiaOrtega.com
LydiaOrtega.com

Gayle McLaughlin | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Inirerekomenda ako ng Our Revolution ni Senador Bernie Sanders dahil bilang Alkalde ng Richmond, California, (2007–2014) pinamunuan ko ang kapansin-pansing pagbabago ng lungsod, binawasan ang mga pagpatay nang 75%, tinaasan ang pinakamababang sahod at ginawang $15, isinulong ang pagkontrol sa renta at tinulungan ang mga may-ari ng bahay na maiwasan ang pagsasara, ipinagtanggol ko ang mga pampublikong paaralan at karapatan ng migrante, pinrotektahan ang kalikasan, binawasan ang polusyon, isinulong ang Pagpili sa Enerhiya ng Komunidad, at iginiit na pagbayarin ang Chevron ng $114 milyon na mga karagdagang lokal na buwis. *Kumakandidato ako para sa Tenyente Gobernador upang maging haligi sa Sacramento laban sa kapangyarihan ng korporasyon at mga ilegal na transaksyon—upang magsulong ng platapormang Para sa Mamamayan Muna*. Walang kumokontrol sa aking korporasyon: tinanggihan ko ang mga ambag ng korporasyon para sa lahat ng aking kampanya at nanalo ako nang apat na beses laban sa oposisyong malaki ang pondo. Pagkatapos ng halalan, wala magiging utang sa mga korporasyon—tanging sa inyo lang, ang mamamayan ng California. *Makakapagsikap nang muli ang ating mga pamilya at komunidad kapag binayaran na ng mga korporasyon ang kanilang patas na ambag at uunahin natin ang mamamayan.* Sinusuportahan ko ang 'Medicare para sa Lahat'; aayusin ang hindi wasto sa buwis sa komersyal na ari-arian ng Proposisyon 13; kokontrolin ang renta sa buong estado; magbibigay ng pampublikong programa para sa mga tunay na abot-kayang pabahay; magtatatag ng pampublikong kolehiyong libre ang matrikula; popondohan nang buo ang pampublikong edukasyon; wawakasan ang pagpapalawak ng charter na paaralan; itatigil ang pagsasapribado ng mga bilangguan; magsusulong ng progresibong buwis sa mga milyunaryo; gagawa ng mapapanatiling pag-unlad; ipagbabawal ang pagbubungkal; papanagutin ang pulisya; magtataguyod ng pampublikong bangko para sa California; isusulong ang mga karapatan ng kababaihan at karapatan ng migrante; isusulong ang pag-oorganisa ng unyon; bubuo ng mga lokal na pagmumulan ng politikal na kapangyarihan; ikakampanya ang reporma sa pinansya at pampublikong pagpopondo sa mga kampanya; at tutuldukan ko ang lahat ng kasanayang nandidiskrimina sa ating mga institusyon. Bilang Tenyente Gobernador, ipaglalaban ko ang mga usaping ito at ioorganisa ang suporta ng mga tao para sa platapormang Para sa Mamamayan Muna. Hinihiling ko ang inyong boto.

P.O. Box 5284
Richmond, CA 94805
Tel: (510) 984-6536
E-mail: Gayle@GayleforCalifornia.org
www.GayleforCalifornia.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KALIHIM NG ESTADO

- Bilang punong opisyal ng mga halalan ng estado, sumusubaybay sa mga halalan sa buong estado, at naghahatid sa publiko ng kampanya at nagbabantay sa impormasyong pinansyal.
- Nagpapanatili ng ilang partikular na paghahain sa negosyo, pinapatunayan ang mga tatak, pinangangasiwaan ang mga pampublikong notaryo, at pinapayagan ang mga ligtas na kreditor na protektahan ang kanilang mga pinansyal na interes.
- Pinapanatili ang kasaysayan ng California sa pamamagitan ng pagkuha, pangangalaga, at pagbabahagi sa mga makasaysayang yaman ng estado.

Gail K. Lightfoot | LIBERTARYAN

Pagsisikapan kong wakasan ang Dalawang Nangungunang halalan at papanatilihin ang karapatan ng mga botante na pumili ng mga kandidato mula sa lahat ng partido sa Nobyembre.

849 Mesa Drive
Arroyo Grande, CA 93420

Tel: (805) 481-3434
E-mail: sosvotelp@aol.com
https://www.facebook.com/SOSLightfoot2018

Alex Padilla | DEMOKRATIKO

Kumakandidato ako upang patuloy na maglingkod bilang inyong Kalihim ng Estado, dahil isa itong mahalagang panahon para sa mga karapatan sa pagboto at may napatunayan na akong karanasan sa pagkuha ng mga resulta. Sa aking unang termino, pinagsikapan kong taasan ang dami ng mga nagpaparehistrong botante, pinalawak ang mapagkukunan ng kahon ng balota, at mas pinadali ang pagboto. Inisponsoran ko ang pagsasabatas na paagahin ang ating pangunahing halalan upang mabigyan ng higit na kapangyarihan ang mga mamamayan ng California na kilalanin ang mga nominado sa Pagkapangulo. Ipinapatupad ko ang awtomatikong pagrehistro ng botante at mga programa ng mismong araw na pagpaparehistro gayundin ang paunang pagpaparehistro para sa mga kwalipikadong botante 16 at 17 taong gulang nang sa gayon ay handa na silang magpasok ng balota pagsampa nila sa edad 18 taon. *Dahil sa aking gawain, madaragdagan na nang milyun-milyon ang mga kwalipikadong botante ng California sa mga listahan nito.* Marami ang maipagmamalaki ng mga mamamayan ng California, ngunit humaharap pa rin tayo sa mga hamon. *Noong nakaraang taon lang, tinanggihan ko ang kahilingan ng Administrasyong Trump na makuha ang mga listahan ng ating mga botante at pinrotektahan ko ang pagiging pribado ng mga mamamayan ng California.* Nagkakaroon na tayo ng pagbabago, ngunit dahil marami ang nakataya, kailangang manindigan ang ating Kalihim ng Estado para sa mga mamamayan ng California. *Sa loob ng aking panunungkulan bilang pampublikong tagapaglingkod, ito na ang nagawa ko. Bilang Pangulo ng Konseho ng Lungsod ng Los Angeles, bilang Senador ng Estado, at ngayon, inyong Kalihim ng Estado, ipinamalas ko ang aking paninindigan sa paglaban para sa mga mamamayan ng California at nakikita natin ang mga resulta.* Buong galang kong hinihiling ang inyong boto. Bumisita sa *Alex-Padilla.com* upang matuto pa.

777 S. Figueroa St., Suite 4050
Los Angeles, CA 90017

E-mail: Alex@Alex-Padilla.com
www.Alex-Padilla.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KALIHIM NG ESTADO

Erik Rydberg | LUNTIAN

Katutubong Amerikanong Delegado ni Bernie na naninindigang *depensahan ang demokrasiya* at *protektahan ang inyong boto!*

P.O. Box 725
Eureka, CA 95502

Tel: (530) 444-2190
E-mail: erikrydberg34@gmail.com
www.erik4sos.org

Raul Rodriguez Jr. | REPUBLIKANO

Walang Isinumiteng Larawan

"Isa akong Beterano ng Army, Mahal ko ang Napakagandang Bansang ito at Papanatilihin ko ang Integridad ng Halalan sa California."

19446 Lynbrook Road
Apple Valley, CA 92308

Tel: (760) 684-1025
E-mail: www.raulrodriguezjr@juno.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KALIHIM NG ESTADO

C.T. Weber | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Nararamdaman ba ninyong hindi nabibilang ang inyong boto? Walang sinuman sa pamahalaan ang nagbibigay-pansin sa inyong mga isyu? Hindi ka nag-iisa. Makikita sa mga poll na malaking bahagi ng mayorya ang gusto ng ikatlong partido, ngunit pinipigilan at tinatanggihan ng mga batas ng halalan sa dalawang partido, pribadong pera, at media ng korporasyon ang pagkakatawan para sa marami sa atin, kung kaya nagiging ilusyon lang ang demokrasiya. Mayroon tayo dating anim na kandidato sa ating balota sa pangkalahatang halalan. Ngayon, dalawa na lang ang mayroon tayo, kadalasan pang mula sa iisang partido. Masaklap ito! Tuldukan na natin ang Dalawang Nangunguna at magkaroon tayo ng higit pang pagpipilian sa ating mga pangkalahatang halalan. Maraming bansa ang gumagamit ng Proporsyonal na Pagkakatawan upang maghalal ng maraming mambabatas mula sa bawat distrito, kung saan pantay ang pagkakahalal ng mga partido at independiyente sa kanilang bilang ng mga botante. Nasasayang ang mas kaunting boto, hindi na nagagamit ang gerrymandering, mas marami na ang mga resulta ng botante, at mas magkakaiba na ang mga nahahalal. Kung makukuha ng isang partido ang mga boto, makukuha nito ang kalahati ng mga posisyon, hindi ang lahat ng ito. Kung makakuha ang isang partido o independiyenteng kandidato ang 10% ng mga boto, makukuha ng partido o kandidatong iyon ang 10% ng mga posisyon, hindi ang lahat ng ito. Sa ganitong paraan, mapoprotektahan ang mayorya at makakapagbigay ng boses ang mga minorya at pagkakatawan. Palitan na natin ang Dalawang Nangunguna ng Proporsyonal na Pagkakatawan. Alisin na natin ang pera sa politika. Pera ang naging ugat ng katiwalian sa sistema ng ating politika. Magtatag tayo ng walang perang uri ng pantay na pagpopondo ng publiko sa mga kandidatong naglikom ng mababang halaga. Gawing libre muli ang mga mahal na pahayag sa gabay na impormasyon para sa botante. Pakiboto ako upang maipakita ang inyong suporta sa mga patas at tapat na halalan.

1403 Los Padres Way
Sacramento, CA 95831

Tel: (916) 320-9186
E-mail: CTWeberVoters@att.net
peaceandfreedom.org

Michael Feinstein | LUNTIAN

Maganda ang California, mayaman sa pagkakaiba-iba ng mga tao, ideya, at perspektibo. Karapat-dapat ang lahat na magkaroon ng posisyon sa hanay ng ating demokrasiya. Sa ganitong paraan lang tayo magiging patas at sama-sama. Ang boto para sa dating alkalde ng Santa Monica na si Michael Feinstein ay boto para sa *Batas ng Mga Karapatan sa Demokrasiya*, na magbibigay ng: 1. Mga Halalan ayon sa Proporsyonal na Pagkakatawan. *Makakatanggap ng pagkakatawan ang mga nagkakaisang botante kagaya ng dami nila sa pangkalahatang dami ng boto.* Sa halip na igaya sa kasalukuyan nating iisa lang ang nananalong sistema ng 'kung sino ang hindi gaanong masama', sa ilalim ng proporsyonal na pagkakatawan, makakatulong ang lahat ng botanteng maghalal ng mga kandidatong tunay na kumakatawan sa kanilang mga pananaw. Nananalo ang maraming perspektibo bilang kinatawan mula sa iisang distrito. *Natututo tayo mula sa kaalaman ng ating kaibahan.* 2. Reporma sa Kampanyang Walang Pera. *Pinakaepektibo ang demokrasiya kapag naririnig at nakakatawan ang bawat isa.* Sa kasamaang-palad, nagiging sanhi ng katiwalian at impluwensya sa pagkaantala ang Malaking Pera. Upang matiyak na ang lahat ng botante ay may impormasyong kinakailangan upang magkaroon ng matalinong pasya—at upang mabawasan ang gastusin ng kumakandidato para sa tanggapan—gamitin ang mga pampublikong panawagan upang maabisuhan ang mga botante tungkol sa lahat ng pagpipilian sa halalan. Upang mabigyan ang mga kandidato ng malalawak na pinagmulan ng suporta, itugma ang maliliit na ambag sa mga pampublikong pondo. *Karapat-dapat ipaglaban ang ating demokrasiya.* 3. Integridad ng Halalan. *Dapat mabilang ang lahat ng boto—at dapat magkabilang ang lahat ng boto.* Isulong ang katapatan, katumpakan, at pagiging katiwa-tiwala, gamit ang open-source na kagamitan sa pagboto na pagmamay-ari ng publiko, mga balotang papel, at mga makahulugang pagsusuri. Alisin ang mga salungatan ng interes sa pamamagitan ng pagbabawal sa Kalihim ng Estado na magrekomenda o sumalungat sa sinumang kandidato o anumang panukala sa balota habang nasa tanggapan. Padaliin ang pagboto sa pamamagitan ng pagdeklara ng mga walang pasok ng estado sa mga araw ng halalan. *www.feinstein4sos.org*

P.O. Box 5605
Santa Monica, CA 90409

Tel: (310) 392-8450
E-mail: info@feinstein4sos.org
www.feinstein4sos.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KALIHIM NG ESTADO

Mark P. Meuser | REPUBLIKANO

Mahalaga ang Mga Halalan. Kamakailan, ang Proyekto ng Integridad ng Halalan ng California ay naghain ng kaso kung saan inaakusa nilang mas marami ang nakarehistrong botante ng California kaysa sa mga kwalipikadong botante, 101% upang maging tumpak. *Ang County ng Los Angeles pa lang ay mayroon nang 144% pagpaparehistro ng botante.* Nagagastos ang pera ng mga nagbabayad ng buwis sa sandamakmak na listahan ng botante upang makapagpadala ng mga hindi kinakailangang materyales sa balota. Pinapataas din nito ang tyansang magkaroon ng panloloko. Kailangan nating alisin sa mga listahan ang mga namatay na, lumipat, hindi mamamayan, doble, at hindi totoong pagpaparehistro. Mahalaga ang mga halalan upang maipaalam ng mga mamamayan ng California sa ating pamahalaan kung paano natin gustong mapamahalaan. Nagsisimula ang mga patas na halalan sa mga tumpak na listahan ng botante, kung saan nakarehistro lang ang mga kwalipikadong bumoto. *Tungkulin ng Kalihim ng Estado na panatiliin ang mga listahan ng botante*. Kung mananatiling sobra ang mga listahan, magagamit ng mga may espesyal na interes ang pera at impluwensya upang bumili ng boto at bayaran ang mga politiko. Araw-araw, nakakarinig ako ng mga pahayag ng mga mamamayan ng California na nakasaksi ng pagboto ng mga hindi mamamayan o nalamang nakaboto ang kanilang yumaong kamag-anak. Isang tubong mamamayan ng California si Mark Meuser na nagsasanay sa batas ng Saligang-batas at Halalan. Kapag nakakakita ako ng kawalan ng hustisya, naninindigan ako at tinutulungan ko ang mga nangangailangan. Ipinaglaban ko ang mga karapatan ng mga may kapansanan at mga karapatan sa malayang pagsasalita ng mga estudyante ng kolehiyo, at nanalo ako. Ngayon, hinihiling ko ang inyong pagboto upang malinis ang mga sobrang listahan ng botante ng California. Gagamit ako ng teknolohiya at mga database upang linisin ang ating mga listahan ng botante nang sa gayon ay hindi masasapawan ng mga hindi awtorisadong boto ang ating boses. *Mahalaga ang Mga Halalan*.

Tel: (209) 763-8737
E-mail: contact@markmeuser.com
www.markmeuser.com

Ruben Major | DEMOKRATIKO

Bilang isang Paramediko ayon sa kalakalan, isa akong sinanay na unang tagaresponde sa direktang pagtugon sa mga kritikal na sitwasyon at pangangalaga sa mga komunidad. Mayroon kaming tatlong anak na nag-aaral ng aking asawa at nagpapatakbo kami ng kumpanya sa pagsasanay ng muling pagsesertipika ng EMT/Paramediko. May mga degree ako sa batas ay kasaysayan sa militar, sinanay ako sa paglaban sa terorismo, at isa akong sertipikadong Komandante ng Insidente ng FEMA. Marami akong kakayahang panteknolohiya at eksperto ako sa mga sistema ng halalan. Hindi ako tumatanggap ng mga donasyon ng korporasyon. Bilang tagapagpatupad ng halalan, hindi ako mangangampanya para sa iba pang kandidato. Magtatrabaho ako para sa mamamayan, hindi para sa politikal na pakinabang. Dapat maging matibay at protektado sa manipulasyon ang ating sistema ng pagboto. Dapat maging publiko, tapat, at 100% masusuri ang pagbibilang ng boto. Dapat *pangunahan* ng California ang bansa tungo sa pinakamahuhusay na kasanayan sa pagboto at isasakatuparan ko ito. Bilang may-ari ng negosyo, nauunawaan kong dapat maging patas, bukas, at malaya ang California sa maliit na negosyo. Bumisita sa *www.rubenmajor.com* upang matuto pa.

P.O. Box 4070
Oceanside, CA 92052

Tel: (949) 482-0502
E-mail: campaign@rubenmajor.com
www.rubenmajor.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KONTROLER

- Bilang punong opisyal sa pananalapi ng estado, nagsisilbing tagapagtuos ng estado at tagapangalaga ng lahat ng pampublikong pondo.
- Nangangasiwa sa sistema ng pagpapasahod ng estado at mga hindi nakuhang batas sa ari-arian, at nagsasagawa ng mga pagsusuri at pagsisiyasat ng mga pagpapatakbo ng estado.
- Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, Lupon ng Pagkontrol, at iba pang lupon at komisyon.

Betty T. Yee | DEMOKRATIKO

Gamit ang malawak na karanasan sa pananalapi, reputasyon sa pagiging patas, at paninindigan sa pinakamataas na antas ng katapatan at pananagutan, nanunungkulan ang Kontroler ng Estado na si Betty Yee bilang independiyenteng tagapagbantay ng pananalapi ng California na may matibay na disiplina Pinag-ingatan niya ang mga dolyar na buwis, isiniwalat sa kanyang awtoridad sa pagsusuri ang halos $4 bilyong nakalaan sa mga hindi pinapayagang paggamit at naaaksayang paggastos. Ang galing niya sa paghawak ng pananalapi ang susi kung bakit nababayaran ang mga singilin ng estado nang hindi umuutang sa labas. Sinuyod ni Betty Yee ang patagong ekonomiya kung saan nagiging panganib ang hindi patas na negosyo sa mga nagbabayad ng buwis na sumusunod sa batas. Pinangunahan niya ang reporma ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado upang maiangat ang mga karapatan ng mga nagbabayad ng buwis para sa mga indibidwal at negosyo. Habang ipinapatupad ang isa sa malalaking programa ng estado sa proteksyon ng mamimili, nagsisikap si Betty Yee na ibalik ang daan-daang dolyar na nawala o inabandonang ari-arian bawat araw sa mga makatuwirang may-ari ng mga ito sa ilalim ng Programa ng Hindi Nakuhang Ari-arian. Sa kanyang tungkulin sa patakaran sa maraming lupon at komisyon, si Betty Yee ay isang tagapagtanggol ng kalikasan, na nagpoprotekta sa pagpasok sa ating mga lupain at tabing-dagat na ipinagkatiwala ng publiko, nakikipagtulungan sa ating mga daungan sa kalidad ng hangin at pagtaas ng tubig sa dagat, at iginigiit ang mga pagpapatakbong gumagamit ng mas kaunting enerhiya upang mabawasan ang mga panganib sa likas na yaman o kalagayan ng karagatan. Nakatuon din siya sa pagbibigay ng seguridad sa pagreretiro ng mga pampubliko at pribadong sektor ng manggagawa, na mahalaga sa kalagayan ng ekonomiya. Dahil sa kakaibang karanasan at husay, ipinagmamalaking inirerekomenda si Betty Yee ng mga guro ng California, komunidad ng tagapagpatupad ng batas, Sierra Club, at Mga Kalakalan sa Pagpapatayo at Paggawa ng Estado. Panatilihin si Betty Yee bilang Kontroler na patuloy na ipaglalaban ang mga pamilya sa California. Para sa higit pang impormasyon: www.bettyyee.com.

16633 Ventura Blvd.,
Suite 1008
Encino, CA 91436

E-mail: info@bettyyee.com
www.bettyyee.com

Konstantinos Roditis | REPUBLIKANO

Tungkulin ng Kontroler na *Protektahan, Isulong, at Ipanawagan* ang mga patakarang mapapakinabangan ng masisipag na nagbabayad ng buwis at wala dapat itong kinakampihang partidong politikal. Sa loob ng napakahabang panahon, nananatiling tahimik ang tanggapan ng Kontroler, na nagreresulta sa pagkaaksaya ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis. Bilang inyong Kontroler, ipinapangako kong magiging tapat at uunahin ko ang inyong mga interes. *Poprotektahan* ko ang mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagsuri sa mga proyekto gaya ng Sistema ng Mabilis na Riles ng California. *Dapat nang matapos ang pag-aaksaya, panloloko, at pang-aabuso!Isusulong* ko ang mga patakarang maghihimok sa pananagutang pananalapi. Palagi dapat nating itinatanong kung, “Ginagastos ba namin nang maayos ang inyong pera?” *Labanan ang Buwis sa Gas:* 20% lang ng mga pondo ng buwis sa gas ang tunay na nagagastos sa mga pag-aayos ng daan; naayos ng apatnapu't isang estado ang kanilang mga daan nang mas maayos at mas mura kumpara sa California! Huwag taasan ang mga buwis, sulitin ang bawat dolyar, gumasta nang mabuti. *Ihinto ang Pagwawaldas ng Pera! Magsusulong* ako ng bagong mahuhusay na plano at patakaran sa buwis tulad ng Trickle-up na Pagbubuwis. Tutuldukan ng aking plano ang kapit ng sentralisadong pamahalaan sa pamamagitan ng paglilipat ng nagpapasyang awtoridad mula sa Sacramento papunta sa lokal na antas. Upang matuto pa tungkol sa Trickle-up na Pagbubuwis, *Pagtuligsa sa Buwis sa Gas,* at sa aming kampanya, bumisita sa *cacontroller.com*

751 S. Weir Canyon Rd.,
Ste. 157-160
Anaheim, CA 92808

Tel: (949) 607-8294
E-mail: roditis@cacontroller.com
cacontroller.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KONTROLER

Mary Lou Finley | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Gamitin nang maayos ang mga buwis sa pagbibigay ng mga pangangailangan ng mamamayan sa halip na pondohan ang mayayamang korporasyong nag-aaksaya ng bilyun-bilyong dolyar.

5041 Guava Ave., Apt. 110
La Mesa, CA 91942

Tel: (619) 713-0103
E-mail: celticwomanwicklow@hotmail.com
tinyurl.com/finleyin2018

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

INGAT-YAMAN

- Bilang bangkero ng estado, pinapamahalaan ang mga pamumuhunan ng estado, at pinangangasiwaan ang pagbebenta ng mga bono at tala ng estado.
- Manunungkulan sa maraming komisyon, karamihan ay nauugnay sa merkado ng mga bono.
- Binabayaran ang mga pondo ng estado kapag ginagastos ng Kontoler at iba pang ahensya ng estado.

Jack M. Guerrero | REPUBLIKANO

Naghahatid si Jack Guerrero ng natatanging kumbinasyon ng karanasan sa pampubliko at pribadong sektor, na may pinakamataas na kasaysayan ng pagtira sa America. Ang karanasan ni Jack bilang Alkalde, Miyembro ng Konseho ng Lungsod, Sertipikadong Pampublikong Tagatuos, nakapagtapos sa Unibersidad ng Stanford at Harvard, Bise Presidente ng bangko, propesyunal sa Ingat-yaman, tagasuri ng mga munisipalidad at ahensya ng pamahalaan, at tagapayo ng mga kumpanya ng Fortune 500 (sa New York, San Francisco, Los Angeles, London, at Zurich) —ang naglarawan sa kanya bilang kandidatong may *parehong* karanasan sa Ingat-yaman *at* tala sa serbisyo publiko ng paglaban para sa mga nagbabayad ng buwis at mamamayang nagtatrabaho. Hindi natatakot si Jack na hamunin ang uring panlipunan. Bilang Alklalde ng kanyang bayan, nakipagtulungan si Jack sa Kontroler ng Estado ng California upang ilantad ang milyun-milyong dolyar na nasasayang at ginagastos nang labag sa batas. Bilang dating tagasuri ng pensiyon at isang beses na nagturo sa unibersidad sa istatistika, nauunawaan ni Jack ang tindi ng pananagutan ng estado sa hindi napopondohang pensiyon na nasa humigit-kumulang $500 bilyon, na nagiging banta sa katatagan ng pinansya ng estado! *Ilalantad* ni Jack ang hindi tamang pamamahala ng mga walang pakundangang politiko. Babantayan ni Jack ang mga asset ng estado at isusulong ang mga patakarang *inuuna* ang mga mamamayan, kabilang ang pagpapababa ng mga buwis, mas maliit na pamahalaan, at matiwasay na ekonomiya ng California. Si Jack ay anak ng masisipag na mag-asawang Mehikanong migrante—mga magsasaka at kalaunan ay naging mga manggagawa ng pagawaan na nanirahan sa Los Angeles. Pinalaki si Jack sa naghihikaos na komunidad, kung saan makikita ang kahirapan, mga gang, at mga bulok na pampublikong paaralan—isang mahirap na karanasang humubog sa mga politikal na pananaw at kawang-gawang aktibidad ni Jack. Pinagsisilbihan ni Jack ang maraming pampublikong ahensya at hindi kumikitang Lupon at aktibo siya sa mga hakbang para sa scholarship at pagpasok sa unibersidad sa mga naghihirap na komunidad. *www.jack4treasurer.com*.

P.O. Box 1334
Cudahy, CA 90201

Tel: (323) 821-2670
E-mail: jack4treasurer@gmail.com
www.jack4treasurer.com

Greg Conlon | REPUBLIKANO



Kailangan ng California ng Republikanong may responsibilidad sa pananalapi upang maayos ang mahinang kundisyong pananalapi ng Estado. Naging sanhi ang pagbibigay ng malalaking pensiyon sa mga pampublikong empleyado sa loob ng ilang taon ng pananagutan sa iresponsableng hindi napondohang pensiyon at pananagutan sa hindi napondohang pangangalagang pangkalusugan para sa mga magreretiro sa hinaharap. Nanunungkulan ang Ingat-yaman ng California sa parehong Lupon ng Estado sa Plano sa Pensiyon—CalSTRS at CalPERS. Gagamitin ko ang aking karanasan sa pribado at pampublikong sektor “upang magawa ang tungkulin” sa aking serbisyo sa mga Lupong ito. Sa pagtatrabaho ko sa pribadong sektor bilang CPA at tagapayo, pinahusay ko ang mga pinansyal na pagkontrol at nagsagawa ako ng mga pagsusuri sa pinansya ng mga kumpanya ng Fortune 500. Bilang Pangulo ng Komisyon sa Mga Pampublikong Utilidad ng California, sinimulan ko ang mga hakbang upang maghatid ng mahuhusay na kasanayan sa industriya ng utilidad ng California at hinikayat ang mga pampublikong utilidad na maglagay ng generator na apat na beses na may higit na hindi nauubos na enerhiya kaysa sa ibang estado. Sa panahon ng aking panunungkulan sa Komisyon sa Transportasyon ng California, nagsikap akong ipaayos ang karamihan ng tulay at mga overpass sa Estado. Lokal akong naging tagapangulo sa Komite ng Pinansya ng Atherton, na nagpapanatiling balanse sa badyet ng Bayan. Nanungkulan ako nang tatlong taon bilang opisyal at piloto ng Air Force. Mayroon akong J. D. Law Degree mula sa Unibersidad ng San Francisco, isang Degree sa Programa sa Mataas na Edukasyon sa Paaralan ng Negosyo ng Haas at may bachelor’s degree sa Negosyo at Accounting mula sa Unibersidad ng Utah. Nakatanggap ako ng maraming rekomendasyon mula sa Republikano kabilang ang Republikanong Partido ng County ng San Mateo, Pangalawang Tagapangulo ng Republikanong Partido ng Estado ng San Francisco, at marami pang iba.

3875 Bohannon Dr.
P.O. Box 2600

Tel: (650) 315-4956
E-mail: greg@gregconlon.com
www.gregconlon.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

INGAT-YAMAN

Kevin Akin | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN



Panig ako sa pagsulong at pagpapatatag ng yunit ng ekonomiyang panlipunan tulad ng mga kooperatiba at unyon sa kredito, mga munisipal na utilidad, mga pampublikong kalsada at transit. Makakatipid nang malaki ang isang Bangko ng Estado na pagmamay-ari ng publiko para sa mamamayan. Para sa akin, nangangahulugan ang sosyalismo ng demokratikong pagkontrol at panlipunang pagmamay-ari ng ating ekonomiya. Upang maipanalo ito, dapat nating tuldukan ang kapangyahiran sa ekonomiya at politika ng mga bilyunaryo.

20212 Harvard Way
Riverside, CA 92507

Tel: (951) 787-0318
E-mail: kevinakin1950@hotmail.com
kevinakin4california.org

Vivek Viswanathan | DEMOKRATIKO

Si Vivek Viswanathan ang pinakakwalipikadong kandidato at tunay na progresibong kumakandidato nang walang malaking impluwensya ng pera. (1) Espesyal na Tagapayo sa Tanggapan ni Gobernador Jerry Brown. Pinamahalaan niya ang mahahalagang proyekto sa pagbuo ng trabaho, imprastraktura, pangangalagang pangkalusugan at pagbabago ng klima. (2) Tagapayo sa Patakaran ni Hillary Clinton. Bumuo siya ng plano ng Demokratikong Partido na alisin ang matrikula sa mga pampublikong kolehiyo at unibersidad, ihinto ang utang ng estudyante ng milyun-milyong umuutang sa buong bansa, at palawakin ang mga proteksyon ng mamimili laban sa malaking pagpapautang. (3) May MBA at law degree mula sa Unibersidad ng Stanford. Nagtapos nang may pinakamatataas na karangalan mula sa Unibersidad ng Harvard. (4) Tinanggihan ang lahat ng korporasyon, PAC, at pera para sa espesyal na interes—nang sa gayon ay paglingkuran lang ng susunod na Ingat-yaman ang mamamayan. 10 progresibong ideya para sa California sa *www.vivekforca.com/platform*. Sumali sa laban para sa kinabukasan ng California. Join Vivek.

5940 College Avenue, Suite F
Oakland, CA 94618

Tel: (650) 918-4885
E-mail: vivek@vivekforca.com
www.vivekforca.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

INGAT-YAMAN

Fiona Ma | DEMOKRATIKO

Ako si Fiona Ma. *Nagsisilbi ako bilang Certified Public Accountant (CPA) simula 1992.* Naninindigan ako para sa *higit na katapatan, mga pagsusuri at balanse, at pananagutan.* Kaya naman sinimulan ko ang pagsusuri upang maibalik ang tiwala sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Binalanse ko ang mga badyet sa lokal na antas, sa antas ng estado sa panahon ng Great Recession, at naipagpalagay ko na ang pagkuha ng $60 bilyon sa mga kita ng estado. Bilang CPA na may karanasan sa batas sa buwis at sa pagbabalanse ng mga badyet, kwalipikado akong maglingkod bilang Ingat-yaman ng Estado mula sa Unang Araw at mapapamahalaan ko ang mga pamumuhunan ng California nang may ganap na pananagutan at katapatan. Bubuo ako ng matatag na programa para sa mga unang beses na bibili ng tirahan upang mas marami ang magkaroon ng pabahay sa lahat ng mamamayan ng California. Magsisikap akong bawiin ang mataas na utang ng estudyante. Ipinanganak akong mayroon nang kundisyong pangkalusugan at personal kong nauunawaan ang agarang pangangailangan para sa de-kalidad, posible, at *abot-kayang pangangalagang pangkalusugan*. Dahil isang bumbero ang aking asawa, alam ko mismo kung gaano kahalaga ang mamuhunan sa ating mga unang tagaresponde. Bilang Ingat-yaman ng Estado, babantayan ko ang mga pamumuhunan sa *abot-kayang pabahay, imprastraktura, mga paaralan, mga ospital, proteksyon sa kalikasan, at transportasyon*. Higit sa lahat, ipagpapatuloy ko ang pangangasiwa sa mga dolyar na buwis, mahusay na mamumuhunan upang matiyak ang mga positibong pagbabalik, at titiyaking makikipagtulungan ang pamahalaan sa *pananagutan at katapatan*. Ipinagmamalaki kong suportahan ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, Kapisanan ng Mga Guro ng California, Mga Propersyunal na Bumbero ng California, at Kapisanan ng Maliit na Negosyo ng California*. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Salamat sa pagbibigay sa akin ng pagkakataon.

2244 Ione Street
Sacramento, CA 95864

Tel: (415) 845-5450
E-mail: fiona@fionama.com
http://www.FionaMa.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

ABUGADO HENERAL

- Bilang punong opisyal ng batas ng estado, tinitiyak na naipapatupad ang mga batas ng estado at sinisiyasat ang mga mapanloko o ilegal na aktibidad.
- Namumuno sa Kagawaran ng Hustisya, na nagbibigay ng mga legal na serbisyo sa pamahalaan ng estado at kumakatawan sa estado sa mga sibil at kriminal na kaso sa hukuman.
- Binabantayan ang mga ahensya ng pagpapatupad ng batas, kabilang ang mga abugado at siyerip ng distrito ng county.

Eric Early | REPUBLIKANO

Kailangan ng seryoso at malaking pagbabago ng Sacramento. Ako ay isang ama, negosyante, at abugado, hindi isang politikong may interes. Nagmamay-ari ako ng isang law firm (na binoto bilang isa sa pinakamagagaling sa bansa). Ako ang tanging tao sa kandidaturang ito na nakakatugon sa mga pagpapasweldo para sa maraming tao kada dalawang linggo. Sa loob ng 25 taon, lumaban ako sa mga hukuman sa buong California at bansa para sa aking mga kliyente—pinoprotektahan ko ang mamamayan laban sa mga manlolokong nagtatangkang nakawin ang kanilang mga tahanan, at kumakatawan ako sa mga indibidwal at negosyo, malaki man o maliit, sa mga legal na harapan. Ngayon, gusto kong ipaglaban kayo tulad ng paglaban ko para sa aking mga kliyente. Malaki ang pag-aalala ko sa mga mamamayan ng California. Ang pamumuno ng iisang partido sa loob ng maraming taon ay nagdulot ng gulo sa Sacramento. Kapag mahahalal ako, lalaban ako/lalabanan ko: (1) upang protektahan kayo laban sa kasalukuyang maagang pagpapalaya sa mararahas na kriminal mula sa ating mga bilangguan na mapanganib sa kaligtasan ng publiko; (2) ang walang katapusang pagtaas sa mga buwis, kabilang ang mga buwis sa gas at sasakyan; (3) upang maging matatag na tagasuporta ng pagpapatupad ng batas; (4) upang pigilan ang walang humpay na pagbuhos ng ilegal na imigrasyon; at (5) upang suportahan ang masisipag na mamamayan at manggagawa ng California. Natanggap ko ang mga rekomendasyon ng marami sa matatayog na tao, kabilang ang dating Abugado ng Distrito ng County ng Los Angeles na si Steve Cooley, Republikanong Pinuno ng Senado ng Estado na si Pat Bates at Kalihim ng Estado sa Termino ni Pangulong Reagan na si George Shultz. Kailangan ng bagong boses ng California sa Sacramento. Magagawa ko iyon para sa inyo. Kailangan ko ng inyong suporta at ikalulugod kong tanggapin ang inyong boto. Kung sama-sama, masisimulan nating ibalik ang tayog ng California. www.ericearly.com

www.ericearly.com

Dave Jones | DEMOKRATIKO



Si Dave Jones, isang napatunayang pinuno ng pagpapatupad ng batas sa buong estado, ay napakakwalipikado upang manilbihan bilang ating susunod na Abugado Heneral. Bilang Komisyonado ng Seguro, pinamumunuan ni Jones ang mga opisyal ng pagpapatupad ng batas na nagsisiyasat sa mga krimen sa seguro, kabilang ang mga tiwaling CEO at pampublikong opisyal. Mahigit 7,500 ang nakulong sa ilalim ng pamumuno ni Jones. Matindi ang paniningidan ni Jones sa adbokasiya niya para sa mamimili. Naibalik niya sa mga mamimili ng California ang mahigit $3.1 bilyon sa pamamagitan ng pagtanggi sa hindi patas na mga pagtataas sa presyo ng seguro at nilalaban niya ang mga kumpanya ng seguro. Ipinatupad ni Dave Jones ang reporma sa pangangalagang pangkalusugan, na nagpapalawak sa mabibigyan ng pangangalagang pangkalusugan. Tiniyak niyang binayaran ng mga tagaseguro ang mga habol ng mga mamamayan ng California na nasalanta ng mga wildfire. Matagumpay na nakasuhan ni Jones ang mga kumpanya ng gamot para sa panloloko. Tinagurian si Jones bilang “Pinakaepektibong Mambabatas” ng California. Pinangalagaan niya ang bilyun-bilyong netong pangkaligtasan ng pangangalaga sa ospital, pinrotektahan ang mga nakatatanda mula sa pinansyal na pang-aabuso, at binuo ang isa sa pinakamalalaking programa ng bansa sa maagang edukasyon para sa mga bata. Sa Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos, nagsilbing nakatataas na tagapayo ni Jones sa Abugado Heneral ng Estados Unidos na si Janet Reno, na namuno sa pinakamalaking ahensya ng pagpapatupad ng batas ng bansa. Kasunod ng pagtatapos sa Paaralan sa Batas ng Harvard, tinanggihan ni Jones ang magtrabaho para sa matataas na pasweldong law firm ng korporasyon at sa halip ay nanilbihan bilang legal na katulong na abugado, na nagbibigay ng libreng pagkakatawan sa mahihirap. Tinagurian siyang isa sa “Nangungunang 100 Abugado ng California” at “Tagapagtanggol ng Mamimili.” Independiyente si Dave Jones. Tumanggi siya sa mga ambag mula sa mga industriya ng seguro, langis, piyansa, at tabako. Si Dave Jones lang ang inirerekomendang kandidato ng *Pederasyon ng Mga Guro ng California* at *Pederasyon ng Mamimili ng California.* Si Jones lang ang inirerekomendang kandidato ng *Pambansang Organisasyon para sa Kababaihan (National Organization for Women, NOW),* California. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa: *www.DaveJones2018.com*

915 L St. Box C-124
Sacramento, CA 95814

Tel: (818) 378-3949
E-mail: teamdavejones@gmail.com
www.Davejones2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

ABUGADO HENERAL

Xavier Becerra | DEMOKRATIKO

Bilang inyong Abugado Heneral at punong opisyal ng pagpapatupad ng batas, *ipinaglalaban ko—at ipinapanalo*—ang mga mamamayan ng California at ang ating mga paniniwala. Tinutuligsa ko ang Administrasyong Trump, mga sex trafficker, NRA, Big Oil, at Malalaking Bangko. Hinahatulan ko ang mararahas na gang sa kalsada, nagkakalat, at namumuhunang kolehiyo na nagnanakaw mula sa ating mga estudyante. Bilang tagapagsulong ng pangangalagang pangkalusugan ng single-payer buong buhay ko, humarap ako sa hukuman upang depensahan ang Obamacare dahil naniniwala akong karapatan ang pagkakaroon ng pangangalagang pangkalusugan. Kinasuhan ko si Trump—at *nanalo*—upang pigilan siyang harangin ang mga proteksyon sa kalidad ng ating hangin at pinipigilan ko ang kanyang mga hakbang sa paghihigpit sa kababaihang magkaroon ng pagkontrol sa pagbubuntis. *Lumaban at naipanalo* ko ang pagprotekta sa Mga Nangangarap—mga migranteng napadpad sa U.S. bilang maliliit na bata. Nilabanan ko ang mga hamong ito para sa mga mamamayan ng California bilang anak ng mga migrante, kauna-unahan sa pamilya na makapagtapos sa isang unibersidad, dahil karapat-dapat ang *lahat ng mamamayan ng California* na magkaroon ng pagkakataong magtagumpay. Pagkatapos ng abugasya, nagtrabaho ako bilang legal na tumutulong na abugado na kumakatawan sa may kapansanan sa pag-iisip at nanilbihan bilang Kinatawan ng Abugado Heneral sa tanggapang pinamumunuan ko ngayon. Napunta ako sa Kongreso upang pamunuan ang paglaban upang protektahan ang Seguridad Panlipunan at Medicare. Ipinaglalaban ko ang mga paniniwala ng California buong buhay ko at *hinding-hindi* ako aatras sa Big Oil, NRA, o Administrasyong Trump. Sinasabi ng ilang tao ang kanilang gagawin, bilang Abugado Heneral, ako, ginagawa ko na ito. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto.

777 South Figueroa Street,
Suite 4050
Los Angeles, CA 90017

Tel: (213) 250-3400
E-mail: Xavier@XavierBecerra.com
XavierBecerra.com

Steven C. Bailey | REPUBLIKANO



Bilang retiradong Hukom ng Hukumang Superyor ng California, uunahin ko ang kaligtasan ng mga mamamayan kaysa sa katiwasayan ng mga kriminal. Gagawin kong priyoridad ang pagpapanatili sa pagkilala sa batas at pipigilan ang pag-alis ng piyansa, pagpapanggap ng Santuaryo ng Estado, at mga walang pangil na patakaran sa “libreng paglaya” na mapanganib sa ating mga komunidad. Nasaksihan ko ang epekto ng hindi pagpapatupad ng ating mga batas sa ilalim ng Saligang-batas. Inirerekomenda ako ni Mike Reynolds, ang may-akda ng Three Strikes Law, kabilang ang mga opisyal at kapisanan ng pagpapatupad ng batas dahil alam nila ang napatunayan ko nang karanasan sa paninindigan sa panig ng kaligtasan ng publiko at pagsunod sa batas. Maaasahan ninyo ako upang sugpuin ang mararahas na kriminal at nagbebenta ng tao at tuldukan ang taunang pagdami ng mararahas na krimen sa ating estado. Poprotektahan ko ang mga pamilya sa California, ang ating mga anak at apo, at susuportahan ko ang ating Mga Unang Tagaresponde upang mapanatiling ligtas ang mga mamamayan ng California. Salamat.

P.O. Box 7193
South Lake Tahoe, CA 96158

Tel: (916) 936-2448
E-mail: admin@baileyforag.com
www.baileyforag.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KOMISYONADO NG SEGURO

- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Seguro, na nagpapatupad sa mga batas sa seguro ng California at naglalapat ng mga regulasyon upang maipatupad ang mga batas.
- Nagbibigay ng lisensya, kumokontrol, at nagsusuri sa mga kumpanya ng seguro.
- Sinasagot ang mga tanong at reklamo ng publiko tungkol sa kasaysayan ng seguro.

Steve Poizner | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO



Mula 2007–2011, nanilbihan ako bilang Komisyonado ng Seguro ng California, at hinihingi ko ang inyong suporta para sa pangalawang termino ng serbisyo sa publiko. *Ang Aking Kasaysayan*: Napatunayan na ang karanasan ko sa tagumpay sa pribadong sektor sa pagsisimula at pamumuno sa mga kumpanya ng teknolohiya sa loob ng mahigit 35 taon sa California (hal. inimbento ng aking kumpanyang SnapTrack ang GPS para sa mga mobile phone), at ngayon, bilang nagtayo ng hindi kumikitang nakatuon sa pagpapalawak ng ekonomiya ng paglikha sa Southern California. *Bakit ako tatakbo ngayon para sa isa pang termino*? Humaharap ang mga mamamayan ng California sa malalaking isyu: mga may-ari ng bahay na walang seguro at nalalantad sa pagdami ng mga wildfire at pagbaha, patuloy na pagtaas ng premium sa mga merkado ng seguro na pangkalusugan, at lumalaking banta sa ekonomiya dahil sa cyber-crime. *Aking karanasan bilang Komisyonado ng Seguro*: Nailigtas natin ang mga nagmamaneho at may-ari ng bahay sa halos $2 bilyon sa mas mababababang presyo ng seguro; nakakuha ng $30 milyon para sa mga biktima ng wildfire na ginigipit ng mga kumpanya ng seguro; naibalik sa mga nagbabayad ng buwis ang $17 milyon sa pamamagitan ng permanenteng pagbawas ng 13% ng badyet (iyon ang kauna-unahan at walang natanggal sa mga trabaho!); inaresto ang mahigit 2500 tao para sa panloloko sa seguro (malaking balita!); at naipanatili ang seguro para sa libu-libong inosenteng mamimili pagkatapos ilegal na kanselahin ng mga kumpanya ng seguro na pangkalusugan ang mga patakaran. *Bakit ako kumakandidato bilang Independiyente*: Ang Komisyonado ng Seguro ng California ay isang tagapangasiwang nangangailangan ng matapang na kalayaan mula sa mga kumpanya ng seguro at politika ng may pinapanigang partido. Nanunumpa akong igigit sa Lehislatura na gawing opisyal na walang partido ang tanggapang ito, at tatanggihan ko ang mga ambag ng industriya ng seguro para sa aking kampanya tulad ng ginawa ko sa aking unang termino. Para sa card ng ulat ng aking unang termino sa tanggapan ayon sa San Jose Mercury News, pakitingnan ang: *www.bit.ly/Poizner*

E-mail: steve@stevepoizner.com
www.stevepoizner.com

Nathalie Hrizi | KAPAYAPAAN AT KALAYAAN

Karapatan ang pagkakaroon ng pangangalagang pangkalusugan! Alisin ang mga kumpanya ng seguro na pangkalusugan. Dapat bumuo ang estado ng hindi kumikitang tagapagbigay para sa lahat ng kinakailangang seguro. Iboto si Hrizi ngayong 2018!

2969 Mission St.
San Francisco, CA 94110

Tel: (415) 821-6171
E-mail: votehrizi@votepsl.org
www.hrizi2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

KOMISYONADO NG SEGURO

Asif Mahmood | DEMOKRATIKO



Binatay ko ang pagtatrabaho ko sa buhay sa prinsipyong itinuro sa akin ng aking mga magulang: ang pagtulong sa iba ang pinakamabuting gawain. Kaya naman naging doktor ako, at kaya ako kumakandidato bilang Komisyonado ng Seguro. Isinilang at ipinanganak ako sa probinsya ng Pakistan, kung saan pumapasok ako sa isang paaralang walang bubong, upuan, o mesa. Sa tulong aking mga guro, ako ang kauna-unahang nakakuha ng mga marka sa aming bayan na makakapasok sa medikal na paaralan at makakalipat sa Estados Unidos. Ngayon, bilang doktor ng panloob na gamot, nakikita kong nahihirapan ang aking mga pasyente—mula sa mga isyu sa saklaw sa seguro, mga isyu sa resetang gamot, mga isyu sa loob at labas ng network, mga isyu sa follow-up, at suporta maliban sa medikal na pangangalaga. *Ipinagmamalaki kong sabihing hindi ako humihingi ng pagbabalik ng pera mula sa sinumang pasyenteng walang seguro.* Dahil sa ilang taong karanasan ko, ako ang pinakaangkop na manilbihan sa mga mamamayan ng California bilang Komisyonado ng Seguro. Sa katunayan, ako ang kauna-unahang doktor na mauupo sa nasabing posisyon. Una sa aking priyoridad ang pag-aayos sa seguro na pangkalusugan ng estado. Haharapin ko ang mga kumpanyang Parmasyutiko na inuuna ang mga kita bago ang mga tao at susuportahan ko ang Medicare para sa Lahat. *Kaya naman tumatanggi ako sa mga ambag mula sa mga kumpanya ng seguro o parmasyutiko*—dahil ang mga mamamayan ng California ang aking mga kapanalig, hindi ang Malalaking Parmasyutiko. Bilang isang Muslim na migrante mula sa estado ng California—tatlong beses akong naging banta kay Donald Trump. Ako ang magiging kauna-unahang Muslim na mahahalal sa tanggapan sa buong estado sa bansa. Magpahatid tayo ng malinaw na mensahe—*oras na para itigil ang pananakit*.

16633 Ventura Boulevard
#1008
Encino, CA 91436

Tel: (626) 786-4411
E-mail: info@asif2018.com
asif2018.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay itinakda ng sapalarang pagtukoy. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

LUPON NG PAGPAPANTAY NG MGA DISTRITO NG CALIFORNIA

Mga County sa Bawat Lupon ng Pagpapantay ng Distrito

Distrito 1

Alpine, Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Inyo, Kern, Kings, Lassen, Los Angeles, Madera, Mariposa, Merced, Modoc, Mono, Nevada, Placer, Plumas, Sacramento, San Bernardino, San Joaquin, Shasta, Sierra, Siskiyou, Stanislaus, Sutter, Tulare, Tuolumne, Yuba

Distrito 2

Alameda, Colusa, Contra Costa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Lake, Marin, Mendocino, Monterey, Napa, San Benito, San Francisco, San Luis Obispo, San Mateo, Santa Barbara, Santa Clara, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Tehama, Trinity, Yolo

Distrito 3

Los Angeles, San Bernardino, Ventura

Distrito 4

Imperial, Orange, Riverside, San Bernardino, San Diego

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

Naglilingkod sa Lupon ng Pagpapantay, ang inihalal na komisyon

- Nangangasiwa sa pamamahala ng buwis at mga programa sa bayarin kabilang ang pangangasiwa para sa alak.

sa buwis ng estado, na:

- Nangangasiwa sa pamamahala ng buwis sa ari-arian.

DISTRITO 1

David Evans | REPUBLIKANO

Propesyunal sa buwis na nakatuon sa pagprotekta ng mga nagbabayad ng buwis.

P.O. Box 2227
Lungsod ng California, CA 93504

Telepono: (760) 382-8031
E-mail: devans@evansbusiness.com
www.evansforBOE2018.com

Ted Gaines | REPUBLIKANO

Bilang inyong kinatawan sa Lupon ng Pagpapantay, magtatrabaho ako upang maprotektahan ang mga interes ng lahat ng nagbabayad ng buwis, mapanatiling matatag ang ating ekonomiya at makagawa ng mga trabaho. Para sa napakaraming kumakayod na pamilya, naging isang magastos na bangungot ang pangarap sa California dahil sa mga pulitiko sa Sacramento na may baluktot na desisyon at mga maling priyoridad. Pinatutunayan ng mga bilyong dolyar na nasayang mula sa mga sumobrang gastos sa mga hindi praktikal na proyekto tulad ng bullet train na San Francisco-hanggang-L.A. na walang nagpoprotekta para sa mga nagbabayad ng buwis. Sa loob ng mahabang panahon ay mayroon akong “A” na grado mula sa Asosasyong Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis dahil puspusan kong pagtatanggol sa Proposisyon 13. Ako ang magiging Bantay ninyo at ipaglalaban ko ang pagpapawalang-bisa ng napakataas na bagong buwis sa gasolina at sasakyan, na nagpapasakit sa mga bulsa ng mga pamilyang nasa gitnang uri. Bilang may-ari ng maliit na negosyo ng pamilya, pauna kong nararanasan dito ang mga pagmamalabis ng regulasyon ng gobyerno. Bilang Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis, nagtatrabaho ako upang mapababa ang inyong mga singil sa buwis, mapahusay ang mga regulasyon, at maalis ang mga balakid sa pagdami ng trabaho at patuloy kong gagawin ang mga ito sa Lupon ng Pagpapantay. Makikipaglaban ako upang wakasan ang pagsasayang ng pondo ng gobyerno, bawasan ang mga badyet at pigilan ang mga pagtataas ng buwis na nagkukubli bilang mga bayarin. Isa akong panglimang henerasyon na taga-California, asawa at ama. Gusto kong matugunan ng aking mga anak at ng inyong mga anak ang gastos sa pamumuhay, pagtatrabaho, at pagtataguyod ng kanilang mga pamilya rito. Ikararangal kong matanggap ang inyong boto at nangangako akong makikipaglaban para sa inyo, na nagbabayad ng buwis. Bumisita sa *www.tedgaines.com* upang matuto pa at malaman kung bakit ako inirerekomenda ng mga nakaraang Tagapagtaguyod ng Nagbabayad ng Buwis sa Lupon ng Pagpapantay. Salamat.

1911 Douglas Blvd.
Suite 85-122
Roseville, CA 95661

Telepono: (916) 827-6115
Email: ted@tedgaines.com
tedgaines.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 1

Connie Conway | REPUBLIKANO

Isa akong may-ari ng maliit na negosyo na ginamit ang aking mga kakayahan upang mapanatiling mababa ang mga buwis, malabanan ang pandaraya, at mabawasan ang pagsasayang ng pondo ng gobyerno. Bilang Superbisor ng County, binalanse ko ang mga badyet nang hindi tinataasan ang mga buwis, habang dinaragdagan ang pagpopondo para sa tagapagpatupad ng batas. Isa akong konserbatibo sa piskal na nanguna sa mga matagumpay na pagsisikap na mapigilan ang mga bilyong pagtaas ng buwis. Ang mga matagumpay kong pagsisikap upang ireporma ang pagsulong ng kabuhayan, ay nakatulong na makatipid ng bilyong dolyar habang pinoprotektahan ang mga programa para sa mga bata, nakatatanda at may kapansanan. Sa pamamagitan ng pagtulong na maipatupad ang isang bagong programa sa pagpigil ng pandaraya na nag-aatas ng pagkuha ng fingerprint at mga pagsusuri sa nakaraan para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo at tumatanggap, nakatulong akong makatipid ng milyun-milyong dolyar sa buwis. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng bagong batas upang *gawing ilegal ang mga pagdaragdag ng bayad para sa mga pulitiko* kapag mayroong kakulangan sa badyet ang estado, tiniyak kong hindi babawasan ng mga ganid na pulitiko ang mahahalagang serbisyong tulad ng kaligtasan ng publiko. Sinusuportahan ko ang *pagpapawalang-bisa ng* $52 Bilyong *buwis sa sasakyan* dahil hindi makakayanan ng ating mga pamilya ang pinakamahal na gasolina sa bansa. Dahil sa aking mga pinahahalagahan at rekord, nakakuha ako ng 100% grado mula sa *Asosasyon ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California*, sa Asosasyong Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis at sa Pambansang Pederasyon ng Independiyenteng Negosyo. Sa Lupon ng Pagpapantay, maglilingkod ako bilang tagapagtaguyod para sa mga nagbabayad ng buwis, lalabanan ko ang mas matataas na buwis at *poprotektahan ang Proposisyon 13* mula sa mga taong gusto itong bawasan o ipawalang-bisa. Ipagpapatuloy ko ang aking laban upang mapigilan ang pandaraya, masuportahan ang mga pagsisikap na *maisakdal ang mga tiwaling opisyal* sa ganap na sukdulang nasasaklawan ng batas at mapagtuunan ng pansin ang pagsasayang ng pondo ng gobyerno. Pakibisita ang: *www.connie4boe.com*

P.O. Box 8134
Visalia, CA 93290

Telepono: (559) 308-0845
Email: cconway157@sbcglobal.net
www.connie4boe.com

Tom Hallinan | DEMOKRATIKO

Walang Isinumiteng Larawan

Wala sa “malalaking pangalan” ng California ang nakakaalam man lang kung nasaan ang Atwater, Ceres, Crows Landing, Grayson, Groveland, Jamestown, Livingston, Newman, Patterson o Twain Harte .Iyon ay dahil hindi mahalaga sa kanila ang mga taong mahalaga para sa atin. Kilala ko ang mga taong iyon. Kinakatawan ko ang kanilang mga “hindi mahalagang” komunidad bilang kanilang abugado sa lungsod at espesyal na distrito. Hindi ito naiiba sa aking 20 taon bilang Katiwala ng Kolehiyo ng Komunidad ng Central Valley .na palaging kinakatawan ang mga binalewala at kinalimutang pamilya ng Valley na nagpapakain sa Amerika. Noong nahalal ako upang Pamunuan ang Komisyon sa Pagbabago ng Batas ng California, naaliw ako sa panonood sa mga nagmamarunong na tao sa LA at Bay Area na napapakamot sa ulo dahil sa kakaisip kung sino itong ignoranteng probinsyanong ito at kung paano siya nailagay sa pamumuno. Nakapasimple lang ng sagot. Isa akong mamamayan ng Valley. Pang-5 henerasyon. Nakabatay ako sa aming mga pinahahalagahan—may matalinong pang-unawa, nagsisikap .at palaging tinutupad ang sinasabi niyang gagawin niya. Hindi ako isang tusong mambabatas ng estado na tulad ng aking mga kalaban. Hindi ko alam ang lahat ng mapanlinlang na pananalita at pamamaraan. Kilala kita, ang batas, at kung ano ang patas. Naging napakarumi ng Lupon ng Pagpapantay sa loob ng napakahabang panahon. Lilinisin ko ang mga puwesto, bubungkalin ang lupa, aalisin ang mga nanghuhuthot, at mas ilalapit ang buong operasyon sa atin at sa ating mga pinahahalagahan. Hindi magiging madali. Pero, ano naman ngayon? Kailangan ng California ang ating mga pinahahalagahan—matipid tayo sa pera, ayaw natin ng ginugulangan, at hindi tayo kasing-mangmang na tulad ng gusto nilang isipin. Sa Lupon ng Pagpapantay, gagawin kong magkakapantay tayo. Pahahalagahan ko ang inyong boto.

P.O. BOX 2145
CERES, CA 95307

Telepono: (209) 324-6205
Email: tom4boe@gmail.com
www.tom4boe.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 2

Cathleen Galgiani | DEMOKRATIKO

Umaasa ako na makikita sa mga bagay na nagawa ko bilang Senador ng Estado ang aking paninindigang makapagdulot ng “pagkakapantay-pantay” sa Lupon ng Pagpapantay. Ang pantay na bayad para sa mga kababaihan, pagiging santuwaryong estado ng California para sa mga imigrante, pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa 170,000 batang imigrante, pagkakamit ng ating karapatan sa Pantay na Karapatan sa Pag-aasawa, pagtataas ng pinakamababang sahod sa $15, paghahatid ng pagpopondo para sa Pangkapaligirang Hustisya sa mahihirap at mararuming komunidad, at pagtatagumpay para sa pagkatransparente ng pagpepresyo ng gamot ay ang mga ipinagmamalaki kong bagay na nagawa ko. Sa ngayon, nakikipaglaban ako upang pigilan ang Pangasiwaan ni Trump sa pagpapalawak ng pagbabarena ng malayong bahagi sa pampang sa ating baybay-dagat para sa langis. Ang personal na kwento ng aking buhay ang isa sa determinasyon. Pinag-aral ko ang aking sarili sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa fast food, at kalaunan ay naging tagasuporta sa pisikal na therapy sa aming lokal na ospital, na tumutulong sa mga taong makalakad muli. Makaraang dukutin ang aking matalik na kaibigan at pinsan, ginugol ko ang mga taon sa pagtiyak na mananatili sa kulungan ang pumapatay ng maraming tao. Trabaho ng Lupon ng Pagpapantay na protektahan ang mga nagbabayad ng buwis mula sa hindi makatarungang pagtrato. Mangyaring isaalang-alang na bilang miyembro ng Pinagsamang Komite sa Pambatasang Pagsusuri, isinulong ko ang mga pagsusuri ng mga burukrasya ng gobyerno at ng mga kaduda-dudang kontrata ng gobyerno. Naisiwalat sa mga pagsusuring iyon ang milyun-milyong dolyar na nasayang at naabuso ang pera na mas mahusay sana nating nagamit noon sa ating mga paaralan, pangangalaga sa nakatatanda, at sa pagiging mas ligtas ang mga komunidad ng California. Pinangalanan akong “Mambabatas ng Taon” at kinilala ng malawak na hanay ng mga tagapagtaguyod para sa mga kababaihan, ang sarili kong komunidad ng LGBT, at para sa aking “Paninindigan sa Mga Manggagawa.” Pahahalagahan ko ang inyong pagsasaalang-alang kapag bumoto kayo para sa Lupon ng Pagpapantay.

P.O. Box 279155
Sacramento, CA 95827

http://www.galgiani4boe.com/

Malia Cohen | DEMOKRATIKO

Ako si Malia Cohen at kumakandidato ako upang unahin ang mga interes ng mga tao bago ang mga espesyal na interes. Sumailalim ang Lupon ng Pagpapantay ng Estado sa mga malawakang pagreporma na pangunahing nagbago ng mga responsibilidad nito. Kinakailangan ang repormang ito upang matiyak na patas na nakokolekta at naipapamahagi ang mga dolyar na buwis ng California. Ngunit sa ngayon, kailangan ng BOE ng malakas na pinuno na may napatunayang rekord ng pagsubaybay ng paninindigan sa kung ano ang tama. At iyon ang eksaktong dahilan kung bakit ako kakandidato. Bilang Superbisor ng San Francisco, nakipaglaban ako upang magkaroon ng patas na tunggalian at mabigyang-daan ang lahat na magkaroon ng bahagi sa ating gobyerno. Mayroon akong karanasan sa pananalapi na kinakailangan upang makakuha ng mga resulta at kung mahahalal, walang takot kong itataguyod ang pagkatransparente at ang pinahusay na mga kagawian sa gobyerno. Nakabatay ang aking kampanya sa tatlong prinsipyo, *pagkatransparente, pagkakaroon ng pananagutan, at pagkamakatarungan.* Dapat ay mas marami pang gawin ang ating estado upang makapagsulong ng mga pagkakataon para sa mga komunidad na dati nang naisantabi at naiwan. Sa buong karera ko, itinaguyod ko ang abot-kayang pabahay, karapatang kanabis at pampublikong kalusugan. Halimbawa, pinangunahan ko ang pagbabatas na ipagbawal ang mga may lasang produkto ng tabako sa San Francisco, dahil hindi balanse ang pagpapatalastas ng mga kumpanya ng Malaking Pangalan ng Tabako sa mga kabataan, ibang lahi, at LGBTQ na indibidwal. Kung kaya ipinagmamalaki kong mairekomenda ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, Kongresista ng U.S. na si Jackie Speier, ng Pederasyon ng Mga Guro ng California, Equality California, kasalukuyang Miyembro ng Lupon na si Fiona Ma, at Kontroler ng Estado na si Betty Yee.* Sa makasaysayang sandaling ito, higit pang mahalaga ang matatag na pamumuno kaysa sa dati. Handa akong akuin ang mga pang-agarang hamong kinakaharap ng mga taga-California at makipaglaban para sa mga naghahanapbuhay na pamilya. Matuto pa sa *www.electmalia.com.*

2201 Broadway St., Suite M-2
Oakland, CA 94612

Telepono: (415) 819-4938
Email: lia@electmalia.org
electmalia.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 2

Walang Isinumiteng Larawan

Mark Burns | REPUBLIKANO

Ang Mga Nagbabayad ng Buwis sa California ang may pinakamabigat na pasanin sa Estados Unidos. Bilang matatag at matagal nang tagasuporta ng Proposisyon 13 at Proposisyon 60 at 90 (mga paglipat ng batayan ng buwis sa ari-arian para sa mga nakatatanda); magtatrabaho ako upang gawing mas patas ang ating sistema para sa lahat. Sa nakalipas na 32 taon; nagtrabaho ako sa negosyo ng tunay na ari-arian sa Silicon Valley at nakita ang mga buwis sa ari-arian at buwis sa mga benta na umabot sa mga antas na dapat ay sapat na makakasuporta sa Gobyerno ng California sa hinaharap at makapagsama ng mga sobra at reserba. Sa halip; nakita natin ang mga patuloy na pagsisikap upang taasan pa ang mga buwis nang walang makabuluhang layunin maliban upang suportahan ang pagpopondo sa nadagdagang paggastos at labis sa kayang gawing pangako ng mga nakaraang kinatawan at mambabatas. Makikipaglaban ako upang mapahusay ang pananagutan at pagkaepisyente sa loob ng Lupon ng Pagpapantay. Naging Tagapangulo ako ng Mga Komite ng Nangangasiwa ng Mga Mamamayan sa K–8 at 9–12 na distrito ng paaralan sa aking Komunidad sa loob ng halos isang dekada. Nanungkulan ako bilang Tagapangulo at/o Presidente para sa aking asosasyon sa pakikipagkalakalan na may 4500+ miyembro— ang Silicon Valley Association of Realtors (SilVAR), ang Cupertino Chamber of Commerce, ang dibisyon sa paglilimbag ng mga kontrata ng SilVAR, ang Konseho sa Pambatasang Pagkilos para sa SilVAR at matagumpay na nakipagtalo para panatilihin ng ating mga Superbisor ng County (dalawang beses) ang Proposisyon 90 (paglipat ng batayan ng buwis mula sa isang bansa patungo sa ibang bansa) para sa ating mga nakatatanda at may kapansanan. Ang inyong boto ay magbibigay-daan sa aking paglaban ng mga karapatan ng Mga Nagbabayad ng Buwis sa California sa buong estado.

1601 So. De Anza Blvd.,
Suite 150
Cupertino, CA 95014

Telepono: (408) 777-9997
Email: mark@markburns.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 3

Cheryl C. Turner | DEMOKRATIKO

Walang Isinumiteng Larawan

Ang Lupon ng Pagpapantay ay nagpapaliwanag ng mga regulasyon, nagbabalanse ng mga buwis sa ari-arian, at nagreresolba ng mga tinukoy na pagtatalo sa buwis. Bilang abugado ng mga mamimiling nagbabayad ng buwis na may degree sa pagkaabugado mula sa University of Southern California (USC), nagtrabaho si Cheryl Turner upang protektahan ang mga interes ninyo, na nagbabayad ng buwis. Naging eksternang klerk siya ng hukom para sa Kagalang-galang na James Ideman, Hukom ng Korte ng Distrito ng Estados Unidos na naghanda sa kanya para sa halos kahalintulad na tungkulin ng hukumang ito. Pagkatapos ay itinaguyod niya ang kanyang propesyunal na karerang pambatas sa pagtulong sa mga indibidwal na mapagtagumpayan ang mga kahirapan at nagpayo sa maliliit na negosyo na lumago at lumikha ng mga trabaho at pangkabuhayang oportunidad para sa lahat. Tumulong siyang mabawi ang milyun-milyong pondo ng nagbabayad ng buwis sa California. Gagamitin niya ang kanyang mahigit 20 taong karanasan sa batas, tunay na ari-arian, negosyo, buwis, at batas sa mga karapatan ng mamimili bilang miyembro ng Seksyong Pagpapataw ng Buwis ng Bar ng Estado ng California kung saan nagpapayo siya sa mga kliyente sa mga usapin ng pagsunod sa buwis at regulasyon; naging tagapamagitan na nagreresolba ng mga pagtatalo, gamit ang kanyang karanasan sa pangangasiwa sa ahensya ng gobyerno bilang Komisyonado ng Estado na itinalaga ni *Gobernador Jerry Brown* at bilang Komisyonado ng Lungsod na itinalaga ni *Alkalder Eric Garcetti*, upang matapat na gampanan ang kanyang mga tungkulin bilang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay. Patuloy siyang magtataguyod para sa mga patakaran sa buwis na sumusuporta sa mga pamilya at tumutulong sa mga negosyong lumago upang mapanatiling kumpetitibo ang California. Ang kanyang layunin, bilang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng inyong estado ay ireporma at tiyakin ang patas at mabisang sistema ng buwis na nakabatay sa pagkatransparente, pagkakaroon ng pananagutan, at pagkamakatarungan sa lahat. Palagi niyang ipapaalam sa inyo ang tungkol sa inyong mga karapatan at benepisyo! Ikararangal niyang matanggap ang inyong boto.

445 S. Figueroa Street,
Suite 3100
Los Angeles, CA 90071

Telepono: (213) 612-7757
Email: TurnerforBoe@gmail.com
www.CherylTurner.net

Scott Svonkin | DEMOKRATIKO

Anak ng guro sa isang pampublikong paaralan at apo ng isang drayber ng bus, kumakandidato si Scott Svonkin para sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng California upang tiyakin na makokolekta natin ang kita para mapondohan ang ating mga paaralan. Titiyakin niya na ang malalaking kumpanya ay magbabayad ng kanilang makatarungang bahagi at hindi tatakas sa pagbabayad ng kanilang mga buwis. Nakuha ni Svonkin ang mga pagtangkilik ng malaking koalisyon kung saan kabilang ang Alkalde ng Los Angeles na si Eric Garcetti, Kontroler ng Estado ng California na si Betty Lee, Pangkalahatang Abugado ng California na si Xavier Becerra, at Mga Superbisor ng County ng LA na sina Janice Hahn, Hilda Solis, at Sheila Kuehl dahil lalabanan niya ang katiwalian at maling pangangasiwa sa lupon. Si Svonkin ay miyembro ng Lupon ng Mga Katiwala ng Distrito ng Kolehiyo ng Komunidad ng Los Angeles—isang katungkulan kung saan tinutulungan niya ang libu-libong mag-aaral na makakuha ng edukasyong kailangan nila upang makahanap sila ng magagandang propesyon. Sa Lupon ng LACCD, pinangunahan ni Svonkin ang mga reporma upang protektahan ang pera ng nagbabayad ng buwis at tumulong sa pagpopondo ng mga paaralan. Nagtrabaho si Svonkin sa pribadong sektor, at kinailangan niyang magbalanse ng bilyun-bilyong dolyar na badyet sa pampublikong sektor, na nagbigay sa kanya ng piskal na karanasang kailangan natin sa BOE. Naging tagapamuno rin si Svonkin sa pagpapatupad ng Pangakong Kolehiyo, na pinagtibay sa buong estado, kung saan nabigyang-daan ang mga estudyante na makapag-aral nang libre sa kanilang unang taon sa kolehiyo ng komunidad. Magtatrabaho si Svonkin sa BOE upang tulungan ang maliliit na negosyong makipagkumpitensya, kung saan mamumuhunan siya sa mga pagsasanay upang matulungan ang mga ito. Bilang dating tagapayo sa Kagawaran ng Siyerip ng Los Angeles, magsisikap si Svonkin upang tiyakin ang pakikipagtulungan ng BOE sa tagapagpatupad ng batas sa paghuli sa ilegal na aktibidad at pagsasakdal sa mga taong nagkasala ng mga krimeng pinansyal.

1812 W. Burbank Blvd., #418
Burbank, CA 91506

Telepono: (818) 658-9700
Email: scott@svonkin.com
www.svonkin.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 3

Micheál “Me-Haul” O’Leary | WALANG KINAKATIGANG PARTIDO

Isa akong imigranteng Irish, at ipinagmamalaki kong maging isang mamamayan ng Amerika. Sa pagpili kong maglingkod sa aking lokal na komunidad, ikinararangal kong nakapaglingkod ng dalawang termino bilang Alkalde ng Lungsod ng Culver, kung saan gumawa ako ng mahihirap desisyon sa panahon ng resesyon, at ganap kong nakita ang Lungsod ng Culver na naging lungsod na may kakayahang magbayad ng utang at naging puntahan ng mga tao bago ang pagtatapos ng aking termino (2016). Nagmamay-ari rin ako ng mga matagumpay na maliit na negosyo sa Mga County ng LA at Ventura, at ibinenta ko ang lahat ng ito upang ilaan ang aking sarili sa katungkulang ito at sa inyo, na mga botante ng California. Alam ko ang malawak na sinasaklaw ng mga isyung kinakaharap ng mga may-ari ng negosyo, at alam kong hindi ito pinapadali ng Estado. Katulad ninyo, gusto kong makakita ng higit pang suporta at pagkaepisyente, pagkatransparente at pananagutan sa gobyerno, at lalo na mula sa katungkulang ito. Isaalang-alang ang pagboto sa independiyenteng tinig at sa pinakakwalipikadong kandidato sa balota. Ang mga partidong pampulitika ay tumatanggap ng pera sa pulitika at namimili ng mga nananalo sa loob ng napakahabang panahon. Huwag kaagad maniwala sa mga pagrerekomenda ng partido at pagpopondo ng kampanya. Hinihikayat ko kayong #GawinAngInyongTakdangGawain at #MagingResponsableSaPagboto. *www.oleary4boe.com @oleary4boe*

3685 Motor Ave., #115
Los Angeles, CA 90034

Telepono: (424) 326-9030
Email: info@oleary4boe.com
www.oleary4boe.com

Tony Vazquez | DEMOKRATIKO



Si Tony Vazquez ay mayroon ng karanasan at integridad na kailangan natin sa Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Bilang Alkalde at Miyembro ng Konseho ng Lungsod sa Santa Monica, isang masipag na tagapagtaguyod si Tony Vazquez para sa abot-kayang pabahay, malinis na kapaligiran, at masiglang ekonomiya. Nakipagtulungan siya sa maliliit na negosyo at sa mga residente upang muling pasiglahin ang Third Street Promenade at pangasiwaan ang pagtapos ng Metro Expo Line. Si Vazquez, na dating guro at tagapagsanay ng guro, ay nagtapos sa Unibersidad ng Southern California. Bilang tagaplano ng komunidad para sa United Way, ikinoordina ni Tony Vazquez ang pagpopondo para sa mga programa ng komunidad sa buong San Fernando Valley. Tumulong siyang maghatid ng maaayos na trabaho sa North East Valley sa pamamagitan ng muling pagpapasigla sa dating Planta ng GM sa Van Nuys. Naglingkod din si Vazquez bilang Direktor ng Southern California para sa California Futures Network, na nagsusulong ng patakaran sa matalinong pagyabong sa rehiyon at estado. Si Vazquez ay Bise Presidente at Dating Ingat-Yaman ng Independiyenteng Asosasyon ng Mga Lungsod (ICA), at Pangalawang Tagapangulo ng Komite sa Pagsusuri ng Lungsod ng Santa Monica. Bilang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay, magtatrabaho si Tony Vazquez upang suportahan ang maliliit na negosyo, kabilang ang mga madalas maisantabing negosyo na pag-aari ng imigrante at minorya na nag-aambag nang malaki sa ekonomiya ng ating rehiyon. Sisikapin ni Vazquez na maisara ang mga butas sa buwis sa espesyal na interes at gawing mabisa at nananagot ang Lupon. Si Tony Vazquez at ang kanyang asawang si Maria ay mga magulang na ipinagmamalaki ang kanilang dalawang anak na nasa hustong gulang na at nagtapos mula sa mga lokal na pampublikong paaralan. Hinihingi ni Tony Vazquez ang inyong suporta. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa *www.tonyvazquez.org*

2530 Pico Blvd.
Santa Monica, CA 90405

Telepono: (310) 664-8949
Email: VazquezForBOE@TonyVazquez.org
TonyVazquez.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 4

David Dodson | DEMOKRATIKO

Ang Lupon ng Pagpapantay ang nangangasiwa sa mga tagatasa ng county at sa sistema ng buwis sa ari-arian. Nagtrabaho ako nang mabuti sa loob ng dalawampu't limang taon sa Lupon ng Pagpapantay, kung saan pinoprotektahan ko ang mga karapatan ng nagbabayad ng buwis. Nitong taon lang, nakita ng lehislatura ang pangangailangan na limitahan lang ang mga responsibilidad ng Lupon ng Pagpapantay sa pamamahala ng buwis sa ari-arian. Buong buhay ko ay nagtatrabaho ako sa pamamahala ng buwis sa ari-arian. Ang Lupon ng Pagpapantay ay kilalang puntahan ng mga pulitikong karera ang pamumulitika at nagwakas na ang termino. Sa halip na ang mga ito, karapat-dapat kayo sa isang kinatawan sa Lupon na mayroong karanasan at kahusayan upang matiyak na tatratuhin kayo nang patas at may paggalang. Mahalaga ang pagkakaroon ng karanasan! Ikararangal kong matanggap ang inyong boto. Salamat.

P.O. Box 991
Dana Point, CA 92629

Telepono: (949) 484-6435
Email: davidbdodson@gmail.com
DavidDodsonforBOE.com

John F. Kelly | REPUBLIKANO

Minamahal na Botante, lubusan nang naiwan ang BOE sa matinding kaguluhan dahil sa maling pamamahala ng mga kasalukuyang nakaupo rito: mga umuulit na pulitikong karera ang pamumulitika. Hindi ipinagkakaloob ng lupong ito na may halos kahalintulad na tungkulin ng hukuman ang patas at mabisang pamamahala ng buwis. Panahon na para sa isang negosyante na ayusin ang “mukha” ng lupon. Isang kandidato lang ang mayroong 35 taong karanasan sa negosyo ng pagtitingi na napapailalim sa mga obligasyon sa buwis: si John F. Kelly. *Mawawala ang Proposisyon 13 kung hindi mababantayan ang mga nagtitingi sa California! Ibinibigay ko sa inyo ang aking ginintuang pangako ng pagiging totoo, masipag, at tapat!* Taos-puso, Ang Matapat na si John.

325 South “C” Street
Tustin, CA 92780

Telepono: (714) 510-6993
Email: JohnnyKelly@gmail.com
www.JFK4BOE.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 4

Ken Lopez-Maddox | DEMOKRATIKO

Maninindigan ako sa mga espesyal na interes ng korporasyon. Walang espesyal na pakikipagkasundo sa mga labis na nagpaparumi ng paligid. Panig sa kababaihan, panig sa manggagawa at lumalaban kay Trump.

43 Fulmar Lane
Aliso Viejo, CA 92656

Telepono: (714) 906-1797
Email: LopezM4BOE@gmail.com

Joel Anderson | REPUBLIKANO

Walang Isinumiteng Larawan

Lubhang napakataas ng mga buwis ng California at dahil dito ay lumalayo sa ating estado ang mga trabahong may magandang pasahod. Kumakandidato ako para sa Lupon ng Pagpapantay upang maipaglaban ang pagprotekta sa ating mga karapatan sa Proposisyon 13 at makiisa sa mga naghahanapbuhay na pamilya sa paglaban sa mga pagtaas ng buwis. Lahat tayo ay karapat-dapat sa makatarungang pagtrato. Pinangunahan ko ang pagtutol sa pagtataas ng buwis sa gasolina dahil ito ang nararapat na gawin—ang manindigan para sa *inyo* at sa aking sarili laban sa mga pamimigay ng pondo para sa espesyal na interes. Inirekomenda ako ng Asosasyong Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis dahil sa aking walang sawang pagsisikap na protektahan ang mga taga-California, at tinawag ako ng kanilang Presidente na “rakista para sa mga nagbabayad ng buwis.” Bilang isang Senador, nakatulong ang aking nagawa sa pagpapalago ng mga trabaho at ng ating ekonomiya kung kaya ginawaran ako ng Asosasyon ng Mga Nagbabayad ng Buwis ng California, Pambansang Pederasyon ng Independiyenteng Negosyo, at Kamara de Komersiyo ng California ng kanilang pinakamataas na grado. Gayundin, lubos kong ipinagpapasalamat ang pagpapangalan sa akin ng Asosasyon ng Maliit na Negosyo ng California at Roundtable sa Maliit na Negosyo ng California na “Mambabatas ng Taon sa Senado ng Estado ng California” para sa aking pamumuno sa pagsisikap na matulungan ang maliliit na negosyo at makagawa ng mga oportunidad sa trabaho. Gayunpaman, ang pinakamalaki kong tagumpay ay ang pagtanggap ng pitong prestihiyosong parangal na “Mambabatas ng Taon” mula sa Mga Beteranong Amerikano, Lehiyong Amerikano, Konseho ng Mga Beteranong Kumander ng California, Kagawaran ng Mga Beterano ng Mga Digmaan sa Ibang Bansa ng California, Mga Beterano sa Vietnam ng Amerika, at Konseho ng Mga Sangay ng California sa Asosasyon ng Mga Opisyal na Militar ng Amerika para sa pagprotekta ng mga benepisyo ng mga beterano at pagtatanggol sa kanila mula sa mga hindi makatarungang buwis. Ngunit ang pinakamahalaga kong tungkulin sa aking buhay sa ngayon ay ang pagiging asawa sa aking maybahay sa loob ng 30 taon at pagiging ama sa aming tatlong anak. Ikararangal kong matanggap ang inyong suporta. *Taxpayersforanderson.com*

8881 Hunter Pass
Alpine, CA 91901

Telepono: (619) 204-2200
Email: ande434@cox.net

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

LUPON NG PAGPAPANTAY

DISTRITO 4

Mike Schaefer | DEMOKRATIKO

Kilalanin si *Mike Schaefer* Pinakamahusay na edukado, May pinakamaraming karanasan, Nag-aral sa UC Berkeley, Notre Dame, at USC, Opisyal sa Batas ng Estado ng San Diego at Georgetown sa lungsod, county, estado, at pederal na gobyerno, mula sa Tagausig, Konsehal, hanggang sa imbestigador ng mahahalagang papel ng SEC at California, Miyembro ng Lupon ng Pampublikong Kalusugan, bihasa at matagumpay na tagahamon sa mga labis na pagtataya ng halaga sa tunay na ari-arian bago ang Mga Lupon ng Pagpapantay. Inirekomenda sa mga nagdaang halalan ng Asosasyon ng Mga Opisyal ng Pulisya, Mga Siyerip ng County. Tinatangkilik ang *Asosasyong Howard Jarvis ng Mga Nagbabayad ng Buwis* na nagpoprotekta sa ating lahat mula sa mga hindi makatarungang pagtataas sa alinman sa ating mga buwis. Mamamayan ng San Diego, kumpetitibo na pangunahing negosyante, alam na dapat tayong maging mapanuri sa paggalang ng gobyerno sa lahat ng antas sa may-ari ng bahay at maliit na negosyasnte. Madalas na tagapagsalita sa mga sibikong grupo. Aktibong pinuno ng Katoliko. Matagumpay na anak sa pamamahala ng Coachella Music Festival na nagtampok ng Beatle at Rolling Stones. Nakatrabaho ang mga pinuno mula kina Dr. Suess hanggang Dr. Salk, Gobernador Brown & Brown hanggang kay Reagan; mga nagtatanghal mula kay Bob Hope hanggang sa kinatawan ng boksing na si Archie Moore, LL Cool J, kaklaseng si Frank Zappa, at Debbie Reynolds. Kinilala sa buong bansa para sa pagkamakatarungan sa batas ng halalan, responsable para sa walang partikular na ayos at hindi nakaayon sa alpabetong paglilista ng mga pangalan ng mga kandidato sa lahat ng balota ng California, humihiling ng patas na laban. Bisitahin si Mike Schaefer sa: *Equalization4.org*

4494 Mentone St., #12
San Diego, CA 92107

Telepono: (213) 479-6006
Email: oz.blueman@yahoo.com
equalization4.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at ang katumpakan ayhindi siniyasat. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (DI-PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

- Bilang puno ng mga pampublikong paaralan ng estado, nagbibigay ng tagubilin sa patakaran sa edukasyon sa mga lokal na distrito ng paaralan, at nakikipagtulungan sa komunidad ng edukasyon upang mapahusay ang pagganap sa akademiko.
- Pinamumunuan ang Kagawaran ng Edukasyon at nagpapatupad ng mga patakaran na itinakda ng Lupon ng Edukasyon ng Estado.
- Naglilingkod bilang isang ex-officio na miyembro ng mga namamahalang lupon ng sistema ng mas mataas na edukasyon ng estado.

Marshall Tuck

Bilang isang magulang sa pampublikong paaralan at anak ng guro, lubos ang paniniwala ko sa kakayahan ng papumblikong edukasyon. Ngunit *nangangailangan ng malalaking pagbabago ang mga pampublikong paaralan ng California* upang maibigay sa *lahat* ng estudyante ang edukasyong nararapat sa kanila. Ako ang *tanging* kandidato para sa Superintendente ng Estado na namuno sa mga sistema ng pampublikong paaralan, na naghatid ng mga tunay na resulta para sa mga bata. Sa pakikipagtulungan sa mga guro at magulang, naglaan kami ng higit pang pagpopondo sa mga silid-aralan, binawasan ang burukrasya, at inihanda ang mas maraming estudyante para sa kolehiyo at mga trabaho. Tumulong ako sa pagpagawa ng 10 bagong pampublikong mataas na paaralan—at 8 sa mga ito ay nahanay sa mga nangungunang mataas na paaralan sa Amerika ng *U.S. News & World Report*. Nang pinangunahan ko ang pagsisikap na baguhin ang direksyon ng mga naghihirap na pampublikong paaralan sa Los Angeles, *nadagdagan namin ang mga bilang ng nagsipagtapos nang mahigit 60%, at nakamit namin ang pinakamalaking pagbabago sa akademiko ng alinmang malaking sistema ng paaralan sa California.* Ang aming "Kolehiyo ng Magulang" ay naging modelo sa buong estado para sa paghikayat ng mga magulang na higit pang makibahagi sa edukasyon ng kanilang mga anak. Bilang Superintendente ng Estado, maninindigan ako sa mga pulitiko sa Sacramento *at* Washington, DC at gagawin ko ang pinakamainam para sa mga estudyante. Ang mga magiging priyoridad ko ay: (1) Makakuha ng higit pang pagpopondo para sa mga lokal na silid-aralan at mabawasan ang burukrasya at pagsasayang ng pondo; (2) Pagbibigay ng kakayahan sa mga guro at magulang na gumawa ng higit pang desisyon sa edukasyon; (3) Palawakin ang pagsasanay para sa trabaho at paghahanda sa kolehiyo upang matiyak na nakahanda ang lahat ng estudyante na magtagumpay sa ika-21 siglo. Basahin ang aking buong plano sa *MarshallTuck.com*. Ibigay natin sa lahat ng bata sa California ang edukasyong nararapat para sa kanila.

20 Galli Drive, Suite A
Novato, CA 94949

Telepono: (657) 229-3579
Email: marshalltuck@marshalltuck.com
www.MarshallTuck.com

Tony K. Thurmond

Kumakandidato ako para sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado, dahil buong buhay ko ay naging tagapagtaguyod ako ng mga bata at pamilya, at naniniwala ako na *ang pagpapanumbalik sa dating kalagayan ng ating mga pampublikong paaralan ang susi sa kinabukasan ng California.* Sinagip ng edukasyon ang buhay ko, nagbigay-daan ito sa aking mapagtagumpayan ang mahihirap na simula. Nandayuhan ang aking ina mula Panama patungong San Jose upang magturo, at mag-isang itinaguyod ang apat na anak hanggang sa igupo siya ng kanser. Pinalaki ako ng aking pinsan na hindi ko kailanman nakilala at tiniyak niya na magkakaroon ako ng mahusay na edukasyon. Ang aking edukasyon sa pampublikong paaralan ang naghanda sa akin para sa kolehiyo, kung saan naging presidente ako ng konseho ng estudyante, at para sa dalawampung taong propesyon bilang isang manggagawang panlipunan at labindalawang taong pagtatrabaho sa mga paaralan. Panghuli, nagkaroon ako ng inspirasyong maglingkod sa Lupon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng West Contra Costa, sa Konseho ng Lungsod ng Richmond, at ngayon sa Asembleya ng Estado ng California. Bilang Superintendente, gagawin kong priyoridad ang pagtiyak na lahat ng bata sa California ay magkakaroon ng pagkakataong makatanggap ng edukasyon mula sa pampublikong paaralan at maihahanda para sa ekonomiya ng ika-21 Siglo. Pahuhusayin ko ang bokasyonal na edukasyon at pagiging handa sa kolehiyo nang may pagtuon sa agham, teknolohiya, inhinyerya, sining, at matematika, at hihikayatin ang pagtuturo na nagtataguyod ng malikhain at kritikal na pag-iisip, hindi ang pagtuturo sa pagsusulit. Gagawin kong abot-kaya ang kolehiyo at magtatrabaho ako upang madagdagan ang pagpopondo sa paaralan sa pamamagitan ng pagpapalipat ng milyun-milyon mula sa mga kulungan papunta sa maagang edukasyon at mga programa sa paglabas ng paaralan. Lilikha ako ng reserbang pondo sa edukasyon upang magprotekta laban sa adyenda ni Presidente Trump at Betsy DeVos na alisan ng pondo ang ating mga pampublikong paaralan. Inirerekomenda ako ng *Senador ng U.S. na si Kamala Harris, kasalukuyang Superintendente Tom Torlakson, Pederasyon ng Mga Guro ng California, Asosasyon ng Mga Guro ng California, at Asosasyon ng Mga Edukador ng Dalawang Wika ng California.* Umaasa akong matatanggap ang inyong boto sa ika-5 ng Hunyo.

P.O. Box 2145
Richmond, CA 94802

Telepono: (510) 859-3241
Email: tony@tonythurmond.com
www.tonythurmond.com

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

MGA PAHAYAG NG KANDIDATO

SUPERINTENDENTE NG PAMPUBLIKONG PAGTUTURO (DI-PARTIDISTANG KATUNGKULAN)

Lily (Espinoza) Ploski

Si Lily (Espinoza) Ploski ay ipinanganak sa California at pinalaki sa Lungsod ng Fullerton. Isinulat niya ang aklat na, *Not getting stuck: Success stories of being Latina and transferring from a California community college.* Nagtapos si Ploski ng kanyang antas ng Pagkadalubhasa sa Mga Sining mula sa Kolehiyo ng Mga Guro, Unibersidad ng Columbia sa Lungsod ng New York, at ng antas ng Pagiging Doktor sa Edukasyon mula sa Kolehiyo ng Edukasyon, Unibersidad ng Estado ng California, Fullerton.

801 Southampton Road #148
Benicia, CA 94510

Email: lilyeploski@yahoo.com
www.lilyeploski.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga kandidato at ang katumpakan ay hindi sinuri. Kusang-loob na isinumite ang bawat pahayag at binayaran ito ng kandidato. Ang mga kandidatong hindi nagsumite ng mga pahayag ay maaaring maging kuwalipikadong lumitaw sa balota.

Mga Opisina ng Halalan sa County

County ng Alameda
(510) 272-6933
www.acgov.org/rov/index.htm

County ng Alpine
(530) 694-2281
www.alpinecountyca.gov

County ng Amador
(209) 223-6465
http://www.co.amador.ca.us/government/recorder-clerk

County ng Butte
(530) 538-7761 o (800) 894-7761
(sa loob ng County ng Butte)
http://buttevotes.net

County ng Calaveras
(209) 754-6376 o (209) 754-6375
www.calaverasgov.us

County ng Colusa
(530) 458-0500 o (877) 458-0501
www.countyofcolusa.org/elections

County ng Contra Costa
(925) 335-7800
www.contracostacore.us

County ng Del Norte
(707) 465-0383 o (707) 464-7216
www.co.del-norte.ca.us

County ng El Dorado
(530) 621-7480 o (800) 730-4322
www.edcgov.us/Elections

County ng Fresno
(559) 600-8683
www.fresnovote.com

County ng Glenn
(530) 934-6414
www.countyofglenn.net/dept/elections/welcome

County ng Humboldt
(707) 445-7481
www.humboldtgov.org/elections

County ng Imperial
(442) 265-1060 o (442) 265-1074
www.co.imperial.ca.us

County ng Inyo
(760) 878-0224
http://elections.inyocounty.us/

County ng Kern
(661) 868-3590
www.kernvote.com

County ng Kings
(559) 852-2439
www.countyofkings.com

County ng Lake
(707) 263-2372
www.co.lake.ca.us/Government/Directory/ROV.htm

County ng Lassen
(530) 251-8217
www.lassencounty.org/dept/registrar-voters-elections

County ng Los Angeles
(800) 815-2666 (County ng LA lang) o
(562) 466-1310
www.lavote.net

County ng Madera
(559) 675-7782 o (800) 435-0509
www.votemadera.com

County ng Marin
(415) 473-6456
marinvotes.org

County ng Mariposa
(209) 966-2007
www.mariposacounty.org

County ng Mendocino
(707) 234-6819
www.mendocinocounty.org/government/assessor-county-clerk-recorder-elections/elections

County ng Merced
(209) 385-7541 o (800) 561-0619
www.mercedelections.org

County ng Modoc
(530) 233-6205
www.co.modoc.ca.us/departments/elections

County ng Mono
(760) 932-5537 o (760) 932-5530
monocounty.ca.gov/elections

County ng Monterey
(831) 796-1499 o (866) 887-9274
www.montereycountyelections.us/

County ng Napa
(707) 253-4321
www.countyofnapa.org

County ng Nevada
(530) 265-1298
http://www.mynevadacounty.com/1847/Elections-Voting

County ng Orange
(714) 567-7600
www.ocvote.com

County ng Placer
(530) 886-5650
www.placerelections.com

County ng Plumas
(530) 283-6256 o (844) 676-VOTE
www.countyofplumas.com

County ng Riverside
(951) 486-7200
www.voteinfo.net

County ng Sacramento
(916) 875-6451
www.elections.saccounty.net

County ng San Benito
(831) 636-4016
sbcvote.us

County ng San Bernardino
(909) 387-8300
www.sbcountyelections.com

County ng San Diego
(858) 565-5800 o (800) 696-0136
www.sdvote.com/

County ng San Francisco
(415) 554-4375
sfelections.org

County ng San Joaquin
(209) 468-2890 o (209) 468-2885
www.sjcrov.org

County ng San Luis Obispo
(805) 781-5228 o (805) 781-5080
www.slovote.com

County ng San Mateo
(650) 312-5222
www.smcare.org

County ng Santa Barbara
(805) 568-2200
www.sbcvote.com

County ng Santa Clara
(408) 299-8683 o (866) 430-8683
www.sccvote.org

County ng Santa Cruz
(831) 454-2060
www.votescount.com

County ng Shasta
(530) 225-5730 o (888) 560-8683
www.elections.co.shasta.ca.us

County ng Sierra
(530) 289-3295
www.sierracounty.ca.gov

County ng Siskiyou
(530) 842-8084 o (888) 854-2000
ext. 8084
www.sisqvotes.org

County ng Solano
(707) 784-6675
www.solanocounty.com/elections

County ng Sonoma
(707) 565-6800
vote.sonoma-county.org

County ng Stanislaus
(209) 525-5211
http://www.stanvote.com

County ng Sutter
(530) 822-7122
www.suttercounty.org/elections

County ng Tehama
(530) 527-8190
www.co.tehama.ca.us

County ng Trinity
(530) 623-1220
www.trinitycounty.org/index.aspx?page=58

County ng Tulare
(559) 624-7300
http://www.tularecoelections.org/elections/

County ng Tuolumne
(209) 533-5570
www.co.tuolumne.ca.us/elections

County ng Ventura
(805) 654-2664
www.venturavote.org

County ng Yolo
(530) 666-8133
yoloelections.org

County ng Yuba
(530) 749-7855
www.yubaelections.org

Ang teksto ng mga iminumungkahing batas ay *hindi* nakalimbag sa patnubay na ito.

Gayunpaman, mababasa na ang teksto online sa *http://voterguide.sos.ca.gov/*.

Kung gusto ninyo ng nakalimbag na kopya ng teksto:

Magpadala ng email sa Kalihim ng Estado sa *vigfeedback@sos.ca.gov*

Makipag-ugnayan sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

MGA PAHAYAG NG PARTIDONG PAMPULITIKA

★ PARTIDONG LUNTIAN ★

Iboboto ng mga tao ang Luntian dahil sinusuportahan ng Mga Luntian ang mga kayang maisakatuparang solusyon sa ating pinakamalalaking hamon mula sa hindi pagkakapantay-pantay hanggang sa pagbabago ng klima. Natutugunan ng mga pagkilos ng Mga Luntian ang kanilang mga pinahahalagahan dahil hindi tumatanggap ang Mga Luntian ng mga kontribusyon mula sa mga korporasyon. Sa California, mahigit 70 Luntian ang inihalal sa katungkulan.

Ang pagboto sa Luntian ay nangangahulugang:

PAGKAMAKATARUNGAN SA EKONOMIYA

- Mga nakakabuhay na sahod, luntiang trabaho, pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan, karapatan ng mga manggagawa, abot-kayang pabahay at kasiguraduhan ng makakain para sa lahat
- Mamumuhunan ang mga pampublikong bangko sa California, hindi sa Wall Street
- Libreng mas mataas na edukasyon
- Pagreporma sa Proposisyon 13 upang maisara ang mga butas sa korporasyon at maibalik ang mga serbisyo sa mga paaralan at publiko
- Pagpapataw ng buwis sa mga sobra ang yaman

PAGKILOS SA KRISIS SA KLIMA

- 100% paglipat sa hindi nauubos na enerhiya sa pamamagitan ng malinis na enerhiyang pag-aari ng publiko at mga programa sa pagkaepisyente
- Paglipat mula sa mga panggatong na fossil papunta sa malinis na de-kuryenteng pampublikong transportasyon
- Pagpapanumbalik ng tubig-bukal at mga himpilan ng tubig
- Pagpapanumbalik ng kagubatan, nakapagpapanumbalik na agrikultura

MGA KARAPATANG PANTAO

- Pagwawakas ng pang-aapi batay sa lahi, kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan o katayuan ng pamumuhay
- Pagtatanggol sa mga imigrante mula sa mga mapanganib na pagsalakay at deportasyon
- Mahalaga ang Mga Buhay ng Itim (Black Lives Matter), pananagutan ng pulisya
- Kontrol/kaligtasan ng baril
- Pag-aalis ng parusang kamatayan, pagwawakas ng mga pribadong kulungan, pagbawas ng mga populasyon sa kulungan

REPORMANG PANGHALALAN

- Pag-aalis ng pera mula sa kumpanya sa pamamagitan ng mga halalan na pinopondohan ng publiko
- Proporsyonal na representasyon, pagboto ayon sa pagkakasunod-sunod ng napili
- Pagpapawalang-bisa ng Dalawang Nangunguna sa primarya

MITHIIN

- Ang pamumuno ng Mga Luntian sa nakaraan ay nagresulta sa mga kamakailang pagtatagumpay kabilang ang pagsasalegal ng kanabis at pagpapasara ng huling planta ng nuklear na enerhiya ng California.

Magparehistro at iboto ang Luntian upang tulungan kami na gumawa nang higit pa.

Partidong Luntian ng California
P.O. Box 485
San Francisco, CA 94104

(916) 448-3437
Email: gpca@cagreens.org
Website: www.cagreens.org

★ PARTIDONG LIBERTARYAN ★

Naninindigan ang Mga Libertaryan para sa isang bagay: Kalayaan.

Naniniwala kami na ang pinakamapayapa, pinakamasagana, pinakamakatarungan at pinakamapagbigay sa mamamayan at pinakaprogresibong lipunan ay ang lipunang nilulutas ang mga problema nito nang walang pagpapairal ng gobyerno. Naniniwala kami na ang mga hinaing ng mamamayan na tulad ng hindi maakses na pangangalagang pangkalusugan, hindi sapat na hustisyang panlipunan, kawalan ng katatagan ng ekonomiya, at pagkakaiba sa lahi ay dahil sa at ipinagpapatuloy ng mga opisyal na mas pinipiling dagdagan ang kanilang kapangyarihan kaysa tunay na lutasin ang mga problema ng mga tao.

Naniniwala kami sa kalayaan—na unang-una sa lahat. Sa loob ng 46 na taon, ang Partidong Libertaryan ang naging mga daan sa pagsulong ng mga isyu na dating radikal tulad ng pagsasalegal ng mariwana, pagpapakasal ng magkapareho ang kasarian, mga karapatan sa baril, pagpili ng paaralan, kumpetisyon sa transportasyon, pagwawakas ng mga sapilitang pinakamababang hatol, pagwawakas ng mga batas sa pagkumpiska ng pag-aari, at pagwawakas ng karapatan ng pamahalaan sa pribadong ari-arian. Tinututulan namin ang mga pakikidigma sa ibang bansa at hinahangad na mapauwi ang ating mga hukbo mula sa ibayong dagat.

Gusto naming wakasan ang pangungurakot na nagnanakaw sa mahihirap, sumisira sa mga matapat na negosyo, at dinudungisan ang edukasyon, pulisya, mga korte, at mga halalan. Naniniwala kami na labis-labis ang pagpapataw ng buwis sa Amerikano upang masuportahan ang isang nabigong sistema na puno ng pagsasayang ng pondo at katiwalian.

Gusto naming mahinto ang pagbibigay ng pera at kapangyarihan sa parehong mga tao na nagsasanhi ng mga problemang kinakaharap natin ngayon.

Panahon na para sa isang malaking pagbabago. Kung pagod na kayo sa pagkasayang ng inyong boto, magpadala ng mensahe—Iboto ang Libertaryan.

Ted Brown, *Tagapangulo*
Partidong Libertaryan ng California
770 L Street, Suite 950
Sacramento, CA 95814

(916) 446-1776
Email: office@ca.lp.org
Website: https://ca.lp.org

★ PARTIDONG KAPAYAPAAN AT KALAYAAN ★

Ang Partidong Kapayapaan at Kalayaan ay isang partido ng manggagawang uri sa isang bansa na pinapatakbo ng at para sa mga mayayaman at kanilang mga korporasyon. Hindi natin dapat isakripisyo ang ating kalusugan, ang ating mga hanapbuhay, at ang ating planeta para sa mga kita ng ating mga amo. Maaari nating patawan ng buwis ang mayayaman, na ang yaman ay pinagpaguran ng mga manggagawa, upang mabayaran ang mga pangangailangan ng lipunan.

Pinapaboran namin ang:

Hustisyang panlipunan at pagkakapantay-pantay: *Libreng pandaigdigang pangangalagang pangkalusugan para sa lahat. *Mga matinong trabaho at mga karapatan sa paggawa para sa lahat. *Libreng edukasyon para sa lahat, mula sa preschool hanggang sa unibersidad. *Pagwawakas ng lahat ng pandidiskrimina. *Mga kumprehensibong serbisyo para sa mga taong may kapansanan. *Pagkakapantay-pantay sa pag-aasawa. *Mga ganap na karapatan para sa mga imigrante.

Reporma sa hustisya: *Pag-aalis ng parusang kamatayan. *Paghinto sa pang-aabuso ng pulis at labis na pagpapahirap sa kulungan.

Kapayapaan: *Pagpapauwi na sa mga hukbo. *Pagwawakas ng mga pagsalakay ng drone.

Kapaligiran: *Pagkontra sa pagbabago ng klima. *Pagpapanumbalik at pagproteka sa kapaligiran.

Pambatasan: *Pagpapawalang-bisa ng batas sa halalan na “nangungunang dalawa” ng California, pagbabalik ng mga pagpili ng botante sa pangkalahatang halalan. * Pagtatatag ng Bangko ng Estado.

Hangga't inuuna ng kapitalismo ang mayayaman, patuloy tayong magdudusa sa digmaan, pagmamalupit ng pulis, mababababang sahod, mga hindi ligtas na lugar sa trabaho, at polusyon. Itinataguyod namin ang sosyalismo, ang pagmamay-ari at demokratikong pagkontrol sa ekonomiya ng mga naghahanapbuhay na tao. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama upang maibalik ang ating mga industriya at mga natural na mapagkukunan, maaari tayong magkaroon ng pag-unlad para sa kabutihan ng lahat.

Magrehistro ng Partidong Kapayapaan at Kalayaan!

Partidong Kapayapaan at Kalayaan
P.O. Box 24764
Oakland, CA 94623

(510) 465-9414
Email: info@peaceandfreedom.org
Website: www.peaceandfreedom.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensya.

MGA PAHAYAG NG LAYUNIN NG PARTIDONG PAMPULITIKA

★ PARTIDONG DEMOKRATIKO ★

Ang Mga Demokratiko ng California ay naninindigan sa pagtatrabaho para sa hinaharap na karapat-dapat sa mga taga-California, habang nilalabanan ang pag-atake sa progreso ng Washington, D.C.

Naniniwala kami na ang bawat tao ay dapat magkaroon ng trabaho na magbibigay-daan sa kanilang masustentuhan ang kanilang mga sarili at pamilya, makatira sa ligtas at abot-kayang pabahay, at magkaroon ng kumprehensibo, pangkalahatan, at natatanging pangangalagang pangkalusugan.

Naniniwala kami sa Kilusan sa Paggawa at mga karapatan sa samasamang pakikipagkasundo, at gusto naming mapalawak ang mga oportunidad sa edukasyon at pangangalaga ng anak para sa mga kabataan ng California.

Naniniwala ang mga Demokratiko na dapat manguna ang California sa paglaban sa umiiral ngayong banta ng Pagbabago ng Klima, at na dapat 100% ipagbawal ang pagbabarena para sa langis sa ating Baybay-dagat. Naniniwala kami na may karapatan ang lahat na makalanghap ng malinis na hangin, makainom ng malinis na tubig at makapaglibang sa malilinis na natural na lugar.

Naniniwala kami sa isang inklusibong lipunan para sa lahat. Lubos naming sinusuportahan ang mga legal na proteksiyon para sa Mga Dreamer, at para sa reporma sa imigrasyon na kumikilala sa ating kasaysayan bilang isang bansa ng mga imigrante. Naniniwala kami na walang sinuman ang dapat makaranas ng pananakot, panggigipit, pananalakay o pandidiskrimina dahil sa lahi, kasarian o pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, kapansanan sa katawan, katayuan sa ekonomiya o relihiyon.

Naniniwala ang Mga Demokratiko ng California sa pagkakaroon ng unawaan, responsibilidad sa pananalapi, progreso at pagiging kabilang. Inaanyayahan namin kayo na makiisa sa aming pagsisikap na buuin ang hinaharap na karapat-dapat sa California.

Eric C. Bauman, RN, *Tagapangulo*
Partidong Demokratiko ng California
1830 9th Street
Sacramento, CA 95811

(916) 442-5707
Website: www.cadem.org
facebook.com/cadems
Twitter: @CA_Dem

★ PARTIDONG REPUBLIKANO ★

Ang Partidong Republikano ng California ay nakatuon sa pakikinig sa lahat ng taga-California. Nagsisikap kaming maibalik ang ating estado bilang namumuno sa pagyabong ng ekonomiya, paggawa ng trabaho at, pinakahigit sa lahat, sa pagiging abot-kaya.

Alam namin na nakakaapekto ang gastos sa pamumuhay sa kakayahan ng mga taga-California na makapagbigay ng magandang buhay para sa kanilang mga pamilya. Gusto naming gawing muli ang California na lupain ng magandang pagkakataon—kung saan makakamit ng lahat ang Pangarap na Magandang Buhay sa Amerika. Ang California ay dapat maging isang estado kung saan nararamdaman ng mga residente na ligtas silang magpatakbo ng kanilang mga negosyo at mataguyod ng kanilang mga pamilya.

Nakikita namin ang isang hinaharap na may magandang oportunidad, kung saan ang pagsisikap ay nagreresulta sa pagkakaroon ng mas maaayos na trabaho at mas mataas na bayad. Nakikinita namin ang isang California kung saan ligtas ang mga komunidad, mayroong mga pinagawang kalsada, malinis ang hangin at sagana ang tubig. Nais ng Mga Republikano na magkaroon ng akses ang bawat bata sa mga epektibong guro na maayos na pinapasahod, para sa isang edukasyong maipagmamalaki sa mundo.

Bukas ang aming pintuan sa inyo at umaasa kaming gagawa kayo ng desisyon ngayon upang protektahan, paunlarin, at muling itaguyod ang estadong ito sa pamamagitan ng paglahok sa Partidong Republikano ng California. Bisitahin kami sa *cagop.org* upang matuto pa.

Jim Brulte, *Tagapangulo ng Estado*
1001 K Street, 4th Floor
Sacramento, CA 95814

(916) 448-9496
Email: info@cagop.org
Website: www.cagop.org

★ PARTIDONG AMERIKANONG INDEPENDIYENTE ★

Ang Partidong Amerikanong Independiyente ay ang partido ng kalayaang may kaayusan sa isang bansang sumusunod sa Diyos.

Naniniwala kami sa mahigpit na pagsunod sa nakasulat na batas.

Naniniwala kami na ang Saligang-Batas ang kontrata ng Amerika sa kanyang sarili. Ang kusang pagbaluktot nito ay humantong sa paglabag ng ating Pangsampung Pag-aamyenda na ginarantiyahang karapatan sa limitadong pamamahala—kung saan hindi naiwasan ang pag-aatas ng mabigat na pagpapataw ng buwis. Ang matapat na pagpapairal nito ang magpapagaan sa pasaning iyon.

Kapag nakalaya mula sa walang sinasantong batas na paniniil ng Progresibong pamahalaan, maaari na nating gamitin ang ating enerhiya at pagkamalikhain nang may pang-unawa at pagkamakatarungan upang maibigay ang pangangailangan natin at ng ating mga pamilya. Magtatatag tayo sa panahong iyon ng tunay na malaya at responsableng pangangalakal at muling ipapahayag ang pangunahing karapatan ng tao sa ari-arian.

Naniniwala kami sa pagprotekta sa buhay ng lahat ng tao gaano man kahina, kawalang laban, o kawalang pag-asa; tinatangkilik namin ang pamilya bilang mahalagang tagapagtanggol ng kalayaan, unawaan, responsibilidad, at industriya; at idinedeklara ang karapatan at responsibilidad ng pamilya upang kalingain, disiplinahin, at turuan ang kanilang mga anak.

Ipinapahayag namin ang ganap at kasabay na Pangalawang Pag-aamyenda na ginarantiyahang karapatan ng indibidwal sa pagtatanggol sa sarili na may matibay na pangkalahatang depensa, isang pangkalahatang depensa na nangangailangan ng pambansang soberanya na hindi napinsala ng mga padalos-dalos na pakikipagkasundo. Tinututulan namin ang lahat ng ilegal na imigrasyon.

Sinusuportahan namin ang mga binabantayang hangganan at mga patakaran sa imigrasyon na nag-aanyaya sa pinakamahuhusay sa mundo na samahan kami sa pagkalaya.

Partidong Amerikanong Independiyente ng California
476 Deodara Street
Vacaville, CA 95688-2637

(707) 359-4884
Email: markyavelli@gmail.com
Website: www.aipca.org

Ang pagkakasunud-sunod ng mga pahayag na ito ay pinagpasyahan sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot. Ang mga pahayag sa pahinang ito ay galing sa mga partidong pampulitika at ang katumpakan ay hindi sinuri ng alinmang opisyal na ahensya.

Tulong para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan

Tingnan ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county

Sa inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng county:

- Ilalarawan dito kung paano makakaboto ang mga taong may mga kapansanan nang pribado at hindi tinutulungan
- Magpapakita rito ng isang simbolo ng wheelchair kung madaling mapupuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan ang inyong lugar ng botohan

Sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagmamarka ng inyong balota, maaari kayong pumili ng hanggang dalawang tao upang tumulong sa inyo. Ang taong ito ay hindi maaaring maging:

- inyong employer o sinumang taong nagtatrabaho para sa inyong employer
- ang lider ng inyong unyon ng paggawa o sinumang nagtatrabaho para sa inyong unyon ng paggawa

Ang *pagboto sa gilid ng daan* ay magbibigay-daan sa inyong iparada ang inyong sasakyan nang malapit sa lugar ng botohan hangga't maaari. Dadalhan kayo ng mga opisyal ng halalan ng isang listahan na dapat ninyong lagdaan, isang balota at iba pang materyal sa pagboto na maaaring kailanganin ninyo, nasa gilid man kayo ng daan o nasa nakaparadang sasakyan

Makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county upang malaman kung maaaring bumoto sa gilid ng daan sa inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto.

Lahat ng sentro ng pagboto ay dapat na madaling mapuntahan ng mga botanteng may mga kapansanan at magkakaroon dito ng mga madaling magamit na aparato sa pagboto. Ang magagamit sa malayo na pagboto sa pamamagitan ng koreo (RAVBM) ay nagbibigay ng madaling opsyon para sa mga botanteng may mga kapansanan na matanggap ang kanilang mga balota sa tahanan at mamarkahan ang mga ito nang hindi sila tinutulungan at nang pribado, bago ipadala ang mga ito pabalik sa mga opisyal ng halalan.

Ang mga **sentro ng pagboto** ay magagamit ng mga botanteng nakatira sa county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento. Tingnan ang pahina 33 para sa higit pang impormasyon sa Batas sa Pagpili ng Botante at mga sentro ng pagboto.

Mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nasa format na audio at may malaking titik

Libreng makakakuha ng patnubay na ito sa English, Chinese, Hindi, Japanese, Khmer, Korean, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

Upang humiling:

Tumawag sa walang bayad na hotline para sa botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957

Bisitahin ang *www.sos.ca.gov*

Mag-download ng audio na MP3 ang bersyon sa *voterguide.sos.ca.gov/audio/tl*

Mga Tip para sa Mga Botanteng Miyembro ng Militar at Nasa Ibang Bansa

Mas madali na kaysa sa dati ang pakikibahagi sa mga halalan ng mga taga-California na naglilingkod sa militar o naninirahan sa labas ng Estados Unidos. Nagsisimula ito kapag nagparehistro kayo upang bumoto bilang isang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa at nakatanggap ng mga materyal ng halalan sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.

- **Magsimula nang maaga.** Ang mga opisyal ng halalan sa county ng California ay nagsisimulang magpadala ng mga balota sa mga botanteng miyembro ng militar at nasa ibang bansa 60 araw bago ang Araw ng Halalan. Maagang magsagot ng aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante sa *RegisterToVote.ca.gov* upang matiyak na matatanggap ninyo sa oras ang inyong mga materyal sa pagboto.
- **Alamin ang inyong mga opsyon.** Kapag nagpaparehistro upang bumoto bilang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa, maaari ninyong piliing matanggap ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, fax, o email. Maaari ninyong ibalik ang inyong namarkahang balota sa opisyal ng halalan sa inyong county sa pamamagitan ng koreo o, sa ilang partikular na pagkakataon, sa pamamagitan ng fax. Kung nakatutugon kayo sa mga kinakailangan upang makapagbalik ng inyong balota sa pamamagitan ng fax, dapat din ninyong ipadala sa fax ang form ng Panunumpa ng Botante (makukuha mula sa opisyal ng halalan sa inyong county) na nagsasantabi ng inyong karapatan sa kumpidensyal na balota.
- **Manatiling bukas sa pakikipag-ugnayan.** Kapag nagparehistro kayo bilang botanteng miyembro ng militar o nasa ibang bansa, patuloy kayong makakatanggap ng balota at mga materyal sa halalan mula sa opisyal ng halalan sa inyong county bago ang bawat halalan. Hinihikayat namin kayong isapanahon ang inyong pagpaparehistro sa bawat taon, kung kinakailangan; gayunpaman, *dapat* kayong magparehistro muli upang bumoto kung nagbago kayo ng inyong address, ng inyong pangalan, o ng inyong kinakatigang partidong pampulitika, o kung hindi kayo lumahok sa apat na magkakasunod na pangkalahatang halalan sa buong estado. Bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/* para sa higit pang tagapagdulot ng halalan na espesyal na idinisenyo para sa inyo.

Mga petsang dapat tandaan:

Mayo 21: huling araw upang magparehistro para sa pagboto at humiling ng inyong balota

Mayo 29: huling araw upang isapanahon o palitan kung paano ninyo gustong matanggap ang inyong balota

Hunyo 5: Araw ng Halalan. Ang mga balota para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat maselyuhan sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap ng opisina ng halalan sa inyong county nang hindi lalampas sa Hunyo 8. Ang mga balotang ipinadala sa fax ay dapat maihatid sa opisina ng halalan sa inyong county bago ang o sa pagsasara ng mga botohan, na hindi lalampas sa 8:00 p.m. Pasipikong Pamantayang Oras, sa Araw ng Halalan.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Kalihim ng Estado ng California

(800) 339-2957

www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/military-overseas-voters/

Programa ng Tulong sa Pagboto ng Pederal na Pamahalaan

(800) 438-VOTE (8683)

www.fvap.gov

Kumita at gumawa ng pagbabago—Maglingkod bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Halalan!

Magkaroon ng aktwal na karanasan at makibahagi sa nag-iisang pinakamahalagang araw sa ating demokrasya—ang Araw ng Halalan!

Sino ang maaaring maging manggagawa sa botohan?

Upang makapaglingkod bilang manggagawa sa botohan, ikaw ay dapat na:

- ✓ Mamamayan ng U.S. o permanenteng residente ayon sa batas; o
- ✓ Isang kwalipikadong estudyante ng mataas na paaralan

Ano ang ginagawa ng isang manggagawa sa botohan?

- ✓ Nag-aayos at nagsasara ng lugar ng botohan
- ✓ Tinutulungan ang mga botanteng maunawaan ang kanilang mga karapatan
- ✓ Pinoprotektahan ang mga balota at kagamitan sa pagboto

Bakit dapat maging isang manggagawa sa botohan?

- ✓ Nakikibahagi at tumutulong sa mga botante
- ✓ Nag-aambag sa inyong komunidad at nakikilala ang inyong mga kapitbahay
- ✓ Nagkakaroon ng dagdag na kita (magkakaiba ang halaga ayon sa county)

Mga Manggagawa sa Botohan na Estudyante ng Mataas na Paaralan

Upang maglingkod bilang manggagawa sa botohan na estudyante sa mataas na paaralan, ang isang estudyante ay dapat na:

- ✓ Mamamayan ng U.S. o permanenteng residente ayon sa batas; o
- ✓ May edad na 16 na taon pataas sa Araw na Halalan
- ✓ Pumapasok sa isang pampubliko o pribadong mataas na paaralan
- ✓ Mayroong hindi bababa sa 2.5 na grade point average
- ✓ Pinahintulutan ng inyong mga magulang at paaralan
- ✓ Dumadalo sa sesyon ng pagsasanay

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan, makipag-ugnayan sa opisina ng halalan sa inyong county (tingnan ang pahina 84 ng patnubay na ito) o tumawag sa Kalihim ng Estado ng California sa (800) 339-2957, o bumisita sa *www.sos.ca.gov.*

Tingnan Online ang Inyong Katayuan Bilang Botante

Bisitahin ang pahina na Aking Katayuan Bilang Botante ng Kalihim ng Estado sa *VoterStatus.sos.ca.gov*, kung saan maaari ninyong tingnan ang inyong katayuan bilang botante, hanapin ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, at marami pang iba.

Gamitin ang **Aking Katayuan Bilang Botante** upang:

- Tingnan kung nakarehistro kayo upang bumoto at kung ganoon nga, sa anong county
- Tingnan ang inyong kinakatigang partidong pampulitika
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan
- Maghanap ng sentro ng pagboto (para sa mga botanteng nakatira sa county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento)
- Alamin ang mga nalalapit na halalan sa inyong lugar
- Matanggap ang inyong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante (VIG) sa pamamagitan ng email bago ang bawat halalan sa buong estado (tingan sa ibaba ang higit pang impormasyon sa paghiling na hindi mapadalhan ng VIG)
- Alamin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa inyong opisina ng halalan sa county
- Tingnan ang katayuan ng inyong pagboto sa pamamagitan ng koreo o pansamantalang balota

Upang matingnan ang inyong katayuan bilang botante, kakailanganin ninyo ang ilang personal na impormasyon tulad ng pangalan, apelyido, lisensiya sa pagmamaneho sa California o numero ng kard ng pagkakakilanlan, numero ng seguridad sosyal (huling 4 na numero), at petsa ng kapanganakan.

Maaari ninyong gamitin ang tool sa Aking Katayuan Bilang Botante upang hilinging hindi mapadalhan ng VIG ng estado. Gayunpaman, kung may isa pang rehistradong botante sa inyong sambahayan na humihiling na makatanggap nito sa pamamagitan ng koreo, magpapadala pa rin ng VIG ng estado sa inyong address sa pamamagitan ng koreo. Kung hiniling ninyong huwag mapadalhan at hindi kayo nakatanggap ng VIG ng estado sa pamamagitan ng koreo, makikita pa rin ang impormasyon ng mga kandidato sa buong estado at panukalang-batas ukol sa balota sa website ng VIG na *(http://voterguide.sos.ca.gov/)* bago ang bawat halalan sa buong estado.

Pumunta sa *VoterStatus.sos.ca.gov* upang makapagsimula.

Paunang magparehistro sa edad na labing-anim. Bumoto sa edad na labingwalo.

Magagamit na ngayon ang Paunang Pagpaparehistro Online para sa mga kwalipikadong 16 at 17 taong gulang sa RegisterToVote.ca.gov o sa pamamagitan ng papel na form ng pagpaparehistro ng botante. Magiging aktibo ang pagpaparehistro ng mga kabataan sa California na paunang nagparehisto upang bumoto kapag tumungtong na sila sa edad na 18.

Paunang magparehistro sa 4 na madaling hakbang:

1. Bumisita sa *www.RegisterToVote.ca.gov*
2. I-click ang button na “Paunang Magparehistro upang Bumoto”
3. Awtomatikong marehistro sa inyong ika-18 kaarawan
4. Ipatala ang inyong balota sa Araw ng Halalan!

Ano ang Paunang Pagpaparehistro?

Kung kayo ay 16 o 17 taong gulang at nakakatugon sa lahat ng iba pang kinakailangan sa pagiging kwalipikado na botante, maaari kayong Paunang Magparehistro upang bumoto sa *RegisterToVote.ca.gov.*

Kumpletuhin lang ang online na aplikasyon sa Paunang Pagpaparehistro at pagdating ng inyong ika-18 kaarawan, awtomatiko kayong mararehistro upang bumoto.



Impormasyon Ukol sa Araw ng Halalan

Bukas ang mga lugar ng botohan at sentro ng pagboto mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Martes, Hunyo 5. Kung nakapila kayo bago ang 8:00 p.m., makakaboto pa rin kayo. Nakatira ba kayo sa county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, o Sacramento? Bisitahin ang pahina 33 para sa karagdagang impormasyon sa mga sentro ng pagboto at mga paraan na makakaboto kayo sa mga county na ito.

5 paraan upang mahanap ang inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto:

Tingnan ang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng inyong county na ipinadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo ng opisyal ng halalan sa inyong county

Tumawag sa (800) 339-2957

Pumunta online sa *www.sos.ca.gov/elections/polling-place* o *voterstatus.sos.ca.gov*

I-text ang *Vote* sa GOVOTE (468683)

Sa “Vote California” na mobile app (makukuha sa iOS o Android store)

Kalilipat lang?

Kung lumipat kayo sa inyong bagong address pagkaraan ng **Mayo 21,** at hindi nagparehistrong muli, maaari kayong bumoto sa inyong dating lugar ng botohan. O kaya, maaari kayong magparehistro “nang may kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan o sentro ng pagboto sa inyong county makalipas ang Mayo 21, 2018, ang huling araw para sa pagpaparehistro ng botante.
Bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/*.

May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Nakalimutan ba ninyong magparehistro? Walang problema! Alam niyo ba na sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng inyong opisyal ng halalan o sentro ng pagboto sa county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto? Ang prosesong ito ay tinatawag na May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante (CVR). Ganito ito ginagawa:

1. Bisitahin ang opisina ng halalan sa inyong county o sentro ng pagboto (makikita ang kumpletong listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng county dito: *http://www.sos.ca.gov/elections/voting-resources/county-elections-offices/)*
2. Kumpletuhin ang kard sa pagpaparehistro ng botante o magparehistro online sa *RegisterToVote.ca.gov*
3. Ipatala ang inyong pansamantalang balota ng CVR sa opisina ng halalan sa inyong county o sa sentro ng pagboto

Kapag naisagawa na ng opisyal ng halalan sa county ang pagproseso sa apidabit ng pagpaparehistro, ang pagtukoy kung kwalipikado kayong magparehistro, at ang pagpapatunay ng inyong impormasyon, magiging permanente ang pagpaparehistro at mabibilang ang iyong pansamantalang balota ng CVR.

Upang matuto pa, bumisita sa *http://www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/*

Ang mga sentro ng pagboto ay magagamit ng mga botanteng nakatira sa county ng Madera, Napa, Nevada, San Mateo, at Sacramento. Bisitahin ang *VotersChoice.sos.ca.gov* o tingnan ang pahina 33 para sa higit pang impormasyon sa Batas sa Pagpili ng Botante at mga sentro ng pagboto.

Pagpaparehistro ng Botante

Kung nakarehistro na kayo upang bumoto, hindi na ninyo kailangang magparehistrong muli ***maliban*** kung magpapalit kayo ng inyong pangalan, address ng tirahan, address na pangkoreo, o kung gusto ninyong magpalit o pumili ng partidong pampulitika.

Maaari kayong magparehistro upang bumoto online sa *RegisterToVote.ca.gov*, o tumawag sa *libreng* Hotline ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957 upang mapadalhan kayo ng form.

Makakakuha ng mga form sa pagpaparehistro ng botante sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, aklatan, opisina ng pamahalaan ng lungsod at county, opisina ng halalan sa county, at sa Opisina ngKalihim ng Estado ng California.

May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante

Sa loob ng 14 na araw bago ang Araw ng Halalan at pati sa Araw ng Halalan, maaari kayong pumunta sa opisina ng opisyal ng halalan o sa sentro ng pagboto sa inyong county upang magparehistro nang may kondisyon para makaboto, at saka bumoto Upang matuto pa, bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/voter-registration/conditional-voter-reg/.*

Impormasyon Ukol sa Pagiging Pribado ng Pagpaparehistro ng Botante

Programang Ligtas sa Tahanan na Kumpidensyal na Pagpaparehistro ng Botante: Ang ilang botante na nasa mga sitwasyong may banta sa kanilang buhay (ibig sabihin ay karahasan sa tahanan, mga biktima ng mga panunubaybay) ay maaaring maging kwalipikado na maging isang kumpidensyal na botante. Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa walang-bayad na programang Ligtas sa Tahanan sa (877) 322-5227 o bumisita sa *www.sos.ca.gov/registries/safe-home/.*

Pagiging Pribado ng Impormasyon ng Botante: Ang impormasyon sa inyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal ng halalan upang magpadala sa inyo ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, gaya ng inyong lugar ng botohan, at ng mga isyu at kandidatong makikita sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at itinuturing na maliit na pagkakasala. Maaaring ibigay ang impormasyon ng botante sa isang kumakandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukalang-batas ukol sa balota, o ibang tao para sa mga layuning nauugnay sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, alinsunod sa mapagpapasyahan ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya sa pagmamaneho at seguridad sosyal, o ang inyong lagda sa kard ng pagpaparehistro ng botante, ay hindi maaaring ibigay para sa mga layuning ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung gusto ninyong mag-ulat ng pinaghihinalaang maling paggamit ng naturang impormasyon, pakitawagan ang Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Pansamantalang Pagboto

Kung hindi nakasulat ang inyong pangalan sa listahan ng botante sa inyong lugar ng botohan o sentro ng pagboto, may karapatan kayong bumoto sa isang pansamantalang balota.

Ano ang isang pansamantalang balota?

Ang pansamantalang balota ay isang regular na balotang inilalagay sa isang espesyal na sobre bago ilagay sa kahon ng balota.

Sino ang nagpapatala ng isang pansamantalang balota?

Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang ipinapatala ng mga botante na naniniwalang nakarehistro sila upang bumoto kahit na hindi nakasulat ang kanilang mga pangalan sa opisyal na listahan ng botante sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto.

Maaaring kailanganin ng mga bumoboto sa pamamagitan ng koreo na magpatala ng mga pansamantalang balota kung gusto ng botanteng bumoto nang personal sa lugar ng botohan o sentro ng pagboto, ngunit hindi nila natanggap ang kanilang balota o wala sa kanila ang balota nila.

Bibilangin ba ang aking pansamantalang balota?

Bibilangin ang inyong pansamantalang balota kapag nakumpirma na ng mga opisyal ng halalan na nakarehistro kayo upang bumoto sa county na iyon at hindi pa kayo nakakaboto sa halalang iyon.

Maaari kayong bumoto sa isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan o sentro ng pagboto sa county kung saan kayo nakarehistro upang bumoto, gayunpaman, ang mga pinaglalabanang halalan lang kung saan kayo kwalipikadong bumoto ang bibilangin.

Paano niyo malalaman ang katayuan ng inyong pansamantalang balota?

Maaari niyong tingnan ang katayuan ng inyong pansamantalang balota sa *voterstatus.sos.ca.gov*

Bilang alternatibo, ang bawat botanteng magpapatala ng pansamantalang balota ay may karapatang malaman mula sa opisyal ng halalan sa kanyang county kung binilang ang kanyang balota, at kung hindi, ang dahilan kung bakit hindi ito binilang.

Bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections/ballot-status/* para sa listahan ng mga contact sa county at impormasyon tungkol sa kung paano malalaman ang katayuan ng inyong pansamantalang balota.

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

HUWAG KALIMUTANG BUMOTO!

Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan!

MAYO

S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

Mayo 7, 2018

Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Mayo 21, 2018

Huling araw upang magparehisto para makaboto. Maaari kayong magparehistro “Nang May Kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Mayo 29, 2018

Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

HUNYO

S	M	T	W	T	F	S
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

Hunyo 5, 2018

Araw ng Halalan!

California Secretary of State
Elections Division
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S.
POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY
OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service

DIREKTANG PRIMARYANG HALALAN SA BUONG ESTADO

NG CALIFORNIA

Tingnan online ang inyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante sa *voterstatus.sos.ca.gov*

OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Martes, Hunyo 5, 2018
Huwag Kalimutang Bumoto!
Bukas ang mga lugar ng botohan mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.

Mayo 7
Unang araw upang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Mayo 21*
Huling araw upang magparehisto para makaboto.

Mayo 29
Huling araw na tatanggapin ng mga opisyal ng halalan sa county ang anumang aplikasyon ng botante para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Para sa karagdagang mga kopya ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante na nasa alinman sa sumusunod na wika, pakitawagan ang:

English: (800) 345-VOTE (8683)
TDD: (800) 833-8683
Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)
中文**/Chinese:** (800) 339-2857
हिन्दी**/Hindi:** (888) 345-2692
日本語**/Japanese:** (800) 339-2865
ខ្មែរ**/Khmer:** (888) 345-4917
한국어**/Korean:** (866) 575-1558
Tagalog: (800) 339-2957
ภาษาไทย**/Thai:** (855) 345-3933
Việt ngữ**/Vietnamese:** (800) 339-8163

I-text ang *Bumoto* sa GOVOTE (468683) upang alamin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan.

* Maaari pa rin kayong magparehistro “nang may kondisyon” at bumoto sa opisina ng halalan sa inyong county makalipas ang 15 araw na huling araw sa pagpaparehistro ng botante.

Sa pagsisikap na mabawasan ang mga gastos sa halalan, pinahintulutan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lang ng isang patnubay sa pamamagitan ng koreo sa mga address kung saan may nakatirang mahigit sa isang botanteng may parehong apelyido. Maaari kayong humingi ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng halalan sa inyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957.

OSP 18 144602

TAGALOG